Balangkas ng mga Mensahe
para sa International Thanksgiving Blending Conference
Nobyembre 26-29, 2026

PANGKALAHATANG PAKSA:
ANG NANANAIG NA BUHAY
NA INILALARAWAN SA AWIT NG MGA AWIT

Mensahe Isa

Ang Unang Yugto ng Awit ng mga Awit—
Naakit upang Habulin si Kristo para sa Kasiyahan

Babasahin sa Kasulatan: A. A. 1:1—2:7; Juan 14:21, 23; 21:15-17

A. A. 1:1-17—Ang awit ng mga awit na kay Solomon. 2Hagkan niya sana ako ng mga halik ng
kanyang bibig! / Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig, 3Ang iyong mga langis na
pambuhos ay mabango; / langis na ibinuhos ang pangalan mo; / kaya't ang mga dalaga'y umiibig
sa iyo. 4Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo. / Dinala ako ng hari sa mga silid niya. / Kami ay
matutuwa at sa iyo'y magsasaya. / Aming itataas ng higit kaysa alak ang pag-ibig mo, / matuwid
ang pag-ibig nila sa iyo. 5Ako'y maitim, ngunit kahali-halina, / O kayong mga anak na babae ng
Jerusalem, / gaya ng mga tolda sa Kedar, / gaya ng mga tabing ni Solomon. 6Huwag ninyo akong
masdan dahil sa ako'y maitim, / sapagkat sinunog ako ng araw. / Ang mga anak ng aking ina ay
galit sa akin, / ginawa nila akong tagapangalaga ng mga ubasan; / *ngunit* ang sarili kong ubasan
ay hindi ko nabantayan. 7Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, / saan ka
nagpapastol ng *iyong kawan*, / saan mo pinahihiga sa katanghalian; / sapagkat bakit ako'y
magiging gaya ng nalalambungan, / sa tabi ng mga kawan ng iyong mga kasamahan? 8Kung hindi
mo nalalaman, / O ikaw na pinakamaganda sa mga babae, / sumunod ka sa mga landas ng kawan,
/ at ipastol mo ang mga anak ng kambing / sa tabi ng mga tolda ng mga pastol. 9Aking itinutulad
ka, O aking sinta, / sa isang kabayo sa mga karwahe ni Faraon. 10Pinagaganda ng mga pahiyas ang
iyong mga pisngi, / ang iyong leeg ng mga kuwintas na palamuti. 11Igagawa ka namin ng mga
gintong kuwintas, / na may mga pilak na pahiyas. 12Samantalang ang hari ay nasa kanyang hapag,
/ ang aking nardo ay nagsasabog ng kanyang kabanguhan. 13Ang aking mahal ay gaya ng supot ng
mira para sa akin, / na humihilig sa pagitan ng aking dibdib. 14Ang aking sinta para sa akin ay
kumpol na bulaklak ng hena / sa mga ubasan ng En-gedi. 15O napakaganda mo, aking sinta, /
totoong, ikaw ay maganda; / mga kalapati ang iyong mga mata. 16O napakaganda mo, aking sinta,
/ kaakit-akit na tunay, ang ating higaan ay luntian. 17Ang mga biga ng ating bahay ay mga sedro, /
ang kanyang mga bubong ay mga sipres.

A. A. 2:1-7—Ako'y rosas ng Sharon, / isang liryo ng mga libis. 2Kung ano ang liryo sa gitna ng mga
tinikan, / gayon ang aking pag-ibig sa gitna ng mga kadalagahan. 3Kung ano ang puno ng
mansanas sa gitna ng mga punungkahoy sa kagubatan, / gayon ang aking sinta sa gitna ng mga
kabinataan. / Ako'y naupo sa ilalim ng kanyang anino na may malaking pagsasaya, / at ang
kanyang bunga ay matamis sa aking panlasa. 4Dinala niya ako sa bahay na may handaan, / at ang
watawat niya sa akin ay pagmamahal. 5Bigyan ninyo ako ng mga pasas, / aliwin ninyo ako ng mga
mansanas; / sapagkat ako'y may sakit na pagsinta. 6Ang kanyang kaliwang kamay sana ay nasa
ilalim ng aking ulo, / at ang kanyang kanang kamay ay niyayakap ako! 7O mga anak na babae ng
Jerusalem, kayo'y aking pinagbibilinan, / alang-alang sa mga usang lalaki at babae sa kaparangan,
/ na huwag ninyong pukawin, o gisingin man ang pagmamahal, / hanggang sa kanyang maibigan.

Juan 14:21—Siya na nagtataglay ng Aking mga utos at tumutupad sa mga iyon, siya ang umiibig sa Akin; at siya na umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya ay iibigin Ko at ihahayag Ko ang Aking sarili sa kanya.
Juan 14:23—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.
Juan 21:15-17—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

I. **"Ang Awit ng mga Awit, na kay Solomon" ay isang paglalarawan ng espiritwal na kasaysayan ng mangingibig ni Kristo sa patulang mga pahayag, mga salita, at mga parirala; isa itong kamangha-mangha at malinaw na larawan sa patulang anyo ng pamumuhay ng isang naghahanap kay Kristo, inihahayag ang sumusulong na karanasan ng mapagmahal na salamuha kay Kristo ng isang indibidwal na mananampalataya para sa paghahanda ng Kanyang kasintahang babae—A. A. 1:1; Apoc. 19:7; cf. 1 Hari 4:32:**

A. A. 1:1—Ang awit ng mga awit na kay Solomon.
Apoc. 19:7—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.
cf. 1 Hari 4:32—Nagsalita rin siya ng tatlong libong kawikaan; at ang kanyang mga awit ay isang libo at lima.

A. Ang Awit ng mga Awit ay kabaligtaran ng Eclesiastes, na nagpapakita na ang lahat ng positibo at negatibong karanasan "sa ilalim ng araw" ay "walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan"—1:2-3.
Ecl. 1:2-3—Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng Mangangaral; / walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan! / Lahat ay walang kabuluhan. 3Anong pakinabang mayroon ang tao sa lahat ng kanyang pagpapagal, / na kanyang pinagpapaguran sa ilalim ng araw?
B. Binibigyang-diin ng Awit ng mga Awit na si Kristo ay ang awit ng mga awit, ang kasiyahan ng mga kasiyahan sa pantaong buhay, na laban sa walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan ng lahat ng bagay "sa ilalim ng araw."
C. Gaano man kabuti, kaekselente, kamangha-mangha, at kahanga-hanga ang isang bagay, hangga't ito ay sa lumang nilikha, ito ay bahagi ng walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan "sa ilalim ng araw" at "isang paghahabol sa hangin" (Ecl. 1:14); ang kongklusyon ni Solomon sa Eclesiastes ay yaong ang kinasasaklawan ng pantaong buhay ay tulad ng isang awit ng pagluluksa sa natisod na tao na ang katapusan ay pagdurusa.
Ecl. 1:14—Aking nakita ang lahat ng ginawa sa ilalim ng araw; at tingnan mo, lahat ay walang kabuluhan at pakikipaghabulan sa hangin.

D. Tanging ang bagong nilikha, na nasa kalangitan at wala "sa ilalim ng araw," ang hindi walang kabuluhan kundi realidad; "ang bagong nilikha ang mahalaga"—Gal. 6:15.
Gal. 6:15—Sapagkat ang pagtutuli ay walang anuman ni ang di-pagtutuli man, kundi ang bagong nilikha *ang mahalaga*.
1. Ang lumang nilikha ay walang dibinong buhay at kalikasan, ngunit ang bagong nilikha, na binubuo ng mga mananampalataya, na ipinanganak na muli ng Diyos, ay mayroon—2 Cor. 5:17; Juan 3:15; 2 Ped. 1:4.
2 Cor. 5:17—Kaya't kung ang sinuman ay na kay Kristo, *siya ay* isang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas na; narito, ang mga ito ay naging bago.
Juan 3:15—Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.
2 Ped. 1:4—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.
2. Kaya, inaatasan tayo ni Pablo na "hanapin…ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Kristo, na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos" (Col. 3:1) at "ituon ninyo ang inyong kaisipan sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa lupa" (b. 2).
Col. 3:1—Kaya't kung ibinangon kayong kalakip ni Kristo, hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Kristo, na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos.
Col. 3:2—Ituon ninyo ang inyong kaisipan sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa lupa.

E. Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan at binuo sa loob niya ang isang espiritu upang matanggap at maging nilalaman Siya ng tao (Gen. 1:26; 2:7); dagdag pa rito, sinasabi sa atin ng Eclesiastes na inilagay ng Diyos ang "kawalang-hanggan" sa puso ng tao, na siyang "isang pandama hinggil sa isang layunin na itinanim sa dibinong paraan na gumagawa sa mga kapanahunan na walang anuman sa ilalim ng araw kundi ang Diyos lamang ang makapagbibigay-kasiyahan" (3:11—Amplified Bible):
Gen. 1:26—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."
Gen. 2:7—At nilalang [ni Jehovah na Diyos] ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa.
Ecl. 3:11—Ginawa niya ang bawat bagay na maganda sa kapanahunan niyon; inilagay rin niya ang walang hanggan sa isipan ng tao, gayunma'y hindi niya malalaman ang ginawa ng Diyos mula sa pasimula hanggang sa wakas.
1. Ayon sa ating sariling karanasan, alam natin na sa tuwing mayroon tayong tagumpay sa ating pantaong buhay, ay nakadarama tayo ng kahungkagan sa loob natin; ipinahihiwatig nito na sa loob ng tao ay may paghahangad para sa mga bagay na walang hanggan.
2. Inilagay ng Diyos ang gayong paghahangad, ang gayong paghahanap, sa puso ng tao upang hanapin ng tao ang Diyos—cf. Gawa 17:26-27.
cf. Gawa 17:26-27—At ginawa Niya mula sa isa ang bawat bansa ng mga tao upang manirahan sa ibabaw ng lupa, itinatakda noong una pa ang *kanilang* mga itinalagang

panahon at ang mga hangganan ng kanilang tinitirhan, [27]Upang hanapin nila ang Diyos, baka sakaling Siya ay maapuhap nila at masumpungan *Siya*, bagama't hindi Siya malayo sa bawat isa sa atin.

3. Ang lahat ng pagtatamasa sa anumang tagumpay sa pantaong buhay ay magwawakas; may "huling araw" sa lahat ng uri ng materyal na bagay sa pisikal na buhay—Juan 7:37.

   Juan 7:37—Nang huling araw nga, ang dakilang *araw* ng kapistahan, tumayo si Hesus at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin at uminom.

4. Ang mga bagay na pansamantala ay di-kailanman makapagbibigay-kasiyahan sa tao; tanging ang walang hanggang Diyos, na siyang si Kristo bilang awit ng mga awit, ang makapagbibigay-kasiyahan sa malalim na pandama hinggil sa layunin sa puso ng tao—2 Cor. 4:18.

   2 Cor. 4:18—Sapagkat hindi namin isinasaalang-alang ang mga bagay na nakikita kundi ang mga bagay na hindi nakikita; sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.

II. Ang lahat ng espiritwal na prinsipyo sa ating paghahabol kay Kristo ay nakapaloob sa unang yugto ng nananaig na buhay ng naghahanap sa Awit ng mga Awit; ang mga aralin na sumusunod ay hindi bago; sa halip, ang mga ito ay mga lumang aralin na inulit sa mas malalim na paraan—1:2—2:7:

A. A. 1:2—17—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! / Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig, [3]Ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; / langis na ibinuhos ang pangalan mo; / kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa iyo. [4]Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo. / Dinala ako ng hari sa mga silid niya. / Kami ay matutuwa at sa iyo'y magsasaya. / Aming itataas ng higit kaysa alak ang pag-ibig mo, / matuwid ang pag-ibig nila sa iyo. [5]Ako'y maitim, ngunit kahali-halina, / O kayong mga anak na babae ng Jerusalem, / gaya ng mga tolda sa Kedar,/ gaya ng mga tabing ni Solomon. [6]Huwag ninyo akong masdan dahil sa ako'y maitim, / sapagkat sinunog ako ng araw. / Ang mga anak ng aking ina ay galit sa akin, / ginawa nila akong tagapangalaga ng mga ubasan; / ngunit ang sarili kong ubasan ay hindi ko nabantayan. [7]Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, / saan ka nagpapastol ng iyong kawan, / saan mo pinahihiga sa katanghalian; / sapagkat bakit ako'y magiging gaya ng nalalambungan, / sa tabi ng mga kawan ng iyong mga kasamahan? [8]Kung hindi mo nalalaman, / O ikaw na pinakamaganda sa mga babae, / sumunod ka sa mga landas ng kawan, / at ipastol mo ang mga anak ng kambing / sa tabi ng mga tolda ng mga pastol. [9]Aking itinutulad ka, O aking sinta, / sa isang kabayo sa mga karwahe ni Faraon. [10]Pinagaganda ng mga pahiyas ang iyong mga pisngi, / ang iyong leeg ng mga kuwintas na palamuti. [11]Igagawa ka namin ng mga gintong kuwintas, / na may mga pilak na pahiyas. [12]Samantalang ang hari ay nasa kanyang hapag, / ang aking nardo ay nagsasabog ng kanyang kabanguhan. [13]Ang aking mahal ay gaya ng supot ng mira para sa akin, / na humihilig sa pagitan ng aking dibdib. [14]Ang aking sinta para sa akin ay kumpol na bulaklak ng hena / sa mga ubasan ng En-gedi. [15]O napakaganda mo, aking sinta, / totoong, ikaw ay maganda; / mga kalapati ang iyong mga mata. [16]O napakaganda mo, aking sinta, / kaakit-akit na tunay, ang ating higaan ay luntian. [17]Ang mga biga ng ating bahay ay mga sedro, / ang kanyang mga bubong ay mga sipres.

A. A. 2:1-7—Ako'y rosas ng Sharon, / isang liryo ng mga libis. 2Kung ano ang liryo sa gitna ng mga tinikan, / gayon ang aking pag-ibig sa gitna ng mga kadalagahan. 3Kung ano ang puno ng mansanas sa gitna ng mga punungkahoy sa kagubatan, / gayon ang aking sinta sa gitna ng mga kabinataan. / Ako'y naupo sa ilalim ng kanyang anino na may malaking pagsasaya, / at ang kanyang bunga ay matamis sa aking panlasa. 4Dinala niya ako sa bahay na may handaan, / at ang watawat niya sa akin ay pagmamahal. 5Bigyan ninyo ako ng mga pasas, / aliwin ninyo ako ng mga mansanas; / sapagkat ako'y may sakit na pagsinta. 6Ang kanyang kaliwang kamay sana ay nasa ilalim ng aking ulo, / at ang kanyang kanang kamay ay niyayakap ako! 7O mga anak na babae ng Jerusalem, kayo'y aking pinagbibilinan, / alang-alang sa mga usang lalaki at babae sa kaparangan, / na huwag ninyong pukawin, o gisingin man ang pagmamahal,/ hanggang sa kanyang maibigan.

A. Dinadala ng pagsisilang na muli ang *gene* ng Diyos sa loob natin; lahat ng karanasan sa ating buong buhay-Kristiyano ay nasa *gene* na ito—1 Juan 3:9; Marc. 4:26.

1 Juan 3:9—Ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi gumagawa ng kasalanan, sapagkat ang Kanyang binhi ay nananahan sa kanya; at hindi siya maaaring magkasala, sapagkat ipinanganak siya ng Diyos.

Marc. 4:26—At sinabi Niya, Ganyan ang kaharian ng Diyos: parang isang taong naghahasik ng binhi sa lupa.

B. Sa prinsipyo, ang lahat ng espiritwal na matataas na punto sa Awit ng mga Awit ay atin na sapagkat ang mga ito ay nasa *gene* ng Diyos, ang binhi ng Diyos, ang buhay ng Diyos, na naipamahagi na tungo sa loob natin at lalago sa loob natin—Roma 8:10; Col. 2:19.

Roma 8:10—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

Col. 2:19—At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

III. Ang buhay ay isang persona, si Kristo Mismo, at walang ibang paraan upang tamasahin ang personang ito kundi sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kanya—Marc. 12:30; 1 Cor. 2:9:

Marc. 12:30—At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pag-iisip mo at mula sa buong lakas mo.

1 Cor. 2:9—Subalit gaya ng nasusulat, "Ang mga bagay na hindi nakikita ng mata at hindi naririnig ng tainga at *yaong* hindi pumapasok sa puso ng tao; mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya."

A. Kung iniibig natin ang Panginoon sa sukdulan, tinatamasa Siya bilang puno ng buhay sa buong maghapon, kaagad na nagiging paraiso sa atin ang ekklesia, anuman ang kalagayan nito—Apoc. 2:4, 7; 2 Cor. 12:4 at talababa 1; Luc. 23:42-43.

Apoc. 2:4—Ngunit mayroon Akong *isang bagay* na laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig.

Apoc. 2:7—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

2 Cor 12:4—Na siya ay inagaw tungo sa Paraiso at nakarinig ng mga salitang di-masambit, na hindi pinapayagang salitain ng tao.

talababa 1—Ang kaaya-ayang seksiyon ng Hades, kung saan naroroon ang mga espiritu ni Abraham at lahat ng matuwid, hinihintay ang pagkabuhay na muli (Luc. 16:22-23, 25-26), at kung saan nagtungo ang Panginoong Hesus pagkatapos ng Kanyang kamatayan at

nanatili hanggang sa Kanyang pagkabuhay na muli (Luc. 23:43; Gawa 2:24, 27, 31; Efe. 4:9; Mat. 12:40). Ang Paraisong ito ay naiiba sa Paraiso sa Apoc. 2:7, na magiging ang Bagong Herusalem sa milenyum. Sinabi ng apostol sa seksiyong ito ang humihigit na kadakilaan ng mga pahayag na kanyang natanggap. Sa sansinukob, sa pangunahin ay may tatlong seksiyon: ang kalangitan, ang lupa, at Hades, na nasa ilalim ng lupa (Efe. 4:9). Bilang taong namumuhay sa lupa, alam ng apostol ang mga bagay ng lupa. Subalit hindi nalalaman ng mga tao ang mga bagay sa kalangitan man o sa Hades. Ang apostol, gayunpaman, ay dinala sa parehong di-kilalang lugar na ito. Kaya, natanggap niya ang mga pangitain at mga pahayag hinggil sa mga natatagong rehiyong ito. Sa kadahilanang ito, binanggit niya itong dalawang kadulo-duluhang bahagi ng sansinukob.

Luc. 23:42-43—At sinabi niya, Hesus, alalahanin Mo ako pagdating Mo sa Iyong kaharian. 43At sinabi Niya sa kanya, Katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Sa araw na ito ay makakasama kita sa Paraiso.

B. Yamang ang Panginoon bilang ating buhay ay isang persona, dapat natin Siyang kaugnayin; kailangan natin ang kasalukuyang presensiya, ang kasalukuyang persona, ni Kristo sa lahat ng oras, gaano man natin Siya naranasan at natamasa sa nakaraan; ang ating Panginoong Hesus ay ang "namamahagi-ngayon na Kristo"—Juan 8:12; Fil. 3:13-14.

Juan 8:12—Kaya muling nagsalita sa kanila si Hesus, na nagsasabi, Ako ang liwanag ng sanlibutan; ang sumusunod sa Akin ay hinding-hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng liwanag ng buhay.

Fil. 3:13-14—Mga kapatid, hindi ko inaaring ako ay nakatangan na; ngunit isang bagay *ang ginagawa ko*: Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa unahan, 14Naghahabol ako tungo sa gol para sa gantimpala na ukol dito ang Diyos sa loob ni Kristo Hesus ay pataas *akong* tinawag.

C. Ipinakikita ng Juan 14:21 at 23 ang paghahayag ng Anak ng Kanyang sarili sa Kanyang mangingibig at ang pagdating ng Ama kasama Niya upang gumawa ng tahanan kasama ng mangingibig ng Anak:

Juan 14:21—Siya na nagtataglay ng Aking mga utos at tumutupad sa mga iyon, siya ang umiibig sa Akin; at siya na umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya ay iibigin Ko at ihahayag Ko ang Aking sarili sa kanya.

Juan 14:23—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.

1. Kailangan nating ibigin ang Panginoong Hesus at sabihin, "Panginoong Hesus, iniibig kita"; habang iniibig natin Siya, ihahayag Niya ang Kanyang sarili sa atin, na nangangahulugang taglay natin ang presensiya ng Isa na ating iniibig sa ating pakikipagsalamuha sa Kanya.
2. Kung iniibig natin si Hesus, iniibig tayo ni Hesus at iniibig din tayo ng Ama; kapag inihahayag ng Anak ang Kanyang sarili sa atin, ginagawa Niyang totoo ang Kanyang sarili sa atin, dumarating ang Ama kasama Niya upang gumawa ng tahanan kasama natin para sa ating pagtatamasa—cf. 1 Cor. 2:9-12.

   cf. 1 Cor. 2:9-12—Subalit gaya ng nasusulat, "Ang mga bagay na hindi nakikita ng mata at hindi naririnig ng tainga at *yaong* hindi pumapasok sa puso ng tao; mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya." 10Ngunit sa atin ay inihayag ng Diyos *ang mga ito* sa pamamagitan ng Espiritu, sapagkat sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang mga kalaliman ng Diyos. 11Sapagkat sino sa mga tao ang

nakaaalam ng mga bagay ng tao, maliban sa espiritu ng tao na nasa loob niya? Gayundin naman, walang nakaaalam sa mga bagay ng Diyos maliban sa Espiritu ng Diyos. 12Subalit tinanggap natin hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu na mula sa Diyos, upang malaman natin ang mga bagay na mabiyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

D. Sa bawat isa, ang simula ng pag-ibig tungo sa Panginoon ay isang pangitain hinggil sa Kanyang persona; hindi tayo makapagpapatuloy nang walang bagong kaalaman hinggil sa Panginoon at bagong pangitain hinggil sa Kanya—Gawa 26:14-19; 2 Cor 4:6-7; Fil. 3:8-10a, 13; cf. Deut. 4:25.

Gawa 26:14-19—At nang mabuwal kaming lahat sa lupa, narinig ko ang isang tinig na nagsasabi sa akin sa Hebreong diyalekto, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig? Mahirap para sa iyo ang sumikad laban sa matutulis na patpat. 15At sinabi ko, Sino Ka, Panginoon? At sinabi ng Panginoon, Ako si Hesus, na iyong pinag-uusig. 16Ngunit bumangon ka at tumayo sa iyong mga paa; sapagkat nagpakita Ako sa iyo para sa *layuning* ito, upang italaga ka bilang isang lingkod at isang saksi kapwa ng mga bagay kung saan nakita mo Ako at ng mga bagay kung saan magpapakita Ako sa iyo; 17Na inililigtas ka mula sa mga tao at mula sa mga Hentil, na sa kanila kita isinusugo, 18Upang buksan ang kanilang mga mata, upang ibaling sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag at *mula* sa awtoridad ni Satanas tungo sa Diyos, upang makatanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng isang mana sa gitna niyaong mga napabanal sa pamamagitan ng pananampalataya sa Akin. 19Kaya, Haring Agrippa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain.

2 Cor 4:6-7—Sapagkat ang Diyos na nagsabi, Mula sa kadiliman ay sisinag ang liwanag, ang Isa na suminag sa ating mga puso upang iliwanag ang pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo. 7Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang lupa upang ang kahigtan ng kapangyarihan ay maging mula sa Diyos at hindi mula sa amin.

Fil. 3:8-10a—Ngunit higit pa roon, inari ko ring kalugihan ang alahat ng bagay alang-alang sa kaekselentehan ng pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon, na alang-alang sa Kanya ay tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng bagay at inari kong sukal *ang mga ito* upang matamo ko si Kristo 9At masumpungan sa loob Niya, na hindi tinataglay ang sarili kong katuwiran na mula sa kautusan, kundi yaong sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwiran na mula sa Diyos *at* batay sa pananampalataya, 10Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na *ako ay* iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

Fil. 3:13—Mga kapatid, hindi ko inaaring ako ay nakatangan na; ngunit isang bagay *ang ginagawa ko*: Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa unahan.

cf. Deut. 4:25—Kapag ikaw ay nagkaanak at nagkaanak ang inyong mga anak, at nagtagal kayo sa lupain, at nagpakasama kayo, at gumawa kayo ng larawang inanyuan na katulad ng anumang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paningin ni [Jehovah] mong Diyos, upang Siya ay galitin.

IV. Ang ating kaugnayan sa Panginoon ay dapat na personal—ang "akitin Mo <u>ako</u>" ay personal (A. A. 1:4); dahil personal tayong inaakit ng Panginoon, ang iba ay maaakit sa Panginoon sa pamamagitan natin (Jer. 31:3; cf. 2 Cor. 11:2):

A. A. 1:4—Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo. Dinala ako ng hari sa mga silid niya. / Kami ay matutuwa at sa iyo'y magsasaya; / Aming itataas ng higit kaysa alak ang pag-ibig mo. / Matuwid ang pag-ibig nila sa iyo.
Jer. 31:3—[Si Jehovah] ay nagpakita sa kanya mula sa malayo. Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig, kaya't ipinagpatuloy ko ang aking kagandahang-loob sa iyo.
cf. 2 Cor. 11:2—Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos, sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap *kayo bilang* isang dalisay na birhen kay Kristo.

A. Kailangan nating sundan ang mga huwaran ng mga yaong nagkaroon ng personal na kaugnayan sa Panginoon:
   1. Kailangan nating sundan ang huwaran ni Abraham, na kaibigan ng Diyos para sa naisin ng Diyos—2 Cron. 20:7; Isa. 41:8; Sant. 2:23; Gen. 18:1-33.
      2 Cron. 20:7—Hindi ba't Ikaw, O aming Diyos, ang nagpalayas sa mga naninirahan sa lupaing ito sa harapan ng Iyong bayang Israel, at iyong ibinigay sa binhi ni Abraham na Iyong kaibigan magpakailanman?
      Isa. 41:8—Ngunit ikaw, Israel, lingkod Ko, / Jacob, na siyang Aking pinili, / na binhi ni Abraham na Aking kaibigan.
      Sant. 2:23—At natupad ang Kasulatan na nagsasabi, "At si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at ito ay ibinilang na katuwiran sa kanya"; at siya ay tinawag na kaibigan ng Diyos.
      Gen. 18:1-33—[si Jehovah] ay nagpakita kay Abraham sa may punong ensina ni Mamre habang siya'y nakaupo nang kainitan ang araw sa pintuan ng tolda. 2 Itinaas niya ang kanyang paningin at nakita ang tatlong lalaki na nakatayo na malapit sa kanya. Nang sila'y kanyang makita, tumakbo siya upang sila'y salubungin mula sa pintuan ng tolda, at yumuko siya sa lupa. 3At sinabi, "Panginoon ko, kung ako'y nakatagpo ng biyaya sa Inyong paningin ay hinihiling ko sa inyo na huwag mong lampasan ang Iyong lingkod. 4Hayaan mong dalhan ko kayo rito ng kaunting tubig, at maghugas kayo ng inyong mga paa, at magpahinga kayo sa lilim ng kahoy. 5Kukuha ako ng kaunting tinapay upang makapagpalakas sa inyo, at pagkatapos ay magpatuloy na kayo, yamang kayo'y pumarito sa inyong lingkod." Kaya't sinabi nila, "Gawin mo ang ayon sa iyong sinabi." 6Si Abraham ay nagmadaling pumunta sa tolda ni Sara, at sinabi, "Dali! Maghanda ka ng tatlong takal ng mainam na harina, masahin mo at gawing mga tinapay." 7At tumakbo si Abraham sa bakahan at kumuha ng isang bata at malusog na baka, at ibinigay sa alipin na nagmamadaling inihanda ito. 8Kinuha niya ang mantekilya, gatas, at ang bakang inihanda niya, at inihain sa harapan nila. Siya'y tumayo sa tabi nila sa lilim ng punungkahoy samantalang sila'y kumakain. 9At sinabi nila sa kanya, "Nasaan si Sara na iyong asawa?" At sinabi niya "Naroon siya sa tolda." 10At sinabi ng isa, "Ako ay tiyak na babalik sa iyo sa tamang panahon, at si Sara na iyong asawa ay magkakaanak ng isang lalaki." Si Sara noon ay nakikinig sa may pintuan ng tolda na nasa likuran niya. 11Sina Abraham at Sara ay kapwa matanda na at lipas na sa panahon. Si Sara ay hindi na dinadatnan ng tulad ng likas sa mga babae. 12Nagtawa si Sara sa kanyang sarili, na sinasabi, "Pagkatapos na ako'y tumanda at matanda na rin ang asawa ko, magkakaroon pa ba ako ng kasiyahan?" 13At sinabi [ni Jehovah] kay Abraham, "Bakit tumawa si Sara, na sinasabi, 'Tunay kayang ako'y manganganak, kahit matanda na ako?' 14"Mayroon bang anumang bagay na napakahirap [kay Jehovah]? Sa takdang panahon ay babalik Ako sa iyo, sa tamang panahon, at si Sara ay magkakaanak

ng isang lalaki." `[15]Subalit nagkaila si Sara, na sinasabi, "Hindi ako tumawa," sapagkat siya'y natakot. Ngunit sinabi [ni Jehovah], "Hindi. Ikaw ay talagang tumawa." [16]Tumindig mula roon ang mga lalaki at tumingin sa dakong Sodoma; at sinamahan sila ni Abraham upang ihatid sila sa daan. [17]At sinabi [ni Jehovah], "Ililihim ko ba kay Abraham ang aking gagawin; [18]yamang si Abraham ay magiging isang dakila at makapangyarihang bansa, at ang lahat ng bansa sa lupa ay pagpapalain sa pamamagitan niya? [19]Hindi, sapagkat siya'y aking pinili upang kanyang tagubilinan ang kanyang mga anak at sambahayan pagkamatay niya, na maingatan ang daan ng Panginoon sa pamamagitan ng paggawa ng kabanalan at kahatulan; upang maibigay ng Panginoon kay Abraham ang ipinangako niya sa kanya." [20]Sinabi [ni Jehovah], "Ang sigaw laban sa Sodoma at Gomorra ay malakas, at sapagkat ang kasalanan nila ay napakalubha, [21]at bababa Ako ngayon at titingnan Ko kung ginawa nga nila ang ayon sa sigaw na dumating sa Akin; at kung hindi ay Aking malalaman." [22]At ang mga lalaki ay lumayo mula roon at nagtungo sa Sodoma samantalang si Abraham ay nanatiling nakatayo sa harapan [ni Jehovah]. [23]Lumapit si Abraham at nagsabi, "Ang mga banal ba ay Iyong lilipuling kasama ng mga masama? [24]Halimbawang may limampung banal sa loob ng bayan; lilipulin Mo ba at di mo patatawarin ang lugar na iyon alang-alang sa limampung banal na nasa loob noon? [25]Malayong gagawa Ka ng ganito, na ang banal ay Iyong pataying kasama ng masama, anupa't ang banal ay makatulad sa masama! Malayong mangyari iyan! Di ba gagawa ng matuwid ang Hukom ng buong mundo?" [26]At sinabi [ni Jehovah], "Kung makatagpo Ako sa Sodoma ng limampung banal sa loob ng bayan, patatawarin Ko ang buong lugar na iyon alang-alang sa kanila." [27]Sumagot si Abraham, at nagsabi, "Mangangahas akong magsalita[kay Jehovah], akong alabok at abo lamang. [28]Kung sakaling magkukulang ng lima sa limampung banal, lilipulin Mo ba ang buong bayan dahil sa limang kulang?" At sinabi Niya, "Hindi ko lilipulin kung makatagpo ako roon ng apatnapu't lima." [29]At siya'y muling nagsalita sa Kanya, at nagsabi, "Halimbawang may matatagpuang apatnapu." At sinabi Niya, "Hindi ko gagawin alang-alang sa apatnapu." [30]Pagkatapos ay sinabi niya, "O huwag sanang magalit ang Panginoon, at ako'y magsasalita. Kung sakaling may matatagpuan doong tatlumpu." At sinabi Niya, "Hindi ko gagawin kung makakatagpo ako roon ng tatlumpu." [31]At kanyang sinabi, "Ako'y mangangahas magsalita sa Panginoon. Kung sakaling may matatagpuan doong dalawampu." At sinabi Niya, "Hindi ko lilipulin alang-alang sa dalawampu." [32]Pagkatapos ay sinabi niya, "O huwag magalit ang Panginoon at magsasalita na lamang akong minsan; kung sakaling may matatagpuan doong sampu." At sinabi Niya, "Hindi ko lilipulin alang-alang sa sampu." [33]At umalis [si Jehovah] pagkatapos na makipag-usap kay Abraham at si Abraham ay nagbalik sa kanyang lugar.

2. Kailangan nating sundan ang huwaran ni Moises, na tinaglay ang presensiya ng Diyos sa ganap na sukat at isang kasama ng Diyos para sa mga interes ng Diyos—Exo. 33:11-14.

   Exo. 33:11-14—Sa gayon nakikipag-usap [si Jehovah] kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda. [12]Sinabi ni Moises [kay Jehovah], "Tingnan Mo, Iyong sinasabi sa akin, 'Dalhin mo ang bayang ito,' ngunit hindi Mo ipinakilala sa akin kung sino ang susuguin Mo na kasama ko. Gayunma'y Iyong sinabi, 'Aking nakikilala ka sa pangalan,

at ikaw rin naman ay nakatagpo ng biyaya sa Aking paningin.' [13]Ngayon, kung ako'y nakatagpo ng biyaya sa Iyong paningin ay ituro mo sa akin ngayon ang Iyong mga daan, upang Ikaw ay aking makilala, at ako'y makatagpo ng biyaya sa Iyong paningin. Alalahanin Mo rin na ang bansang ito ay iyong bayan." [14]Kanyang sinabi, "[Ang Aking presensiya ay sasaiyo], at ikaw ay Aking bibigyan ng kapahingahan."

3. Kailangan nating sundan ang huwaran ni David at Asaf, na hinanap ang nagliliwanag na mukha ng Diyos sa at para sa bahay ng Diyos—Awit 27:4, 8; 80:3, 7, 14-19.
   Awit 27:4—Isang bagay ang hiningi ko sa Panginoon, na aking hahanapin; / na ako'y makapanirahan sa bahay ng Panginoon, / sa lahat ng mga araw ng aking buhay, / upang mamasdan ang kagandahan ng Panginoon, / at sumangguni sa kanyang templo.
   Awit 27:8—*Sinabi Mo*, "Hanapin ninyo ang Aking mukha;" sabi ng aking puso sa iyo, "Ang iyong mukha, [O Jehovah], ay aking hinahanap."
   Awit 80:3—Panunumbalikin mo kami, O Diyos; / paliwanagin Mo ang iyong mukha, upang kami ay maligtas!
   Awit 80:7—Panunumbalikin mo kami, O Diyos ng mga hukbo; / paliwanagin Mo ang iyong mukha upang kami ay maligtas!
   Awit 80:14-19—Bumalik kang muli, O Diyos ng mga hukbo, isinasamo namin sa Iyo. / Tumungo ka mula sa langit, at masdan mo; / pahalagahan mo ang puno ng ubas na ito, [15]ang punong itinanim ng kanang kamay Mo, / at sa anak na Iyong pinalaki para sa Iyong sarili. [16]Sinunog nila iyon sa apoy, iyon ay kanilang pinutol; / sa saway ng Iyong mukha sila'y nalipol! [17]Ipatong nawa ang Iyong kamay sa tao ng kanang kamay mo, / sa anak ng tao na Iyong pinalakas para sa sarili Mo. [18]Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa Iyo;/ bigyan Mo kami ng buhay, at tatawag kami sa pangalan Mo. [19]Panunumbalikin Mo kami, O Jehovah Diyos ng mga hukbo; / paliwanagin Mo ang iyong mukha, upang kami ay maligtas!
4. Kailangan nating sundan ang huwaran ng Panginoong Hesus, na namuhay sa presensiya ng Diyos nang walang patid; bawat sandali ay nakita Niya ang mukha ng Kanyang Ama—Gawa 10:38c; Juan 8:29; 16:32.
   Gawa 10:38c—Si Hesus, ang Isa na mula sa Nazareth, kung paanong pinahiran Siya ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan, na lumibot na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng sinisiil ng diyablo, sapagkat kasama Niya ang Diyos.
   Juan 8:29—At Siyang nagsugo sa Akin ay kasama Ko; hindi Niya Ako pinabayaang nag-iisa, sapagkat ginagawa Kong lagi ang mga bagay na nakalulugod sa Kanya.
   Juan 16:32—Narito, darating ang oras, at dumating na, na kayo ay mangangalat, ang bawat isa sa kanya-kanyang lugar at iiwan Akong mag-isa; subalit hindi Ako nag-iisa, sapagkat ang Ama ay kasama Ko.
5. Kailangan nating sundan ang huwaran ni Pedro, na ang pag-ibig sa Panginoon ay napanumbalik upang pastulin niya ang mga tupa ng Panginoon at sumunod sa Panginoon hanggang sa pagkamartir nang walang anumang pagtitiwala sa kanyang natural na kalakasan—21:15-19; Marc. 16:7.
   Juan 21:15-19—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. [17]Sinabi Niya sa

kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa. [18]Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Noong ikaw ay bata pa, nagbibigkis ka sa iyong sarili at naglalakad ka kung saan mo ibig; ngunit kapag tumanda ka na, iuunat mo ang iyong mga kamay, at ibang tao ang magbibigkis sa iyo at magdadala sa *iyo* kung saan hindi mo ibig *magtungo*. [19]At sinabi Niya ito, na ipinahihiwatig kung sa anong uri ng kamatayan niya luluwalhatiin ang Diyos. At nang masabi Niya ito, sinabi Niya sa kanya, Sumunod ka sa Akin.

Marc. 16:7—Ngunit humayo kayo, sabihin ninyo sa Kanyang mga disipulo at kay Pedro na Siya ay mauuna sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo Siya roon, gaya ng sinabi Niya sa inyo.

6. Kailangan nating sundan ang huwaran ni Pablo, na napilit ng pag-ibig ni Kristo upang mabuhay sa persona ni Kristo bilang embahador ni Kristo upang maging kalugod-lugod kay Kristo—2 Cor. 2:10; 5:9, 14-15, 20.

   2 Cor. 2:10—Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, *pinatatawad* ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, *ito ay* alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo.

   2 Cor. 5:9—Kaya't determinado rin kami, nasa tahanan man o nasa malayo, na matamo ang karangalan na maging kalugod-lugod sa Kanya.

   2 Cor. 5:14-15—Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; [15]At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.

   2 Cor. 5:20—Kaya't kami ay mga embahador para kay Kristo, na waring namamanhik *sa inyo* ang Diyos sa pamamagitan namin; kami ay nagsusumamo *sa inyo* sa ngalan ni Kristo, Makipagkasundo kayo sa Diyos.

B. Ang pagnanais ng mapagmahal na naghahanap sa Panginoon na magkaroon ng napakapersonal na ugnayan sa Panginoon ay inihahayag ng salitang *halik*; ang halik ay isang kahayagan ng personal na kaugnayan sa Panginoon sapagkat walang sinuman ang makahahalik ng dalawang tao sa parehong pagkakataon—A. A. 1:2.

   A. A. 1:2—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! / Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig.

V. Ang ating kaugnayan sa Panginoon ay dapat na magiliw—"Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig!"—ang "hagkan…ako" ay magiliw—b. 2:

A. A. 1:2—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! / Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig.

A. Sinasabi ng Awit 2:12, "Ang Anak ay inyong hagkan / …[Pinagpala] ang lahat na nanga-nganlong sa Kanya":

   Awit 2:12—ang Anak ay inyong hagkan, / baka magalit siya at kayo'y mapahamak sa daan; / sapagkat ang kanyang poot ay madaling mag-alab. / Mapapalad ang lahat na nanganganlong sa kanya.

1. Ang manganlong sa Anak ay ang sumampalataya tungo sa Anak, si Kristo (Juan 3:16, 36), kinukuha Siya bilang ating kanlungan, proteksiyon, at dakong kublihan (Awit 18:1-2; 31:19-20; 34:8; 57:1; 71:1; 91:1-2, 4, 9; 118:8-9; 144:2; Kaw. 30:5).

   Juan 3:16—Sapagkat gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay hindi mapapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

   Juan 3:36—Ang sumasampalataya tungo sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang sumusuway sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay nananahan sa kanya.

   Awit 18:1-2—Iniibig kita, O [Jehovah], aking kalakasan. [2]{}[Si Jehovah] ay aking malaking bato, at aking muog, at tagapagligtas ko, / Aking Diyos, aking malaking bato na sa kanya'y nanganganlong ako; / Aking kalasag, at siyang sungay ng aking kaligtasan, matibay na kuta ko.

   Awit 31:19-20—O napakasagana ng kabutihan mo, / Na iyong inilaan para sa mga natatakot sa iyo, / At ginawa para doon sa nanganganlong sa iyo, sa lihim na dako ng iyong harapan, / Sila'y iyong ikubli! [20]{}Sa iyong harapan ay palihim mo silang ikinubli / Sa mga banta ng mga tao; / Ligtas mo silang iniingatan sa lilim ng iyong tirahan / Mula sa palaaway na mga dila.

   Awit 34:8—O inyong subukan at tingnan na mabuti [si Jehovah]! / Maligaya ang tao na sa kanya'y nanganganlong.

   Awit 57:1—Maawa ka sa akin, O Diyos, sa akin ay maawa Ka, / Sapagkat nanganganlong sa Iyo ang aking kaluluwa, / Sa lilim ng Iyong mga pakpak ay manganganlong ako, / Hanggang sa makaraan ang mga pagkawasak na ito.

   Awit 71:1—Sa iyo, O [Jehovah], nanganganlong ako; / Huwag nawa akong mapahiya kailanman!

   Awit 91:1-2—Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan, / Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan, [2]{}sasabihin ko [kay Jehovah], / "Aking muog at aking kanlungan, / Aking Diyos na siya kong pinagtitiwalaan."

   Awit 91:4—Kanyang tatakpan ka ng mga bagwis niya, / At sa ilalim ng kanyang mga pakpak ay manganganlong ka; / Ang kanyang katapatan ay baluti at panangga.

   Awit 91:9—Sapagkat ikaw, O [Jehovah], ay aking kanlungan! / Ang Kataas-taasan bilang iyong tahanan.

   Awit 118:8-9—Higit na mabuti ang manganlong [kay Jehovah] / Kaysa magtiwala sa tao. [9]{}Higit na mabuti ang manganlong [kay Jehovah] / Kaysa magtiwala sa mga pinuno.

   Awit 144:2—Ang aking tapat na pag-ibig at aking tanggulan, / Aking muog at aking tagapagligtas; / Aking kalasag at siya kong kinakanlungan, / Na siyang nagpapasuko sa ilalim ko ng mga bayan.

   Kaw. 30:5—Bawat salita ng Diyos ay subok na totoo, / Siya'y kalasag sa kanila na kumakanlong sa kanya.
2. Ang hagkan ang Anak ay ang ibigin ang Anak at sa gayon ay tamasahin Siya—Juan 14:21, 23; cf. Awit. 91:14.

   Juan 14:21—Siya na nagtataglay ng Aking mga utos at tumutupad sa mga iyon, siya ang umiibig sa Akin; at siya na umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya ay iibigin Ko at ihahayag Ko ang Aking sarili sa kanya.

Juan 14:23—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.

cf. Awit. 91:14—Sapagkat Siya'y kumapit sa Akin na may pag-ibig, ililigtas ko Siya, / iingatan ko Siya sapagkat ang Aking pangalan ay nalalaman Niya.

3. Ang sumampalataya sa Panginoon ay ang tanggapin Siya (Juan 1:12); ang ibigin ang Panginoon ay ang tamasahin ang Panginoon na ating tinanggap—ang mga ito ang dalawang kahingian upang tayo ay makibahagi sa Panginoon (1 Cor. 2:9; cf. 16:22).

   Juan 1:12—Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan.

   1 Cor. 2:9—Subalit gaya ng nasusulat, "Ang mga bagay na hindi nakikita ng mata at hindi naririnig ng tainga at *yaong* hindi pumapasok sa puso ng tao; mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya."

   cf. 1 Cor. 16:22—Kung ang sinuman ay hindi umibig sa Panginoon, hayaan siyang masumpa! Ang Panginoon ay darating!

B. Kapag mayroon tayong magiliw na kaugnayan sa Panginoon, Siya sa atin ay nagiging mayaman sa paraang di-malirip sa maraming aspekto para sa ating katamasahan—Efe. 3:8; 2:7; Roma 10:12-13:

Efe. 3:8—Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito upang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo.

Efe. 2:7—Upang maipakita Niya sa mga kapanahunang darating ang humihigit na kayamanan ng Kanyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin sa loob ni Kristo Hesus.

Roma 10:12-13—Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din ay *Panginoon* ng lahat *at* mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya; [13]Sapagkat "ang sinumang tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas."

1. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Ama, at ang biyaya ay ang ating ina—8:15-16; Gal. 4:24-26; Isa. 66:12-13.

   Roma 8:15-16—Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin *na nagdadala sa inyo* sa pagkatakot muli, kundi tumanggap kayo ng espiritu ng pagkaanak na sa pamamagitan nito ay tumatawag tayo, Abba, Ama! [16]Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

   Gal. 4:24-26—Ang mga bagay na ito ay sinasalita sa paraan ng alegorya, sapagkat ang mga babaeng ito ay dalawang tipan, ang isa ay mula sa Bundok Sinai, nagsisilang *ng mga anak* tungo sa pagkaalipin, na siyang si Hagar. [25]Ngayon ang Hagar na ito ay ang Sinai, ang bundok sa Arabia at katumbas ng Herusalem ngayon, sapagkat siya ay nasa pagkaalipin kasama ang kanyang mga anak. [26]Ngunit ang Herusalem na nasa itaas ay malaya, na siyang ating ina.

   Isa. 66:12-13—Sapagkat ganito ang sabi [ni Jehovah]: / "Narito, ako'y magbibigay ng kapayapaan sa kanya na parang isang ilog, / at ng kaluwalhatian ng mga bansa ay parang umaapaw na batis; / at inyong susususuhin; kayo'y kakalungin sa kanyang balakang, / at lilibangin sa kanyang mga tuhod. [13]Gaya ng inaaliw ng kanyang ina,/ gayon ko aaliwin kayo; / kayo'y aaliwin sa Herusalem.

2. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Asawang lalaki—Mat. 9:15; 2 Cor. 11:2.

Mat. 9:15—At sinabi sa kanila ni Hesus, Maaari bang magdalamhati ang mga abay sa kasalan habang kasama nila ang kasintahang lalaki? Subalit darating ang mga araw na ang kasintahang lalaki ay kukunin sa kanila, at saka sila mag-aayuno.
2 Cor. 11:2—Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap *kayo bilang* isang dalisay na birhen kay Kristo.

3. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Kapatid na lalaki—Juan 20:17; Roma 8:29.
Juan 20:17—Sinabi sa kanya ni Hesus, Huwag mo Akong hipuin, sapagkat hindi pa Ako umaakyat sa Ama; ngunit pumunta ka sa Aking mga kapatid at sabihin mo sa kanila, Aakyat Ako sa Aking Ama at inyong Ama, at Aking Diyos at inyong Diyos.
Roma 8:29—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.
4. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Kaibigan—Mat. 11:19; Juan 15:12-17.
Mat. 11:19—Dumating ang Anak ng Tao na kumakain at umiinom; at sinasabi nila, Narito, isang taong matakaw at isang manginginom, kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan. Subalit ang karunungan ay inaaring-matuwid sa pamamagitan ng kanyang mga gawa.
Juan 15:12-17—Ito ang Aking utos, na ibigin ninyo ang isa't isa gaya ng pag-ibig Ko sa inyo. [13]Walang sinuman ang may pag-ibig na mas dakila kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. [14]Kayo ay mga kaibigan Ko kung ginagawa ninyo ang iniuutos Ko sa inyo. [15]Hindi Ko na kayo tinatawag na mga alipin, sapagkat hindi alam ng alipin kung ano ang ginagawa ng kanyang panginoon; ngunit tinatawag Ko kayong mga kaibigan, sapagkat ang lahat ng bagay na narinig Ko sa Aking Ama ay ipinaalam Ko sa inyo. [16]Hindi ninyo Ako pinili, ngunit pinili Ko kayo, at inilagay Ko kayo upang kayo ay humayo at mamunga at *yaong* ang bunga ninyo ay manatili, upang ang anumang inyong hingin sa Ama sa pangalan Ko ay ibigay Niya sa inyo. [17]Ang mga bagay na ito ay iniuutos Ko sa inyo upang ibigin ninyo ang isa't isa.
5. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Tagapayo—Isa. 9:6.
Isa. 9:6—Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang bata, / sa atin ay ibinigay ang isang Anak na lalaki; / at ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang balikat; / at ang Kanyang pangalan ay tatawaging / "Kamangha-manghang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, / Walang hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan."
6. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Tagapagtanggol—1 Juan 2:1.
1 Juan 2:1—Mga munti kong anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang hindi kayo magkasala. At kung ang sinuman ay magkasala, mayroon tayong Tagapagtanggol sa Ama, si Hesu-Kristo na Matuwid.
7. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Mang-aaliw—Juan 14:16; 15:26.
Juan 14:16—At hihiling Ako sa Ama, at bibigyan Niya kayo ng ibang Mang-aaliw, upang Siya ay makasama ninyo magpakailanman.
Juan 15:26—Subalit pagparito ng Mang-aaliw, na isusugo Ko sa inyo mula sa Ama, ang Espiritu ng realidad, na nagmumula sa Ama, Siya ay magpapatotoo hinggil sa Akin.

8. Ang Panginoon na naninirahan sa loob natin ay ang ating Pastol—Awit 23:1; 1 Ped. 2:25.
   Awit 23:1—Si [Jehovah] ay aking pastol; hindi ako magkukulang.
   1 Ped. 2:25—Sapagkat kayo ay gaya ng mga tupang naliligaw, ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa Pastol at Tagapangasiwa ng inyong mga kaluluwa.

VI. Ang ating kaugnayan sa Panginoon ay dapat na pribado—"Dinala ako ng hari sa mga silid niya" (A. A. 1:4b); ang mga silid ng hari sa loob ay sumasagisag sa ating naisilang na muling espiritu bilang mga silid ni Kristo sa loob (2 Tim. 4:22; Efe. 3:16; 2:22):

A. A. 1:4b—Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo. Dinala ako ng hari sa mga silid niya. / Kami ay matutuwa at sa iyo'y magsasaya; / Aming itataas ng higit kaysa alak ang pag-ibig mo, / matuwid ang pag-ibig nila sa iyo.
2 Tim. 4:22—Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.
Efe. 3:16—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao.
Efe. 2:22—Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.

A. Kailangan nating pribadong kaugnayin ang Panginoon sa lihim, tiyak, at nananagumpay na paraan, binubuksan ang ating buong katauhan sa Kanya para sa Kanyang pagliliwanag at paglalalin—Mat. 6:6.
   Mat. 6:6—Subalit ikaw, kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong pribadong silid, at isara mo ang iyong pinto at manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim; at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ang gaganti sa iyo.
B. Ang pinakamataas na propesyon sa lupa ay ang gumugol ng panahon nang nalalalinan ng Diyos upang tayo ay magningning sa pamamagitan ng Diyos at magsinag ng Diyos—Exo. 33:11; 2 Cor. 3:16, 18; 4:1; cf. Mat. 14:23; Marc. 1:35; Luc. 5:16; 6:12; 9:28.
   Exo. 33:11—Sa gayon nakikipag-usap si [Jehovah] kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda.
   2 Cor. 3:16—Ngunit sa tuwing bumabaling *ang kanilang puso* sa Panginoon, ang talukbong ay naaalis.
   2 Cor. 3:18—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.
   2 Cor. 4:1—Kaya nga yamang taglay namin ang ministeryong ito ayon sa tinanggap naming kaawaan, hindi kami pinanghihinaan ng loob.
   cf. Mat. 14:23—At pagkatapos Niyang paalisin ang mga kalipunan, umakyat Siyang mag-isa sa bundok upang manalangin. At nang sumapit ang gabi, Siya ay nag-iisa roon.
   Marc. 1:35—At pagkabangon nang maagang-maaga, *samantalang* gabi *pa*, lumabas Siya at pumunta sa isang ilang na lugar, at nanalangin Siya roon.
   Luc. 5:16—Subalit Siya Mismo ay *madalas* na lumalayo patungo sa ilang at nananalangin.
   Luc. 6:12—At sa mga araw na ito ay pumunta Siya sa bundok upang manalangin, at ginugol Niya ang buong gabi sa pananalangin sa Diyos.

Luc. 9:28—At mga walong araw pagkatapos ng mga salitang ito, isinama *Niya* sina Pedro at Juan at Santiago, at umakyat sa bundok upang manalangin.

C. Kailangan nating maranasan at tamasahin si Kristo bilang ating dakong kublihan, ating pinaninirahang lugar, at ating lihim ng kasapatan—Awit 31:20; 27:5; 90:1; 91:1; Fil. 4:13.

Awit 31:20—Sa iyong harapan ay palihim Mo silang ikinubli sa mga banta ng mga tao; / ligtas mo silang iniingatan sa lilim ng iyong tirahan mula sa palaaway na mga dila.

Awit 27:5—Sapagkat ako'y ikukubli Niya sa Kanyang kanlungan / sa araw ng kaguluhan sa ilalim ng Kanyang tolda ako'y Kanyang itatago, / at itataas Niya ako sa ibabaw ng isang malaking bato.

Awit 90:1—[Jehovah], Ikaw ay naging aming tahanang dako sa lahat ng salinlahi.

Awit 91:1—Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan, / ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan.

Fil. 4:13—Magagawa ko ang lahat ng bagay sa loob Niya na nagpapalakas sa akin.

VII. Ang ating kaugnayan sa Panginoon ay dapat na espiritwal (A. A. 1:4b); si Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay ay naninirahan sa ating pantaong espiritu (ang mga silid ng hari sa loob), at ang dalawang espiritung ito ay pinagsama bilang isang espiritu (Juan 4:24; Roma 8:16; 1 Cor. 6:17):

A. A. 1:4b—Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo. Dinala ako ng hari sa mga silid niya. / Kami ay matutuwa at sa iyo'y magsasaya; / Aming itataas ng higit kaysa alak ang pag-ibig mo, / matuwid ang pag-ibig nila sa iyo.

Juan 4:24—Ang Diyos ay Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kinakailangang sumamba sa espiritu at pagkamakatotohanan.

Roma 8:16—Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

1 Cor. 6:17—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

A. Binibisita tayo ni Kristo sa espiritwal na paraan sapagkat Siya ang Espiritung nagbibigay-buhay sa ating espiritu; ang ating espiritu ay ang dakong Banal ng mga Banal, ang mga silid ng malahanging Kristo bilang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari—15:45b; Roma 8:16; 2 Tim. 4:22.

1 Cor. 15:45b—Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay *naging* Espiritung nagbibigay-buhay.

Roma 8:16—Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

2 Tim. 4:22—Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

B. Upang makaugnay si Kristo at matamasa si Kristo para sa Katawan ni Kristo, kailangan nating ensayuhin ang ating pinagsamang espiritu—1 Cor. 2:15 at talababa 1; Efe. 1:17; 2:22; 3:5, 16; 4:23; 5:18; 6:18.

1 Cor. 2:15—Subalit nakikilala ng espiritwal na tao ang lahat ng bagay, ngunit siya mismo ay hindi nakikilala ng sinuman.

talababa 1—Ang isang espiritwal na tao ay isa na itinatatwa ang kanyang kaluluwa at hindi namumuhay sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa kundi hinahayaan ang kanyang espiritu, yaon ay, ang kanyang naisilang na muling espiritu, na inookupahan at pinasisigla ng Espiritu ng Diyos, na pangibabawan ang kanyang buong katauhan. Higit pa rito, namumuhay siya sa pamamagitan ng gayong espiritu, kumikilos at gumagawa ayon dito (Roma 8:4). Ang gayong espiritwal na tao ay kayang makilala ang mga bagay ng Espiritu

ng Diyos dahil ang pagkakabuo ng kanyang kapasidad para sa espiritwal na pagkaunawa ay kayang ihayag ang pangsyon nito.

Efe. 1:17—Upang ang Diyos ng ating Panginoong Hesu-Kristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ay magkaloob sa inyo ng espiritu ng karunungan at pahayag sa lubos na pagkakilala sa Kanya.

Efe. 2:22—Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.

Efe. 3:5—Na sa ibang henerasyon ay hindi ipinaalam sa mga anak ng mga tao, gaya ng pagkakahayag nito ngayon sa Kanyang banal na mga apostol at mga propeta sa espiritu.

Efe. 3:16—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao.

Efe. 4:23—At *na* kayo ay mapabago sa espiritu ng inyong kaisipan.

Efe. 5:18—At huwag kayong magpakalasing sa alak, na kinaroroonan ng kapariwaraan, kundi mapuspos sa espiritu.

Efe. 6:18—Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

VIII. **Ang ating personal, magiliw, pribado, at espiritwal na kaugnayan sa Panginoon ay nagsasanhi sa ating ibigin Siya para sa Kanyang layunin, dinadala tayo sa buhay-ekklesia bilang "bahay-pigingan" (A. A. 1:7-8; 2:4) kung saan matataransporma tayo ng nagtatranspormang Espiritu at mapasasakdal ng mga nagpapasakdal na isa sa buhay-ekklesia (Efe. 4:11-12); ang mga tagapagpasakdal na ito (o, "mga tagapagtransporma") ay nakikipagkoordina sa nagtatranspormang Espiritu upang pasakdalin tayo sa pamamagitan ng paghahain ng Tres-unong Diyos tungo sa loob natin para sa ating transpormasyon sa pamamagitan ng mga katangian ng Tres-unong Diyos na isinasagawa tungo sa loob natin upang maging ating mga kagalingan (A. A. 1:10b-11) para sa pagtatayo ng ekklesia bilang organikong Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem (1 Cor. 3:12a; Apoc. 21:18-21) para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos.**

A. A. 1:7-8—Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, saan ka nagpapastol ng *iyong kawan?* / Saan mo pinahihiga sa katanghalian; / Sapagkat bakit ako'y magiging gaya ng iyong mga kasamahan? [8]Kung hindi mo nalalaman, / O ikaw na pinakamaganda sa mga babae, / Sumunod ka sa mga landas ng kawan, / At ipastol mo ang anak ng kambing / Sa tabi ng mga tolda ng mga pastol.

A. A. 2:4—Dinala niya ako sa bahay na may handaan, / At ang watawat niya sa akin ay pagmamahal.

Efe. 4:11-12—At ipinagkaloob Niya Mismo ang ilan bilang mga apostol at ang ilan ay mga propeta at ang ilan ay mga ebanghelista at ang ilan ay mga pastol at mga guro, [12]Para sa pagpapasakdal ng mga banal tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.

A. A. 1:10b-11—Pinagaganda ng mga pahiyas ang iyong mga pisngi, / Ang iyong leeg ng mga kuwintas na palamuti. [11]Igagawa ka namin ng mga gintong kuwintas, / Na may mga pilak na pahiyas.

1 Cor. 3:12a—Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

Apoc. 21:18-21—At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagayakan ng bawat *isang* mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; [20]Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang ikalabindilawa ay amatista. [21]At ang labindalawang pintuan ay labindalawang perlas; bawat isa sa mga pintuan ay yari sa isang perlas. At ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na salamin.

© 2026 Living Stream Ministry

Mensahe Dalawa

Ang Ikalawang Yugto ng Awit ng mga Awit—
Tinawag upang Mailigtas
mula sa Sarili sa pamamagitan ng Pagiging Kaisa ng Krus

Babasahin sa Kasulatan: A. A. 2:8—3:5; Mat. 3:13-17; 21:32; 16:24

A. A. 2:8-17—Ang tinig ng aking giliw! Narito, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. 9Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y sumisilip,10Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin,"Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis; 11Sapagkat, ang taglamig ay lumipas na; ang ulan ay tapos na at wala na. 12Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa; ang panahon ng pag-aawitan ay dumating, at ang tinig ng batu-bato ay naririnig sa ating lupain. 13Lumalabas na ang mga bunga ng puno ng igos, at ang mga puno ng ubas ay namumulaklak, ang kanilang bango'y humahalimuyak. Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis. 14O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig. 15Ihuli ninyo kami ng mga asong-gubat, ng mga munting asong-gubat, na sumisira ng mga ubasan, sapagkat ang aming mga ubasan ay namumulaklak na." 16Ang sinta ko ay akin, at kanya ako; ipinapastol niya ang kanyang kawan sa gitna ng mga liryo. 17Hanggang sa ang araw ay huminga, at ang mga anino'y tumakas, pumihit ka, sinta ko, at ikaw ay maging gaya ng usa o ng batang usa sa mga bundok ng Bether.

A. A. 3:1-5—Sa ibabaw ng aking higaan sa gabi, hinanap ko siyang iniibig ng aking kaluluwa; hinanap ko siya, ngunit hindi ko siya natagpuan. 2"Ako'y babangon at lilibot sa lunsod, sa mga lansangan at sa mga liwasan, hahanapin ko siya na iniibig ng aking kaluluwa." Hinanap ko siya, ngunit hindi ko siya natagpuan. 3Nakita ako ng mga tanod, habang sila'y naglilibot sa lunsod. "Nakita ba ninyo siya na sinisinta ng aking kaluluwa?" 4Halos di pa ako nakakalayo sa kanila, nang masumpungan ko siya na iniibig ng aking kaluluwa. Pinigilan ko siya, at hindi ko hinayaang umalis, hanggang sa siya'y aking nadala sa bahay ng aking ina, at sa silid niya na naglihi sa akin. 5O mga anak na babae ng Herusalem, kayo'y aking pinagbibilinan, alang-alang sa mga usang lalaki at babae sa kaparangan, na huwag ninyong pukawin o gisingin man ang pagmamahal, hanggang sa kanyang maibigan.

Mat. 3:13-17—Pagkatapos ay dumating si Hesus mula sa Galilea patungo kay Juan sa Jordan upang mabautismuhan niya. 14Subalit sinubukan Siyang pigilan ni Juan, na nagsasabi, Ako ang kailangang mabautismuhan Mo, at lumalapit Ka sa akin? 15Subalit sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Hayaan mo ngayon, sapagkat ganito ang nararapat sa atin, upang tuparin ang lahat ng katuwiran. Pagkatapos ay kanyang pinayagan Siya. 16At nang mabautismuhan, agad na umahon si Hesus mula sa tubig, at narito, ang kalangitan ay nabuksan sa Kanya, at nakita Niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang isang kalapati at padapo sa Kanya. 17At narito, may isang tinig mula sa kalangitan, na nagsasabi, Ito ang Aking Anak, ang Minamahal, sa Kanya Ko nasumpungan ang Aking kaluguran.

Mat. 21:32—Sapagkat dumating si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi kayo naniwala sa kanya, subalit ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay naniwala sa kanya. At kayo, nang makita ninyo *ito*, kalaunan ay hindi nagsisi upang maniwala sa kanya.

Mat. 16:24—Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

I. **Kailangan nating makita na ginagabayan tayo ng Awit ng mga Awit tungo sa pagkaunawa at pagkakilala kay Kristo bilang ating nabuhay na muli, umakyat sa langit, iniluklok sa trono, at darating na Hari, na isinasagisag ni Solomon:**

A. Ang unang yugto ng paghahabol ng naghahanap na mangingibig ay naghahayag kung gaano kahalaga sa kanya ang Hari; subalit sa ikalawang yugto ng kanyang paghahabol, ang Hari ay ang sentro, at ito ang panahon para sa Hari na pahalagahan siya, tingnan siya, at naisin siya—2:14.

A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

B. Sa unang yugto ng ating paghahabol kay Kristo, si Kristo ay para sa akin; ngayon, ako ay para kay Kristo; inihahayag ng Awit 45 na kung mayroon tayong magiliw na pag-ibig para sa Panginoon Hesus bilang ating Hari, ang ating dila ay magiging panulat ng isang bihasang manunulat, handang isulat ang ating pag-ibig para sa Kanya at ang ating papuri sa Kanya sa pamamagitan ng ating pagdaranas at pagtatamasa sa Kanya sa lahat ng kung ano Siya—b. 1; Mat. 12:34b; 2 Cor. 3:3, 6; Isa. 6:5-7.

Awit 45—Ang aking puso ay nag-uumapaw sa mabuting paksa, ipinatutungkol ko ang aking mga salita sa hari; ang aking dila ay gaya ng panulat ng bihasang manunulat. [2]Ikaw ang pinakamaganda sa mga anak ng mga tao; ang biyaya ay ibinubuhos sa mga labi mo, kaya't pinagpala ka ng Diyos magpakailanman. [3]Ibigkis mo ang iyong tabak sa iyong hita, O makapangyarihan, sa iyong kaluwalhatian at kamahalan! [4]At sa iyong kamahalan ay sumakay kang nananagumpay para sa mga bagay ng katotohanan, at kaamuan at katuwiran; ang iyong kanang kamay nawa ay magturo sa iyo ng kakilakilabot na mga gawa! [5]Ang iyong mga palaso ay matalas sa puso ng mga kaaway ng hari, ang mga bayan ay nabuwal sa ilalim mo. [6]Ang iyong banal na trono ay magpakailanpaman. Ang iyong setro ng kaharian ay setro ng katarungan; [7]iyong iniibig ang katuwiran at kinasusuklaman ang kasamaan. Kaya't ang Diyos, ang iyong Diyos, ay pinahiran ka ng langis, ng langis ng kagalakan na higit kaysa iyong mga kasamahan. [8]Lahat ng iyong mga damit ay mabango dahil sa mira, mga aloe, at kasia. Mula sa palasyong garing ay pinasasaya ka ng mga panugtog na may kuwerdas. [9]Ang mga anak na babae ng mga hari ay kabilang sa iyong mararangal na babae; sa iyong kanang kamay ay nakatayo ang reyna na may ginto ng Ofir. [10]Pakinggan mo, O anak na babae, iyong isaalang-alang, at ikiling mo ang iyong pandinig, kalimutan mo ang iyong bayan at ang bahay ng iyong magulang; [11]At nanasain ng hari ang iyong ganda; yamang siya'y iyong panginoon, yumukod ka sa kanya. [12]At ang anak na babae ng Tiro ay magsisikap na kunin ang iyong pagtatangi na may kaloob; at ang pinakamayaman sa mga bayan ay hahanap ng iyong kagandahang-loob. [13]Ang anak na babae ng hari ay puspos ng kaluwalhatian sa loob niya, mga gintong hinabi ang kasuotang nasa kanya. [14]Siya'y inihahatid sa hari na may kasuotang makulay, ang mga birhen, kanyang mga kasama na sumusunod sa kanya, ay dadalhin sa kanya. [15]May kasayahan at kagalakan na inihahatid sila habang sila'y nagsisipasok sa palasyo ng hari. [16]Sa halip ng iyong mga magulang ay ang iyong mga anak, gagawin mo silang mga pinuno sa buong lupa. [17]Aking ipapaalala sa lahat ng salinlahi ang iyong pangalan, kaya't ang mga bayan ay magpapasalamat sa iyo magpakailanpaman.

Mat. 12:34b—Mga supling ng mga ulupong, paano kayo makapagsasalita ng mabubuting bagay gayong kayo ay masasama? Sapagkat mula sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig.

2 Cor. 3:3—Yamang nahahayag na kayo ay isang liham ni Kristo na inihain namin, isinulat hindi ng tinta kundi ng Espiritu ng buháy na Diyos; hindi sa mga tapyas na bato kundi sa mga tapyas na pusong laman.

2 Cor. 3:6—Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, *mga tagapaghain* hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

Isa. 6:5-7—Nang magkagayo'y sinabi ko: "Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi, at ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na may maruruming labi; sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, ang Panginoon ng mga hukbo!" 6Nang magkagayo'y lumipad papalapit sa akin ang isa sa mga serafin na may baga sa kanyang kamay na kanyang kinuha ng mga sipit mula sa [altar]. 7Inilapat niya ito sa aking bibig, at nagsabi, "Ngayong lumapat ito sa iyong mga labi, ang iyong kasamaan ay naalis na, at ang iyong kasalanan ay pinatawad na."

II. **Sa Awit ng mga Awit 2:8—3:5, ang mangingibig ni Kristo ay tinatawag Niya upang mailigtas mula sa sarili sa pamamagitan ng kanyang pagiging kaisa ng krus; tatlong napakahahalagang salita ang tumutulong sa atin upang bigyang-kahulugan ang seksiyong ito—*krus, sarili,* at *pagsisiyasat sa sarili.***

A. A. 2:8-17—Ang tinig ng aking giliw! Narito, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. 9Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y sumisilip,10Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin,"Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis; 11Sapagkat, ang taglamig ay lumipas na; ang ulan ay tapos na at wala na. 12Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa; ang panahon ng pag-aawitan ay dumating, at ang tinig ng batu-bato ay naririnig sa ating lupain. 13Lumalabas na ang mga bunga ng puno ng igos, at ang mga puno ng ubas ay namumulaklak, ang kanilang bango'y humahalimuyak. Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis. 14O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig. 15Ihuli ninyo kami ng mga asong-gubat, ng mga munting asong-gubat, na sumisira ng mga ubasan, sapagkat ang aming mga ubasan ay namumulaklak na." 16Ang sinta ko ay akin, at kanya ako; ipinapastol niya ang kanyang kawan sa gitna ng mga liryo. 17Hanggang sa ang araw ay huminga, at ang mga anino'y tumakas, pumihit ka, sinta ko, at ikaw ay maging gaya ng usa o ng batang usa sa mga bundok ng Bether.

A. A. 3:1-5—Sa ibabaw ng aking higaan sa gabi, hinanap ko siyang iniibig ng aking kaluluwa; hinanap ko siya, ngunit hindi ko siya natagpuan. 2"Ako'y babangon at lilibot sa lunsod, sa mga lansangan at sa mga liwasan, hahanapin ko siya na iniibig ng aking kaluluwa." Hinanap ko siya, ngunit hindi ko siya natagpuan. 3Nakita ako ng mga tanod, habang sila'y naglilibot sa lunsod. "Nakita ba ninyo siya na sinisinta ng aking kaluluwa?" 4Halos di pa ako nakakalayo sa kanila, nang masumpungan ko siya na iniibig ng aking kaluluwa. Pinigilan ko siya, at hindi ko hinayaang umalis, hanggang sa siya'y aking nadala sa bahay ng aking ina, at sa silid niya na naglihi sa akin. 5O mga anak na babae ng Herusalem, kayo'y aking pinagbibilinan, alang-alang sa mga usang lalaki at babae sa kaparangan, na huwag ninyong pukawin o gisingin man ang pagmamahal, hanggang sa kanyang maibigan.

III. **"Ang tinig ng aking giliw! Narito, Siya'y dumarating, / Palukso-lukso sa mga bundok, / Palundag-lundag sa mga burol. / Ang aking sinta ay tulad ng [gasela] o ng batang usa. / Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng ating [pader]; / Sa mga bintana'y sumisilip, / Sa mga durungawa'y nagmamasid"—2:8-9:**

A. A. 2:8-9—Ang tinig ng aking giliw! Narito, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. [9]Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y sumisilip.

A. Matapos na ang naghahanap sa Panginoon ay magkaroon ng ilang tagumpay sa paghahabol kay Kristo para sa kanyang kasiyahan, nahulog siya sa pagsisiyasat sa sarili, na nagiging isang paghihiwalay gaya ng isang pader na naglalayo sa kanya sa presensiya ni Kristo—b. 9.

   A. A. 2:9—Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y sumisilip.

B. Ang pagsisiyasat sa sarili ay ang suriin ang sarili sa pamamagitan ng pagtingin sa loob ng *sarili* at pag-aanalisa sa sarili; ang sarili ay nabubuoan ng pagsisiyasat sa sarili—cf. 1 Cor. 4:3-4.

   cf. 1 Cor. 4:3-4—Subalit para sa akin ay isang napakaliit na bagay na ako ay suriin ninyo o ng araw ng tao; ni hindi ko nga sinusuri ang aking sarili. [4]Sapagkat wala akong nalalamang anuman na laban sa aking sarili; subalit hindi ako inaaring-matuwid sa pamamagitan nito, kundi Siya na sumusuri sa akin ay ang Panginoon.

C. Kailangan nating tumingin palayo tungo kay Hesus; ang ating sarili ay hindi karapat-dapat tingnan—Heb. 12:1-2a; Juan 3:14-15; 12:31-32; Bil. 21:4-9.

   Heb. 12:1-2a—Kaya nga, yamang may gayong kakapal na ulap ng mga saksi na nakapalibot sa atin, atin ding isaisantabi ang bawat pabigat at ang kasalanang madaling sumalabid *sa atin* at takbuhíng may pagtitiis ang takbuhang inilagay sa harap natin, [2]Tumitinging palayo tungo kay Hesus, ang Maykatha at Tagapagpasakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa harap Niya ay tiniis Niya ang krus, hinahamak ang kahihiyan, at umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos.

   Juan 3:14-15—At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa ilang, gayundin naman kinakailangang itaas ang Anak ng Tao, [15]Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

   Juan 12:31-32—Ngayon ang paghatol sa sanlibutang ito; ngayon ay palalayasin ang pinuno ng sanlibutang ito. [32]At Ako, kung itataas Ako mula sa lupa, palalapitin ang lahat ng tao sa Aking sarili.

   Bil. 21:4-9—Sila'y naglakbay mula sa bundok ng Hor patungo sa Dagat na Pula upang umikot sa lupain ng Edom; at ang damdamin ng mga tao ay nainip sa daan. [5]Ang bayan ay nagsalita laban sa Diyos at laban kay Moises, "Bakit ninyo kami iniahon mula sa Ehipto, upang mamatay sa ilang? Sapagkat walang pagkain at walang tubig at ang kaluluwa namin ay nasusuya na sa walang kuwentang pagkaing ito." [6]Pagkatapos, [si Jehovah] ay nagsugo ng mga makamandag na ahas sa mga taong-bayan, at tinuklaw ng mga ito ang mga tao, kaya't marami sa Israel ang namatay. [7]Ang bayan ay pumunta kay Moises at nagsabi, "Kami ay nagkasala, sapagkat kami ay nagsalita laban [kay Jehovah] at laban sa iyo. Idalangin mo [kay Jehovah], na kanyang alisin sa amin ang mga ahas. At idinalangin ni Moises ang bayan. [8]At sinabi [ni Jehovah] kay Moises, "Gumawa ka ng isang makamandag na ahas at ipatong mo sa isang tikin, at bawat taong nakagat ay mabubuhay kapag tumingin doon." [9]Kaya't si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin, at kapag may nakagat ng ahas, at tumingin ang taong iyon sa ahas na tanso ay nabubuhay.

D. Ang Kanyang paglukso sa mga bundok at paglundag sa mga burol tulad ng gasela o batang usa ay sumasagisag sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo upang daigin ang lahat ng paghihirap at balakid; bilang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli, Siya ang lumulukso sa bundok at lumulundag sa burol na Kristo—A. A. 2:8-9.

A. A. 2:8-9—Ang tinig ng aking giliw! Narito, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. 9Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y sumisilip.

E. Ang naghahanap sa Panginoon ay nadidismaya sa kanyang pagsisiyasat sa sarili, subalit tinatawag siya ng Panginoon tungo sa tagsibol —bb. 10-11; cf. Heb. 3:7-8; Juan 8:58.

A. A. 2:10-11—Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin,"Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis; 11Sapagkat, ang taglamig ay lumipas na; ang ulan ay tapos na at wala na.

cf. Heb. 3:7-8—Kaya, gaya ng sinasabi ng Espiritu Santo, "Ngayon, kung maririnig ninyo ang Kanyang tinig, 8Huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso na gaya ng sa pagpapagalit, sa araw ng pagsubok sa ilang.

Juan 8:58—Sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Bago pa umiral si Abraham ay Ako nga.

F. Kapag tumitingin siya sa kanyang sarili, ito ay taglamig ng pagkakahimbing; kapag tumitingin siya palayo tungo sa nabuhay na muling Kristo, pumapasok siya sa yugto ng tagsibol, ang yugto ng pagkabuhay na muli—A. A. 2:10-13.

A. A. 2:10-13—Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin,"Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis; 11Sapagkat, ang taglamig ay lumipas na; ang ulan ay tapos na at wala na. 12Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa; ang panahon ng pag-aawitan ay dumating, at ang tinig ng batu-bato ay naririnig sa ating lupain. 13Lumalabas na ang mga bunga ng puno ng igos, at ang mga puno ng ubas ay namumulaklak, ang kanilang bango'y humahalimuyak. Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis.

G. Ang lihim sa tagumpay ay ang hindi kailanman tumingin sa ating sarili nang hiwalay kay Kristo at hindi kailanman isaalang-alang ang sarili na labas kay Kristo—Heb. 12:1-2a.

Heb. 12:1-2a—Kaya nga, yamang may gayong kakapal na ulap ng mga saksi na nakapalibot sa atin, atin ding isaisantabi ang bawat pabigat at ang kasalanang madaling sumalabid sa atin at takbuhíng may pagtitiis ang takbuhang inilagay sa harap natin, 2Tumitinging palayo tungo kay Hesus, ang Maykatha at Tagapagpasakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa harap Niya ay tiniis Niya ang krus, hinahamak ang kahihiyan, at umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos.

IV. "O kalapati ko, na nasa mga [bitak] ng bato, / Sa puwang ng bangin, / Ipakita mo sa akin ang iyong mukha, / Iparinig mo sa akin ang iyong tinig; / Sapagkat matamis ang iyong tinig, / At ang iyong mukha ay kaibig-ibig"—A. A. 2:14:

A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

A. Naililigtas tayo mula sa sarili sa pamamagitan ng ating pagiging kaisa ng krus sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang pakikisalamuha—b. 14:

A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

1. Ninanais ni Kristo na ang naghahanap sa Kanya, ang Kanyang kalapati, ay patuloy na manatili sa naipako sa krus na kalagayan, iyon ay, manatili sa Kanya bilang mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin—b. 14; Gal. 2:20; 1 Cor. 15:31; 2 Cor. 4:10-11.
   A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.
   Gal. 2:20—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang *buha*y na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang *pananampalataya* ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.
   1 Cor. 15:31—Ipinahahayag ko sa pamamagitan ng pagmamapuri ukol sa inyo, mga kapatid, na taglay ko kay Kristo Hesus na ating Panginoon, araw-araw ay namamatay ako.
   2 Cor. 4:10-11—Palaging tinataglay sa katawan ang paglalagay sa kamatayan ni Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming katawan. [11]Sapagkat kaming nabubuhay ay laging dinadala sa kamatayan alang-alang kay Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming laman na may kamatayan.
2. Gayunpaman, ang manatili sa krus ay isang mahirap na bagay, tulad ng pagpasok sa mga bitak ng bato at sa puwang ng matarik na bangin ng mga bundok sa pamamagitan ng bako-bakong daan.
3. Ang ating pagkakapako sa krus ay hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay o kalakasan kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli, sa pamamagitan ng presensiya ng Kristong lumulukso sa bundok at lumulundag sa burol, ang "usa ng pagbubukang-liwayway"—Awit 22 pamagat; Kaw. 4:18.
   Awit 22 pamagat—Sa Punong Mang-aawit: ayon sa Usa ng Pagbubukang-liwayway. Awit ni David.
   Kaw. 4:18—Ngunit ang landas ng matuwid ay parang liwanag ng bukang-liwayway,/ na sumisikat ng higit at mas maliwanag hanggang maging ganap na araw.
4. Upang mapalakas at mahikayat ang Kanyang mangingibig na bumangon at umalis sa kanyang mababang sitwasyon sa kanyang pagsisiyasat ng sarili, pinalalakas siya ni Kristo sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanya ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli (A. A. 2:8-9), at hinihikayat Niya siya sa pamamagitan ng yumayabong na kayamanan ng Kanyang pagkabuhay na muli (bb. 10-13).
   A. A. 2:8-9—Ang tinig ng aking giliw! Narito, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. [9]Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y sumisilip,
   A. A. 2:10-13—Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa akin,"Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis; [11]Sapagkat, ang taglamig ay lumipas na; ang ulan ay tapos na at wala na. [12]Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa; ang panahon ng pag-aawitan ay dumating, at ang tinig ng batu-bato ay naririnig sa ating lupain. [13]Lumalabas na ang mga bunga ng puno ng igos, at ang mga puno ng ubas ay namumulaklak, ang kanilang bango'y humahalimuyak. Bumangon ka, maganda kong sinta, at tayo'y umalis.
5. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay, na tayo, ang mga mangingibig ni Kristo, ay nagpapasya na kunin ang krus sa pamamagitan ng pagtatatwa sa ating sarili; sa

pamamagitan din ng kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo na tayo ay nabibigyang-kakayahan na maiwangis sa Kanyang kamatayan sa pamamagitan ng pagiging kaisa ng Kanyang krus—Mat. 16:24; Fil. 3:10; Roma 8:13.

Mat. 16:24—Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

Fil. 3:10—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na *ako ay* iwinawangis sa Kanyang kamatayan,

Roma 8:13—Sapagkat kung kayo ay namumuhay ayon sa laman, kayo ay kailangang mamatay, ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu ay inilalagay ninyo sa kamatayan ang mga gawa ng katawan, kayo ay mabubuhay.

6. Ang realidad ng pagkabuhay na muli ay ang malahanging Kristo (Juan 11:25), na bilang napasukdol na Espiritu ay naninirahan sa loob at naisasama sa ating naisilang na muling espiritu (Roma 8:16; 1 Cor 6:17).

Juan 11:25—Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay.

Roma 8:16—Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

1 Cor. 6:17—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

B. Sa gayong pinagsamang espiritu na tayo ay nakikibahagi at nararanasan ang pagkabuhay na muli ni Kristo, na nagbibigay-kakayahan sa atin na maging kaisa ng krus upang mailigtas mula sa sarili at matransporma tungo sa isang bagong tao sa bagong paglikha ng Diyos para sa katuparan ng ekonomiya ng Diyos sa pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo.

V. Kailangan nating mamatay araw-araw, pasanin ang ating krus araw-araw, naiwawangis sa kamatayan ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu bilang kapangyarihan at kayamanan ng Kanyang pagkabuhay na muli para sa kapakanan ng Kanyang Katawan—15:31, 36; Luc. 9:23; Fil. 3:10; cf. Hos. 6:1-3:

1 Cor. 15:31—Ipinahahayag ko sa pamamagitan ng pagmamapuri ukol sa inyo, mga kapatid, na taglay ko kay Kristo Hesus na ating Panginoon, araw-araw ay namamatay ako.

1 Cor. 15:36—Taong mangmang, ang iyong inihahasik ay hindi binubuhay malibang ito ay mamatay.

Luc. 9:23—At sinabi Niya sa *kanilang* lahat, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus araw-araw at sumunod sa Akin.

Fil. 3:10—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na *ako ay* iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

cf. Hos. 6:1-3—"Halikayo at tayo'y manumbalik [kay Jehovah]; sapagkat siya ang lumapa, ngunit pagagalingin niya tayo; sinugatan niya tayo ngunit tayo'y kanyang bebendahan. [2]Pagkatapos ng dalawang araw ay muli niya tayong bubuhayin; sa ikatlong araw ay ibabangon niya tayo, upang tayo'y mabuhay sa harap niya. [3]At ating kilalanin, tayo'y magpatuloy upang makilala [si Jehovah];ang kanyang paglabas ay kasintiyak ng bukang-liwayway; at siya'y paparito sa atin na parang ulan, tulad ng ulan sa tagsibol na dumidilig sa lupa."

A. Kailangan nating tahakin ang daan ng katuwiran sa pamamagitan ng pagpasok sa

pangitain at ministeryo ng kapanahunan, kinikilala na tayo ay mainam lamang para sa kamatayan at paglilibing upang matamasa natin ang bukás na kalangitan, ang bumababang Espiritu ng Diyos, at ang pagsasalita ng Ama—Mat. 3:13-17; 21:32; cf. Ezek. 3:1-3.

Mat. 3:13-17—Pagkatapos ay dumating si Hesus mula sa Galilea patungo kay Juan sa Jordan upang mabautismuhan niya. 14Subalit sinubukan Siyang pigilan ni Juan, na nagsasabi, Ako ang kailangang mabautismuhan Mo, at lumalapit Ka sa akin? 15Subalit sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Hayaan mo ngayon, sapagkat ganito ang nararapat sa atin, upang tuparin ang lahat ng katuwiran. Pagkatapos ay kanyang pinayagan Siya. 16At nang mabautismuhan, agad na umahon si Hesus mula sa tubig, at narito, ang kalangitan ay nabuksan sa Kanya, at nakita Niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang isang kalapati at padapo sa Kanya. 17At narito, may isang tinig mula sa kalangitan, na nagsasabi, Ito ang Aking Anak, ang Minamahal, sa Kanya Ko nasumpungan ang Aking kaluguran.

Mat. 21:32—Sapagkat dumating si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi kayo naniwala sa kanya, subalit ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay naniwala sa kanya. At kayo, nang makita ninyo *ito*, kalaunan ay hindi nagsisi upang maniwala sa kanya.

Ezek. 3:1-3—Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, kainin mo ang iyong natagpuan. Kainin mo ang balumbong ito, at ikaw ay humayo, magsalita ka sa sambahayan ni Israel." 2Kaya't ibinuka ko ang aking bibig at ipinakain niya sa akin ang balumbon. 3Sinabi niya sa akin, "Anak ng tao, kainin mo ito at busugin mo ang iyong tiyan." Kaya't kinain ko iyon at sa aking bibig ay naging parang pulot sa tamis.

B. Kailangan nating tamasahin ang mahalagang kamatayan ni Kristo kasama ang matamis na bisa nito at ang mahalagang pagkabuhay na muli ni Kristo kasama ang nagtataboy na kapangyarihan nito sa loob ni Kristo bilang ang timpladang Espiritu para sa buhay-ekklesia—Exo. 30:23-25; Roma 14:17-18; cf. Fil. 1:19-21; 2:13; 3:10; 4:11-13.

Exo. 30:23-25—Magdala ka rin ng pinakamaiinam na pabango: ng purong mira na limang daang siklo, at ng mabangong kanela na kalahati nito ang dami, dalawang daan at limampu; at ng mabangong kalamo na dalawang daan at limampu, 24At ng kasia, limang daan, ayon sa siklo ng santuwaryo, at ng langis ng olibo na isang hin; 25At gagawa ka mula sa mga ito ng banal na [pamahid na langis], isang pabangong tinimpla ayon sa pagtitimpla ng manggagawa ng pabango; siya ngang magiging banal na[pamahid na langis].

Roma 14:17-18—Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi pagkain at pag-inom, kundi katuwiran at kapayapaan at kagalakan sa Espiritu Santo. 18Sapagkat siyang naglilingkod kay Kristo sa ganito ay kalugod-lugod sa Diyos at aprobado ng mga tao.

cf. Fil. 1:19-21—Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at *ng* masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, 20Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. 21Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

Fil. 2:13—Sapagkat Diyos ang gumagawa sa loob ninyo kapwa ng pagnanais at ng paggawa para sa *Kanyang* mabuting kaluguran.

Fil. 3:10—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na *ako ay* iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

Fil. 4:11-13—Hindi sa ako ay nagsasalita dahil sa kasalatan, sapagkat aking natutuhan ang masiyahan sa anumang kalagayang aking kinaroroonan. 12Alam ko rin kung paano mapababa, at alam ko kung paano managana; sa bawat bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim kapwa sa kabusugan at sa kagutuman, kapwa sa kasaganaan at sa kasalatan. 13Magagawa ko ang lahat ng bagay sa loob Niya na nagpapalakas sa akin.

C. Kailangan nating pasanin ang krus, na nangangahulugang kunin ang kalooban ng Diyos; ang krus ay ang kalooban ng Diyos, at ang kalooban ng Diyos ay ang ating pagkain—Mat. 26:39; Heb. 10:5-10; Juan 4:34:

Mat. 26:39—At nang makalayo-layo nang kaunti, Siya ay nagpatirapa at nanalangin, na nagsasabi, Ama Ko, kung posible, lumampas nawa sa Akin ang sarong ito; gayunma'y hindi ang ayon sa kalooban Ko, kundi ang ayon sa *kalooban* Mo.

Heb. 10:5-10—Kaya, pagdating sa sanlibutan, sinasabi Niya, "Ang hain at handog ay hindi Mo ninais, ngunit isang katawan ang inihanda Mo para sa Akin. 6Sa mga handog na sinusunog at *mga hain* para sa kasalanan ay hindi Ka nalugod. 7Pagkatapos ay sinabi Ko, Narito, Ako ay dumating (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa Akin) upang gawin ang Iyong kalooban, O Diyos." 8Sa itaas ay sinasabi, "Ang mga hain at mga handog at mga handog na sinusunog at *mga hain* para sa kasalanan ay hindi Mo ninais ni kinalugdan" (na mga inihahandog ayon sa kautusan), 9Pagkatapos ay sinabi Niya, "Narito, Ako ay dumating upang gawin ang Iyong kalooban." Inaalis Niya ang una upang maitatag Niya ang ikalawa, 10Na sa pamamagitan ng kaloobang iyon ay pinabanal na tayo sa pamamagitan ng paghahandog ng katawan ni Hesu-Kristo nang minsanan.

Juan 4:34b—Sinabi sa kanila ni Hesus, Ang Aking pagkain ay ang gawin ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin at tapusin ang Kanyang gawain.

1. Ang iisang ekklesia ay kalooban ng Diyos, at bawat kapatid sa ekklesia ay kalooban ng Diyos; kaya, ang pasanin ang krus ay ang pasanin ang ekklesia at pasanin ang lahat ng banal upang tayo ay magkaroon ng tunay na kaisahan—Efe. 4:1-3; 1 Cor. 1:10; Fil. 2:2.

   Efe. 4:1-3—Kaya't namamanhik ako sa inyo, ako, na bilanggo sa loob ng Panginoon, na kayo ay lumakad nang karapat-dapat sa pagtawag na sa inyo ay itinawag, 2Nang may buong kapakumbabaan at kaamuan, nang may pagtitiis, binabatá ang isa't isa sa loob ng pag-ibig, 3Na pinagsusumakitang ingatan ang kaisahan ng Espiritu sa nagpapaging-isang tali ng kapayapaan.

   1 Cor. 1:10—Ngayon ay ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na kayong lahat ay magsalita ng parehong bagay at *na* huwag magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo, kundi *na* kayo ay maging magkakatugma sa parehong kaisipan at sa parehong opinyon.

   Fil. 2:2b—Lubusin ninyo ang aking kagalakan, na kayo ay mag-isip ng parehong bagay, nagtataglay ng parehong pag-ibig, magkahugpong sa kaluluwa, nag-iisip ng isang bagay.

2. Ang kaisahan sa dibinong kaluwalhatian ay naisasarealidad kapag ang sarili ay lubusang naitatatwa, at tayo ay nakasentro sa Katawan, hindi nakasentro sa sarili—Juan 17:21-23; 1 Cor. 12:24-25.

   Juan 17:21-23—Upang silang lahat ay maging isa; gaya Mo, Ama, na nasa Akin at Ako ay nasa Iyo, upang sila ay mapasa-Atin din; upang ang sanlibutan ay maniwala na isinugo Mo Ako. 22At ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, gaya naman Natin na iisa; 23Ako ay nasa kanila, at Ikaw ay

nasa Akin, upang sila ay mapasakdal na maging isa, upang malaman ng sanlibutan na isinugo Mo Ako at inibig Mo sila kung paanong inibig Mo Ako.

1 Cor. 12:24-25—Ngunit ang ating magagandang *sangkap* ay walang kailangan. Subalit pinaghalo ng Diyos ang katawan, binibigyan ng higit na saganang karangalan ang *sangkap* na may kakulangan, [25]Upang hindi magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa katawan, kundi *na* ang mga sangkap ay magkaroon ng magkakatulad na malasakit sa isa't isa.

3. Ang krus ay ang kalooban ng Diyos sa ating panlabas na kapaligiran at ang pagpatay ni Hesus sa ating panloob na katauhan, na gumagawang magkasama upang patayin ang ating natural na tao at hubugin tayong muli ng Diyos ng pagkabuhay na muli—2 Cor. 4:10-12; 12:7-10; 13:3-4.

   2 Cor. 4:10-12—Palaging tinataglay sa katawan ang paglalagay sa kamatayan ni Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming katawan. [11]Sapagkat kaming nabubuhay ay laging dinadala sa kamatayan alang-alang kay Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming laman na may kamatayan. [12]Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa loob namin, ngunit buhay ang sa inyo.

   2 Cor. 12:7-10—At dahil sa lumalampas na kataasan ng mga pahayag, upang hindi ako labis na magmataas, binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang sugo ni Satanas, upang ako ay saktan niya, upang hindi ako labis na magmataas. [8]Tungkol dito ay tatlong ulit akong namanhik sa Panginoon na maalis ito sa akin. [9]At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin. [10]Kaya ako ay nalulugod sa mga kahinaan, sa mga pangungutya, sa mga pangangailangan, sa mga pag-uusig at mga paghihinagpis, alang-alang kay Kristo; sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.

   2 Cor. 13:3-4—Yamang naghahanap kayo ng katibayan ukol kay Kristo na nagsasalita sa loob ko, na hindi mahina tungo sa inyo kundi makapangyarihan sa loob ninyo. Sapagkat totoong ipinako Siya mula sa kahinaan, ngunit Siya ay nabubuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. [4]Sapagkat totoong kami ay mahihina sa loob Niya, ngunit kami ay mabubuhay na kasama Niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na patungo sa inyo.

4. Ang pasanin ang krus para sa Katawan ay ang hayaang mamagitan ang kapayapaan ni Kristo sa ating mga puso, kunin ang nagpapatawad na Panginoon bilang ating buhay, tanggapin ang mga mananampalataya ng Panginoon, at lumayo sa mga nagsasanhi ng mga pagkakabaha-bahagi at nagpapalaganap ng kamatayan—Col. 3:12-15; Kaw. 25:15, 20, 26; Roma 15:7; 16:17; Bil. 6:6-7; Lev. 5:2.

   Col. 3:12-15—Kaya't magbihis kayo, bilang mga pinili ng Diyos, mga banal at minamahal, ng mga panloob na bahagi na kahabagan, kagandahang-loob, kababaang-loob, kaamuan, pagtitiis; [13]Pinagtitiisan ang isa't isa at pinatatawad ang isa't isa, kung may reklamo ang sinuman laban sa kaninuman; kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, gayundin kayo *ay dapat magpatawad*. [14]At higit sa lahat ng bagay na ito ay *magbihis* kayo ng pag-ibig, na siyang nagpapaging-isang tali ng kasakdalan. [15]At hayaan ang kapayapaan ni Kristo na mamagitan sa inyong mga puso, na ukol dito ay tinawag din kayo sa isang Katawan; at kayo ay maging mapagpasalamat.

   Kaw. 25:15—Sa pamamagitan ng pagtitiyaga maaaring mahikayat ang pinuno, at ang malumanay na dila ay bumabali ng buto.

   Kaw. 25:20—Ang umaawit ng mga awit sa pusong mabigat, ay tulad ng nag-aalis ng damit sa panahon ng tagginaw, at tulad ng suka sa sugat.

Kaw. 25:26—Tulad ng malabong balon at maruming bukal, ang taong matuwid na sa masama'y nagbibigay-daan.

Roma 15:7—Kaya't tanggapin ninyo ang isa't isa, kung paanong tinanggap din kayo ni Kristo sa ikaluluwalhati ng Diyos.

Roma 16:17—Ngayon ay hinihikayat ko kayo, mga kapatid, na bantayan ninyong mabuti ang mga gumagawa ng mga pagkakabaha-bahagi at mga katitisurang laban sa pagtuturong inyong natutuhan, at layuan ninyo sila.

Bil. 6:6-7—"Sa lahat ng araw ng kanyang pagbubukod ng kanyang sarili para [kay Jehovah] ay hindi siya lalapit sa bangkay. 7Maging sa kanyang ama o sa kanyang ina, o sa kanyang kapatid na lalaki, o babae, kapag sila'y namatay ay hindi siya magpapakarumi, sapagkat ang kanyang pagkakabukod para sa Diyos ay nasa kanyang ulo.

Lev. 5:2—O kung ang sinuman ay nakahipo ng alinmang bagay na marumi, o maging ito ay bangkay ng mabangis na hayop na marumi, o bangkay ng umuusad na marumi, at di niya iyon nalaman, siya'y magiging marumi at nagkakasala.

D. Kailangan nating tamasahin ang napako sa krus at nabuhay na muling Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay upang maging solusyon sa lahat ng suliranin sa buhay-ekklesia—1 Cor. 1:9; 2:2; 15:45b, 58.

1 Cor. 1:9—Ang Diyos ay tapat, na sa pamamagitan Niya ay tinawag kayo tungo sa salamuha ng Kanyang Anak, si Hesu-Kristo na ating Panginoon.

1 Cor. 2:2—Sapagkat hindi ko ipinasyang malaman ang anuman sa inyo maliban kay Hesu-Kristo, at ang Isang ito na ipinako sa krus.

1 Cor. 15:45b—Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay *naging* Espiritung nagbibigay-buhay.

1 Cor. 15:58—Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, maging matatag kayo, di-natitinag, laging sumasagana sa gawain ng Panginoon, nalalamang ang inyong pagpapagal ay hindi walang kabuluhan sa Panginoon.

E. Kailangan nating kainin ang napako sa krus at nabuhay na muling Kristo bilang puno ng buhay, kinukuha Siya bilang ating pang-araw-araw na "antibiyotiko"—Apoc. 2:7; 1 Ped. 2:24; 3:18; Juan 6:57.

Apoc. 2:7—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

1 Ped. 2:24—Siya Mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa puno, upang tayo, na namatay sa mga kasalanan, ay mabuhay sa katuwiran; dahil sa Kanyang mga sugat ay gumaling kayo.

1 Ped. 3:18—Sapagkat si Kristo man ay nagdusa nang minsan dahil sa mga kasalanan, ang Matuwid alang-alang sa mga di-matuwid, upang madala Niya kayo sa Diyos, sa isang panig ay inilagay sa kamatayan sa laman, ngunit sa kabilang panig, ay binuhay sa Espiritu.

Juan 6:57—Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

F. Kailangan nating tamasahin ang napako sa krus, limitadong Hesus bilang lupain ng trigo at ang nabuhay na muli, walang limitasyong Kristo bilang lupain ng sebada—Deut. 8:8; Juan 12:24; 6:9.

Deut. 8:8—Lupain ng trigo, sebada, puno ng ubas, mga puno ng igos, mga granada, mga puno ng olibo at ng pulot.

Juan 12:24—Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

Juan 6:9—May isang batang lalaki rito na may limang tinapay na sebada at dalawang isda; subalit gaano na ang mga ito sa ganito karaming tao?

G. Kailangan nating tamasahin ang napako sa krus na Kristo bilang ating espiritwal na bato sa pamamagitan ng pag-inom sa Kanya at pagpapadaloy sa Kanya bilang tubig ng buhay sa pagkabuhay na muli upang iligtas tayo mula sa inikidad ng santuwaryo—1 Cor. 10:4; Juan 19:34; Exo. 17:6; Bil. 20:8; 18:1; Jer. 2:13; Juan 7:37-39; Ezek. 47:1; Apoc. 22:1.

1 Cor. 10:4—At lahat ay uminom ng parehong espiritwal na inumin; sapagkat sila ay uminom sa espiritwal na bato na sumunod *sa kanila*, at ang bato ay si Kristo.

Juan 19:34—Ngunit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran, at kaagad ay may lumabas na dugo at tubig.

Exo. 17:6—Ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong hahampasin ang bato, at bubukalan ito ng tubig, upang ang bayan ay makainom." At gayon ang ginawa ni Moises sa paningin ng matatanda sa Israel.

Bil. 20:8—"Kunin mo ang tungkod at tipunin mo ang kapulungan, ikaw at ang kapatid mong si Aaron, at magsalita kayo sa bato sa harapan nila upang magbigay ito ng kanyang tubig. Sa gayon ka maglalabas ng tubig para sa kanila mula sa bato; gayon ka magbibigay ng inumin para sa kapulungan at sa kanilang mga hayop."

Bil. 18:1—Sinabi [ni Jehovah] kay Aaron, "Ikaw at ang iyong mga anak at ang sambahayan ng iyong mga magulang na kasama mo ay magpapasan ng kasalanan ukol sa santuwaryo, at ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo ay magpapasan ng kasalanan ng inyong pagiging [saserdote].

Jer. 2:13—Sapagkat ang bayan Ko ay gumawa ng dalawang kasamaan: tinalikuran nila Ako, ang bukal ng mga tubig na buháy, at gumawa para sa kanila ng mga tipunan ng tubig na mga sirang tipunan na hindi malagyan ng tubig.

Juan 7:37-39—Nang huling araw nga, ang dakilang *araw* ng kapistahan, tumayo si Hesus at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin at uminom. [38]Ang sumasampalataya tungo sa Akin, gaya ng sinabi ng Kasulatan, mula sa kaibuturan ng kanyang katauhan ay aagos ang mga ilog ng buháy na tubig. [39]Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat *ang* Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati.

Ezek. 47:1—Ibinalik Niya ako sa pintuan ng bahay, at narito, ang tubig ay lumalabas sa ilalim ng pasukan ng bahay sa dakong silangan (sapagkat ang bahay ay nakaharap sa silangan); at ang tubig ay umaagos mula sa ilalim ng dakong kanan ng bahay, mula sa timog ng [altar].

Apoc. 22:1—At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

H. Kailangan nating kunin ang napako sa krus at nabuhay na muling Kristo bilang ating pinaninirahang lugar, ating dakong kublihan, ang lihim na dako ng Kataas-taasan—A. A. 2:14; Awit. 90:1; 91:1; 31:20; 83:3; Isa. 32:2; Exo. 33:22; cf. Mat. 6:6; Juan 14:23.

A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

Awit 90:1—Panginoon, ikaw ay naging aming tahanang dako sa lahat ng salinlahi.

Awit 91:1—Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan, ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan.

Awit 31:20—Sa iyong harapan ay palihim mo silang ikinubli sa mga banta ng mga tao; ligtas mo silang iniingatan sa lilim ng iyong tirahan mula sa palaaway na mga dila.

Awit 83:3—Sila'y naghanda ng mga tusong panukala laban sa iyong bayan, sila'y nagsanggunian laban sa iyong mga iniingatan.

Isa. 32:2—Bawat isa ay magiging gaya ng isang kublihang dako laban sa hangin, at kanlungan mula sa bagyo, gaya ng mga agos ng tubig sa tuyong dako, gaya ng lilim ng malaking bato sa pagod na lupain.

Exo. 33:22—At samantalang ang Aking kaluwalhatian ay dumaraan, Aking ilalagay ka sa isang bitak ng bato, at tatakpan kita ng Aking kamay hanggang sa Ako'y makaraan.

cf. Mat. 6:6—Subalit ikaw, kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong pribadong silid, at isara mo ang iyong pinto at manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim; at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ang gaganti sa iyo.

Juan 14:23—Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.

I. Kailangan nating mamuhay ng isang dalisay at simpleng buhay ng pagtitiwala sa Diyos sa gitna ng halo-halo at komplikadong sitwasyon—A. A. 2:2; 1 Hari 7:17-20; Mat. 6:28.

A. A. 2:2—Kung ano ang liryo sa gitna ng mga tinikan, gayon ang aking pag-ibig sa gitna ng mga kadalagahan.

1 Hari 7:17-20—May mga lambat na nilala, at mga tirintas na yaring tanikala para sa mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; pito sa isang kapitel, at pito sa isa pang kapitel. 18Gayundin, gumawa siya ng mga granada sa dalawang hanay sa palibot ng isang yaring lambat upang takpan ang mga kapitel na nasa itaas ng mga granada, gayundin ang ginawa niya sa kabilang kapitel. 19Ang mga kapitel na nasa ibabaw ng mga haligi sa pasilyo ay mga yaring liryo, na apat na siko. 20Ang mga kapitel ay nasa ibabaw ng dalawang haligi at sa itaas ng nakausling pabilog na nasa tabi ng yaring lambat. Ang mga granada ay dalawandaan na dalawang hanay sa palibot; at gayundin sa ibang kapitel.

Mat. 6:28—At bakit kayo nababalisa hinggil sa pananamit? Isaalang-alang ninyong mabuti ang mga lirio sa parang, kung paano sila lumalago. Hindi sila nagpapagal ni nag-iikid ng *sinulid* man.

J. Kailangan nating patuloy na ensayuhin ang ating espiritu upang itatwa ang sarili, na kapwa pagsasakatawan ni Satanas at ang kaluluwa na nagdedeklara ng pagsasarili mula sa Diyos—Roma 1:9; Mat. 16:22-24.

Roma 1:9—Sapagkat saksi ko ang Diyos, na siyang aking pinaglilingkuran sa aking espiritu sa ebanghelyo ng Kanyang Anak, kung paanong walang patid ko kayong binabanggit lagi sa aking mga panalangin.

Mat. 16:22-24—At dinala Siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagwikaan Siya, na sinasabi, Kaawaan Ka nawa *ng Diyos*, Panginoon! Hinding-hindi ito mangyayari sa Iyo! 23Subalit lumingon Siya at sinabi Niya kay Pedro, Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas! Ikaw ay isang katitisuran sa Akin, sapagkat hindi mo itinutuon ang iyong kaisipan sa mga bagay ng Diyos, kundi sa mga bagay ng tao. 24Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

K. Kailangan nating sundan ang huwaran ng Panginoong Hesus, na namuhay ng isang napako sa krus na buhay upang ihayag ang dibinong buhay, ipinamumuhay ang mga dibinong katangian bilang Kanyang mga pantaong kagalingan; ang sundan Siya bilang ating modelo sa pang-intrinsikong paraan ay ang taglayin sa ating katawan ang mga tatak ni Hesus sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo—Juan 5:30; 1 Ped. 2:21; Gal. 6:17-18.

Juan 5:30—Hindi Ako makagagawa ng anuman mula sa Aking sarili; humahatol Ako ayon sa Aking naririnig, at ang Aking paghatol ay matuwid, sapagkat hindi Ko hinahanap ang Aking sariling kalooban kundi ang kalooban Niyaong nagsugo sa Akin.

1 Ped. 2:21—Sapagkat ukol dito ay tinawag kayo, dahil si Kristo rin naman ay nagdusa alang-alang sa inyo, nag-iwan sa inyo ng modelo upang kayo ay sumunod sa Kanyang mga yapak.

Gal. 6:17-18—Kaya mula ngayon ay huwag akong guluhin ninuman, sapagkat taglay ko sa aking katawan ang mga tatak ni Hesus. [18]Ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu, mga kapatid. Amen.

L. Kailangan nating maglingkod sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos at walang pagtitiwala sa ating sarili—Fil. 3:3; 1 Tes. 3:13; 2 Cor. 4:5; 1 Cor. 10:31; cf. Kaw. 25:28; 28:25-26; 29:23.

Fil. 3:3—Sapagkat tayo ang pagtutuli, ang mga naglilingkod sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos at nagmamapuri sa loob ng Kristo Hesus at walang pagtitiwala sa laman.

1 Tes. 3:13—Upang mapatatag Niya ang inyong mga puso na walang kapintasan sa kabanalan sa harap ng ating Diyos at Ama sa pagdating ng ating Panginoong Hesus kasama ang lahat ng Kanyang mga banal.

2 Cor. 4:5—Sapagkat hindi namin ipinangangaral ang aming sarili kundi si Kristo Hesus bilang Panginoon, at ang aming sarili bilang inyong mga alipin alang-alang kay Hesus.

1 Cor. 10:31—Kaya kumakain man kayo o umiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos.

cf. Kaw. 25:28—Siyang hindi nagpipigil ng kanyang sarili, ay parang lunsod na winasak at walang pader na nalabi.

Kaw. 28:25-26—Nag-uudyok ng away ang taong sakim, ngunit ang nagtitiwala sa Panginoon ay payayamanin. [26]Siyang nagtitiwala sa kanyang sariling puso ay hangal; ngunit maliligtas ang lumalakad na may katalinuhan.

Kaw. 29:23—Ang kapalaluan ng tao ang sa kanya'y magpapababa, ngunit magtatamo ng karangalan ang may mapagpakumbabang diwa.

M. Kailangan nating makita ang pangitain hinggil sa napako sa krus na Kristo at iaplay ang krus ni Kristo sa ating mapapait na sitwasyon at sa ating mapait na katauhan upang tamasahin ang nabuhay na muling Kristo bilang ating Tagapagpagaling at nagpapagaling na kapangyarihan —Exo. 15:22-27; 1 Ped. 2:24; Apoc. 2:7; Mat. 9:12.

Exo. 15:22-27—Patuloy na pinangunahan ni Moises ang Israel mula sa Dagat na Pula, at sila'y lumabas sa ilang ng Shur; sila'y lumakad ng tatlong araw sa ilang at hindi nakatagpo ng tubig. [23]Nang sila'y dumating sa Mara, hindi nila mainom ang tubig sa Mara, sapagkat ito ay mapait. Kaya't tinawag itong Mara. [24]Nagreklamo ang bayan kay Moises, na sinasabi, "Anong aming iinumin?" [25]Siya'y dumaing [kay Jehovah] at itinuro sa kanya [ni Jehovah] ang isang punungkahoy; inihagis niya ito sa tubig, at ang tubig ay tumamis. Doon, gumawa [si Jehovah] para sa kanila ng isang batas at tuntunin. Doon ay sinubok Niya sila, [26]na sinasabi, "Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig [ni Jehovah] mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Ehipcio; sapagkat Ako [si Jehovah] na nagpapagaling sa iyo." [27]Sila'y dumating sa Elim, kung saan mayroong labindalawang bukal ng tubig, at pitumpung puno ng palma; at sila'y humimpil doon sa tabi ng tubig.

1 Ped. 2:24—Siya Mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa puno, upang tayo, na namatay sa mga kasalanan, ay mabuhay sa katuwiran; dahil sa Kanyang mga sugat ay gumaling kayo.

Apoc. 2:7—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

Mat. 9:12—Ngayon nang marinig Niya *ito*, sinabi Niya, Ang malalakas ay hindi nangangailangan ng manggagamot, Kundi ang mga maysakit.

N. Kailangan nating "paganahin" ang kautusan ng pumapatay at bumubuhay na muling Espiritu ng buhay, pinananatili ang ating sarili sa palagiang pakikipag-ugnayan at paghipo sa Panginoon, upang manatili sa dibinong pamamahagi para sa dibinong ekonomiya—Roma 8:2, 10, 6, 11, 13.

Roma 8:2—Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

Roma 8:10—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

Roma 8:6—Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

Roma 8:11—At kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.

Roma 8:13—Sapagkat kung kayo ay namumuhay ayon sa laman, kayo ay kailangang mamatay, ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu ay inilalagay ninyo sa kamatayan ang mga gawa ng katawan, kayo ay mabubuhay.

VI. Ang kinalabasan ng ating pagkakaligtas mula sa sarili sa pamamagitan ng ating pagiging kaisa ng krus ay yaong nararanasan natin ang pagyabong ng pagkabuhay na muling buhay, nararanasan at natatamasa natin si Kristo, lumalago tayo sa dibinong buhay, pinagaganda tayo sa pamamagitan ng transpormasyon, at nagiging may kamalayan tayo hinggil sa Katawan ni Kristo at namumuhay sa Katawan, sa pamamagitan ng Katawan, at para sa Katawan—Fil. 3:10; Col. 2:19; Roma 12:4-5, 15; 1 Cor. 12:12-27.

Fil. 3:10—Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na *ako ay* iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

Col. 2:19—At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

Roma 12:4-5—Sapagkat kung paanong sa isang katawan ay marami tayong sangkap, at ang lahat ng sangkap ay hindi magkakatulad ng pangsyon, [5]Gayundin tayo na marami ay iisang Katawan sa loob ni Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa't isa.

Roma 12:15—Makigalak kayo sa mga nagagalak; makitangis sa mga tumatangis.

© 2026 Living Stream Ministry

Mensahe Tatlo

Ang Ikatlong Yugto ng Awit ng mga Awit—
Tinawag upang Mamuhay sa Pag-akyat sa langit bilang Bagong Nilikha
sa Pagkabuhay na muli

Babasahin sa Kasulatan: A. A. 3:6—5:1

A. A. 3:6-11—Ano itong umaahon mula sa ilang, na gaya ng haliging usok, na
napapabanguhan ng mira at ng kamanyang, ng lahat ng mabangong pulbos ng
mangangalakal? 7Tingnan ninyo, iyon ang higaan ni Solomon! Animnapung magigiting na
lalaki ang nasa palibot niyon, sa magigiting na lalaki ng Israel. 8Silang lahat ay may sakbat na
tabak, at sanay sa pakikidigma: bawat isa'y may tabak sa kanyang hita, sa mga hudyat sa gabi
ay laging handa. 9Si Haring Solomon ay gumawa para sa sarili ng [palangkin] mula sa kahoy
ng Lebanon. 10Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, ang likod niyon ay ginto, at ang
upuan ay kulay-ube; ang loob niyon ay [nilatagan] ng pag-ibig ng mga anak na babae ng
Herusalem. 11Humayo kayo, O mga anak na babae ng Zion, at inyong masdan si Haring
Solomon, na may korona na ipinutong sa kanya ng kanyang ina, sa araw ng kanyang kasal, sa
araw ng katuwaan ng kanyang puso.

A. A. 4:1-16—O napakaganda mo, mahal ko; talagang ikaw ay maganda; Ang iyong mga mata
ay mga kalapati sa likod ng iyong talukbong. Ang iyong buhok ay gaya ng kawan ng mga
kambing, na bumababa sa gulod ng bundok ng Gilead. 2Ang iyong mga ngipin ay gaya ng mga
kawan ng mga batang tupa na bagong gupit, na nagsiahon mula sa paglilinis, na bawat isa'y
may anak na kambal, at walang nagluluksa isa man sa kanila. 3Ang iyong mga labi ay gaya ng
pising mapula, at ang iyong bibig ay kahali-halina. Ang iyong mga pisngi ay gaya ng kalahati
ng granada, sa likod ng iyong talukbong. 4Ang iyong leeg ay gaya ng tore ni David, na itinayo
upang pagtaguan ng mga sandata, na kinabibitinan ng libong kalasag, na ang lahat ay mga
kalasag ng mga mandirigma. 5Ang iyong dalawang suso ay gaya ng dalawang batang usa na
mga kambal ng isang inahing usa, na nanginginain sa gitna ng mga liryo. 6Hanggang sa ang
araw ay huminga at ang mga anino ay tumakas, ako'y paroroon sa bundok ng mira, at sa burol
ng kamanyang. 7Ikaw ay totoong maganda, sinta ko; walang kapintasan sa iyo. 8Sumama ka
sa akin mula sa Lebanon, kasintahan ko. Sumama ka sa akin mula sa Lebanon. Tumanaw ka
mula sa taluktok ng Amana, mula sa taluktok ng Senir at ng Hermon, mula sa mga yungib ng
mga leon, mula sa mga bundok ng mga leopardo. 9Inagaw mo ang aking puso, kapatid ko,
kasintahan ko, inagaw mo ang aking puso ng isang sulyap ng mga mata mo, ng isang hiyas ng
kuwintas mo. 10[Pagkaganda] ng iyong pag-ibig, kapatid ko, kasintahan ko! Higit na mainam
ang iyong pagsinta kaysa alak! At ang [halimuyak] ng iyong mga [ungguwento] kaysa [lahat
ng espesiya]! 11Ang iyong mga labi, O kasintahan ko, ay [tumutulo ang sariwang pulot], pulot
at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; at ang [halimuyak] ng iyong mga suot ay gaya ng amoy
ng Lebanon. 12Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; [Isang balong
nasasarhan], isang bukal na natatakpan. 13Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga
granada, na may piling-piling mga bunga; hena na may nardo, 14may nardo at safro, kalamo
at kanela, sampu ng lahat na puno ng kamanyang; mira at mga aloe, sampu ng lahat ng
pabangong pinakamainam— 15isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy,
at dumadaloy na batis mula sa Lebanon. 16Gumising ka, O hangin [na mula sa hilaga] , at
pumarito ka, O hangin [mula sa timog]! Humihip ka sa aking halamanan, upang ang [mga
espesiya] niya'y humalimuyak. Pumasok ang aking sinta sa halamanan niya, at kumain siya
ng mga piling-piling bunga.

A. A. 5:1—Ako'y dumating sa aking halamanan, kapatid ko, kasintahan ko, aking tinipon ang aking mira pati ang aking pabango, kinain ko ang aking pulot-pukyutan pati ang aking pulot; ininom ko ang aking alak pati ang aking gatas. Magsikain kayo, O mga kaibigan; at magsiinom: magsiinom kayo nang sagana, mga mangingibig!

I. Sa ikatlong yugto ng kanyang karanasan, ang mangingibig ni Kristo ay tinawag upang mamuhay sa pag-akyat sa langit upang maging ang pinagandang mangingibig ni Kristo bilang bagong nilikha sa pagkabuhay na muli—A. A. 3:6—5:1.

A. A. 3:6-11—Ano itong umaahon mula sa ilang, na gaya ng haliging usok, na napapabanguhan ng mira at ng kamanyang, ng lahat ng mabangong pulbos ng mangangalakal? 7Tingnan ninyo, iyon ang higaan ni Solomon! Animnapung magigiting na lalaki ang nasa palibot niyon, sa magigiting na lalaki ng Israel. 8Silang lahat ay may sakbat na tabak, at sanay sa pakikidigma: bawat isa'y may tabak sa kanyang hita, sa mga hudyat sa gabi ay laging handa. 9Si Haring Solomon ay gumawa para sa sarili ng [palangkin] mula sa kahoy ng Lebanon. 10Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, ang likod niyon ay ginto, at ang upuan ay kulay-ube; ang loob niyon ay nilatagan ng pag-ibig ng mga anak na babae ng Herusalem. 11Humayo kayo, O mga anak na babae ng Zion, at inyong masdan si Haring Solomon, na may korona na ipinutong sa kanya ng kanyang ina, sa araw ng kanyang kasal, sa araw ng katuwaan ng kanyang puso.

A. A. 4:1-16—O napakaganda mo, mahal ko; talagang ikaw ay maganda; Ang iyong mga mata ay mga kalapati sa likod ng iyong talukbong. Ang iyong buhok ay gaya ng kawan ng mga kambing, na bumababa sa gulod ng bundok ng Gilead. 2Ang iyong mga ngipin ay gaya ng mga kawan ng mga batang tupa na bagong gupit, na nagsiahon mula sa paglilinis, na bawat isa'y may anak na kambal, at walang nagluluksa isa man sa kanila. 3Ang iyong mga labi ay gaya ng pising mapula, at ang iyong bibig ay kahali-halina. Ang iyong mga pisngi ay gaya ng kalahati ng granada, sa likod ng iyong talukbong. 4Ang iyong leeg ay gaya ng tore ni David, na itinayo upang pagtaguan ng mga sandata, na kinabibitinan ng libong kalasag, na ang lahat ay mga kalasag ng mga mandirigma. 5Ang iyong dalawang suso ay gaya ng dalawang batang usa na mga kambal ng isang inahing usa, na nanginginain sa gitna ng mga liryo. 6Hanggang sa ang araw ay huminga at ang mga anino ay tumakas, ako'y paroroon sa bundok ng mira, at sa burol ng kamanyang. 7Ikaw ay totoong maganda, sinta ko; walang kapintasan sa iyo. 8Sumama ka sa akin mula sa Lebanon, kasintahan ko. Sumama ka sa akin mula sa Lebanon. Tumanaw ka mula sa taluktok ng Amana, mula sa taluktok ng Senir at ng Hermon, mula sa mga yungib ng mga leon, mula sa mga bundok ng mga leopardo. 9Inagaw mo ang aking puso, kapatid ko, kasintahan ko, inagaw mo ang aking puso ng isang sulyap ng mga mata mo, ng isang hiyas ng kuwintas mo. 10[Pagkaganda] ng iyong pag-ibig, kapatid ko, kasintahan ko! Higit na mainam ang iyong pagsinta kaysa alak! At ang [halimuyak] ng iyong mga [ungguwento] kaysa [lahat ng espesiya]! 11Ang iyong mga labi, O kasintahan ko, ay [tumutulo ang sariwang pulot], pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; at ang [halimuyak] ng iyong mga suot ay gaya ng amoy ng Lebanon. 12Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; [Isang balong nasasarhan], isang bukal na natatakpan. 13Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada, na may piling-piling mga bunga; hena na may nardo, 14may nardo at safro, kalamo at kanela, sampu ng lahat na puno ng kamanyang; mira at mga aloe, sampu ng lahat ng pabangong pinakamainam—15isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy, at dumadaloy na batis mula sa Lebanon. 16Gumising ka, O hangin [na mula sa hilaga], at pumarito ka, O hangin [mula sa timog]!

Humihip ka sa aking halamanan, upang ang [mga espesiya] niya'y humalimuyak. Pumasok ang aking sinta sa halamanan niya, at kumain siya ng mga piling-piling bunga.
A. A. 5:1—Ako'y dumating sa aking halamanan, kapatid ko, kasintahan ko, aking tinipon ang aking mira pati ang aking pabango, kinain ko ang aking pulot-pukyutan pati ang aking pulot; ininom ko ang aking alak pati ang aking gatas. Magsikain kayo, O mga kaibigan; at magsiinom: magsiinom kayo nang sagana, mga mangingibig!

II. **"Sumama ka sa akin mula sa Lebanon, kasintahan ko. / Sumama ka sa akin mula sa Lebanon. / Tumanaw ka mula sa taluktok ng Amana, / Mula sa taluktok ng Senir at ng Hermon, / Mula sa mga yungib ng mga leon, / Mula sa mga bundok ng mga leopardo"—4:8:**

A. A. 4:8—Sumama ka sa akin mula sa Lebanon, kasintahan ko. Sumama ka sa akin mula sa Lebanon. Tumanaw ka mula sa taluktok ng Amana, mula sa taluktok ng Senir at ng Hermon, mula sa mga yungib ng mga leon, mula sa mga bundok ng mga leopardo.

A. Tinatawag ni Kristo ang Kanyang mangingibig upang mamuhay kasama Niya sa Kanyang pag-akyat sa langit, kung paanong tinawag Niya siya upang manatili sa Kanyang krus—2:14:
A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.
   1. Hinihiling ni Kristo sa Kanyang mangingibig bilang Kanyang kasintahang babae na tumanaw kasama Niya mula sa Kanyang pag-akyat sa langit (Lebanon), ang pinakamataas na dako ng katotohanan (Amana) at ng tagumpay ni Kristo sa Kanyang pakikipaglaban (Senir, nangangahulugang "malambot na kutamaya," at Hermon, nangangahulugang "pagkawasak"), at mula sa mga makalangit na dako ng mga kaaway (ang mga yungib ng mga leon at mga bundok ng mga leopardo).
   2. Kapag ang mangingibig ni Kristo ay namumuhay sa pag-akyat sa langit, siya at si Kristo ay namumuhay sa iisang kalagayan, ang kalagayan ng pag-akyat sa langit, upang maging mag-asawa; sila ay magkatulad sa buhay at kalikasan, ganap na tumutugma sa isa't isa.

B. Ang mamuhay sa pag-akyat sa langit ay ang patuloy na mamuhay sa ating espiritu; kapag namumuhay tayo sa ating espiritu, naihuhugpong tayo sa umakyat sa langit na Kristo sa kalangitan—Efe. 2:22; Gen. 28:12-17; Juan 1:51; Apoc. 4:1-2; Heb. 4:12, 16.
Efe. 2:22—Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.
Gen. 28:12-17—Siya ay nanaginip na may isang hagdan na nakalagay sa lupa, na ang dulo ay umaabot sa langit, at ang mga anghel ng Diyos ay nagmamanhik-manaog doon. 13At [si Jehovah] ay tumayo sa tabi niya at nagsabi, "Ako [si Jehovah], ang Diyos ni Abraham na iyong ama, at ang Diyos ni Isaac. Ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi. 14Ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at ikaw ay kakalat sa kanluran, silangan, hilaga, at sa timog at ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain sa pamamagitan mo at ng iyong binhi. 15Alamin mo na ako'y kasama mo at iingatan kita saan ka man pumunta, at ibabalik kita sa lupaing ito sapagkat hindi kita iiwan hanggang hindi ko nagagawa ang ipinangako ko sa iyo." 16Nagising si Jacob sa kanyang panaginip at sinabi, "Tunay na [si Jehovah] ay nasa lugar na ito at hindi ko iyon nalalaman." 17Siya'y natakot, at kanyang sinabi, "Kakilakilabot ang lugar na ito! Ito'y walang iba kundi ang bahay ng Diyos, at ito ang pintuan ng langit."

Juan 1:51—At sinabi Niya sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Makikita ninyong bukas ang langit at ang mga anghel ng Diyos na nagmamanhik-manaog sa Anak ng Tao.

Apoc. 4:1-2—Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito, isang pinto ang binuksan sa langit, at ang unang tinig na aking narinig ay gaya ng sa isang trumpeta na nakikipagusap sa akin, na nagsasabi, Umakyat ka rito, at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na kailangang mangyari pagkatapos ng mga bagay na ito. 2Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono *ay may* Isang nakaupo.

Heb. 4:12—Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy at gumagawa at mas matalas kaysa sa anumang tabak na may dalawang talim, at tumatagos maging hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu at ng mga kasukasuan at utak ng buto, at may kakayahang kumilala ng mga iniisip at mga binabalak ng puso.

Heb. 4:16—Kaya't lumapit tayong may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang makatanggap tayo ng awa at makasumpong ng biyaya para sa napapanahong tulong.

C. Kailangan nating matutuhang ikubli ang ating sarili sa lihim na dako ng Kataas-taasan, sa umakyat sa langit na Kristo, kinukuha Siya bilang ating pinaninirahang lugar—Awit 91:1, 14-16; cf. A. A. 2:14:

Awit 91:1—Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan, ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan.

Awit 91:14-16—Sapagkat siya'y kumapit sa akin na may pag-ibig, ililigtas ko siya, iingatan ko siya sapagkat ang aking pangalan ay nalalaman niya. 15Siya'y tatawag sa akin at sasagutin ko siya; ako'y magiging kasama niya sa kabalisahan, sasagipin ko siya at pararangalan ko siya. 16Aking bubusugin siya ng mahabang buhay, at ipapakita sa kanya ang aking pagliligtas.

cf. A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

1. Ang kunin ang Diyos bilang ating walang hanggang pinaninirahang lugar ay ang pinakamataas at pinakaganap na pagdaranas sa Diyos—Awit 90:1-2.

   Awit 90:1-2—Panginoon, ikaw ay naging aming tahanang dako sa lahat ng salinlahi. 2Bago nilikha ang mga bundok, o bago mo nilikha ang lupa at ang sanlibutan, ikaw ay Diyos, mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan.

2. Kung kukunin natin ang Diyos bilang ating pinaninirahang lugar, matatanto natin na ang haba ng ating buhay sa lupa ay maikli at punô ng mga kasalanan at mga paghihirap—bb. 3-12.

   Awit 90:3-12—Iyong ibinabalik ang tao sa alabok, at iyong sinasabi, "Bumalik kayo, kayong mga anak ng mga tao!" 4Sapagkat ang isang libong taon sa iyong paningin, ay parang kahapon lamang kapag ito'y nakalipas, o gaya ng isang gabing pagbabantay. 5Iyong dinadala sila na parang baha, sila'y nakatulog, kinaumagahan ay parang damo na tumutubo; 6sa umaga ito'y nananariwa at lumalago, sa hapon ito'y nalalanta at natutuyo. 7Sapagkat ang iyong galit ang sa amin ay tumupok, at sa pamamagitan ng iyong galit kami ay nabagabag. 8Inilagay mo ang aming kasamaan sa iyong harapan, sa liwanag ng iyong mukha ang lihim naming kasalanan. 9Sapagkat sa ilalim ng iyong poot, lahat ng aming araw ay lumilipas, na gaya ng buntong-hininga, ang aming mga taon ay nagwawakas. 10Ang mga taon ng aming

buhay ay pitumpung taon, o kung malakas kami ay walumpung taon, ngunit ang mga ito ay hirap at kaguluhan lamang, ang mga ito'y madaling lumipas, at kami ay nawawala. [11]Sinong nakakaalam ng kapangyarihan ng galit mo, at ng iyong galit ayon sa pagkatakot na marapat sa iyo? [12]Kaya't turuan mo kami na bilangin ang aming mga araw, upang kami ay magkaroon ng pusong may karunungan.

3. Kailangan nating manirahan sa Diyos, namumuhay sa Kanya sa bawat minuto, sapagkat sa labas Niya ay may mga kasalanan at mga paghihirap—b. 8; Juan 16:33.
   Awit 90:8—Inilagay mo ang aming kasamaan sa iyong harapan, sa liwanag ng iyong mukha ang lihim naming kasalanan.
   Juan 16:33—Sinalita Ko sa inyo ang mga bagay na ito upang sa Akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay mayroon kayong paghihirap, ngunit lakasan ninyo ang inyong loob; dinaig Ko na ang sanlibutan.
4. Naninirahan tayo sa Diyos sa pamamagitan ng paninirahan sa ating espiritu, ang pinaninirahang lugar ng Diyos; sa ating espiritu at sa ekklesia, mamamasdan natin ang Kanyang kagandahan at malalalinan tayo ng Kanyang kagandahan upang maging ang pinagandang bagong nilikha—Efe. 2:22; Roma 8:6; Awit 27:4; Isa. 60:7b, 19b; 62:3; A. A. 3:11; Kaw. 12:4a.
   Efe. 2:22—Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.
   Roma 8:6—Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.
   Awit 27:4—Isang bagay ang hiningi ko sa Panginoon, na aking hahanapin; na ako'y makapanirahan sa bahay ng Panginoon, sa lahat ng mga araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan ng Panginoon, at sumangguni sa kanyang templo.
   Isa. 60:7b—Lahat ng kawan sa Kedar ay matitipon sa iyo, ang mga lalaking tupa sa Nebayot ay maglilingkod sa iyo; sila'y aahon na may pagtanggap sa aking dambana, at aking luluwalhatiin ang aking maluwalhating bahay.
   Isa. 60:19b—Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag kapag araw; o ang buwan man ay magbibigay sa iyo ng liwanag. Kundi [si Jehovah] ang magiging iyong walang hanggang liwanag, at ang iyong Diyos ay iyong kaluwalhatian.
   Isa. 62:3—Ikaw naman ay magiging korona ng kagandahan sa kamay [ni Jehovah], at koronang hari sa kamay ng iyong Diyos.
   A. A. 3:11—Humayo kayo, O mga anak na babae ng Zion, at inyong masdan si Haring Solomon, na may korona na ipinutong sa kanya ng kanyang ina, sa araw ng kanyang kasal, sa araw ng katuwaan ng kanyang puso.
   Kaw. 12:4a—Ang mabuting babae ay korona ng kanyang asawa, ngunit parang kabulukan sa kanyang mga buto kung kahihiyan ang dulot niya.

III. "Si Haring Solomon ay gumawa para sa sarili ng [palangkin] / Mula sa kahoy ng Lebanon. / Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, / Ang likod niyon ay ginto, / At ang upuan ay kulay-ube; / Ang loob niyon ay [nilatagan ng] pag-ibig / Ng mga anak na babae ng Herusalem"—A. A. 3:9-10:

A. A. 3:9-10—Si Haring Solomon ay gumawa para sa sarili ng [palangkin] mula sa kahoy ng Lebanon. [10]Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, ang likod niyon ay ginto, at ang upuan ay kulay ube; ang loob niyon ay [nilatagan] ng pag-ibig ng mga anak na babae ng Herusalem.

A. Sa pamamagitan ng nagtatranspormang gawain ng Espiritu sa loob natin, tayo ay nagiging ang gumagalaw na sisidlan ni Kristo, ang karwahe ni Kristo, ang "sasakyan" ni Kristo, para sa pagkilos ni Kristo sa loob ng *Katawan* at para sa Katawan ni Kristo—cf. 2 Cor. 2:12-17.

cf. 2 Cor. 2:12-17—Higit pa rito, nang dumating ako sa Troas para sa ebanghelyo ni Kristo at isang pintuan ang bukas sa akin sa Panginoon, 13Hindi ako nagkaroon ng katiwasayan sa aking espiritu, sapagkat hindi ko nasumpungan si Tito na aking kapatid; ngunit nang makapagpaalam ako sa kanila, pumunta ako sa Macedonia. 14Ngunit salamat sa Diyos, na laging nangunguna sa amin sa tagumpay sa Kristo at naghahayag ng samyo ng pagkakilala sa Kanya sa pamamagitan namin sa bawat dako. 15Sapagkat kami ay isang halimuyak ni Kristo sa Diyos sa mga inililigtas at sa mga napapahamak: 16Sa ilan ay samyong mula sa kamatayan tungo sa kamatayan, at sa iba ay samyong mula sa buhay tungo sa buhay. At sino ang sapat para sa mga bagay na ito? 17Sapagkat hindi kami gaya ng karamihan, na hinahaluan ang salita ng Diyos para sa kapakinabangan; kundi mula sa sinseridad, kundi mula sa Diyos, sa harapan ng Diyos ay nagsasalita kami sa loob ni Kristo.

B. Itinatayo tayong muli sa pamamagitan ng Dibinong Trinidad upang ang ating panlabas na estruktura ay ang nabuhay na muli at umakyat sa langit na pagkatao ni Hesus, at ang ating panloob na palamuti ay ang ating pag-ibig sa Panginoon—A. A. 3:9-10:

A. A. 3:9-10—Si Haring Solomon ay gumawa para sa sarili ng [palangkin] mula sa kahoy ng Lebanon. 10Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, ang likod niyon ay ginto, at ang upuan ay kulay-ube; ang loob niyon ay [nilatagan] ng pag-ibig ng mga anak na babae ng Herusalem.

1. Si Kristo bilang ating Haring Solomon ang gumagawa sa atin na maging palangkin para sa Kanyang sarili; ang ating responsabilidad ay ang ihandog lamang ang ating pag-ibig sa Kanya at kusang-loob na ihandog ang ating sarili sa Kanya—Juan 21:15-17; Awit 110:3.

   Juan 21:15-17—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

   Awit 110:3—Kusang-loob na ihahandog ng iyong bayan sa araw ng iyong kapangyarihan sa kagandahan ng kabanalan. Mula sa bukang-liwayway ng umaga, ang iyong kabataan ay darating sa iyo na hamog ang kagaya.

2. Ang ating panloob na katauhan ay dapat na "[nalalatagan] ng pag-ibig" (A. A. 3:10); ang pag-ibig sa Panginoon ay magpapanatili sa atin sa kinasasaklawan ng pagtataglay kay Kristo bilang ating pagkatao, iniingatan ang ating pagkatao sa loob ng pamimilit ng Kanyang pagmamahal—2 Cor. 5:14.

A. A. 3:10—Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, ang likod niyon ay ginto, at ang upuan ay kulay-ube; ang loob niyon ay [nilatagan] ng pag-ibig ng mga anak na babae ng Herusalem.

2 Cor. 5:14—Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay.

C. Sa pamamagitan ng pag-ibig natin sa Panginoon sa isang personal, magiliw, pribado, at espiritwal na paraan, ang ating natural na katauhan ay ginigiba, at tayo ay muling hinuhubog sa pamamagitan ng nagtutubos na kamatayan ni Kristo na Anak (mga haliging gawa sa pilak), ng dibinong kalikasan ng Diyos Ama (salalayan), at ng Espiritung nagbibigay-buhay na namumuno sa loob natin (upuan na kulay-ube) habang kinukuha natin si Kristo bilang ating Hari sa pamumuno ng Espiritu—A. A. 3:10; cf. Roma 8:28-29; 2 Cor. 4:16-18.

A. A. 3:10—Ginawa niyang pilak ang mga haligi niyon, ang likod niyon ay ginto, at ang upuan ay kulay-ube; ang loob niyon ay [nilatagan] ng pag-ibig ng mga anak na babae ng Herusalem.

cf. Roma 8:28-29—At alam natin na ang lahat ng bagay ay sama-samang gumagawa para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Diyos, sa mga yaong tinawag ayon sa *Kanyang* layunin. [29]Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

2 Cor. 4:16-18—Kaya nga hindi kami pinanghihinaan ng loob; bagama't ang aming panlabas na tao ay nabubulok, ang aming panloob *na tao* naman ay napababago sa araw-araw. [17]Sapagkat ang aming panandaliang kagaanan ng paghihirap ay gumagawa para sa amin, higit at higit pa, ng isang walang hanggang bigat ng kaluwalhatian, [18]Sapagkat hindi namin isinasaalang-alang ang mga bagay na nakikita kundi ang mga bagay na hindi nakikita; sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.

IV. Sa pamamagitan ng pamumuhay natin sa pag-akyat sa langit bilang bagong nilikha sa pagkabuhay na muli, tayo ay nagiging pribadong halamanan ni Kristo para sa Kanyang kasiyahan—A. A. 4:10-15:

A. A. 4:10-15—[Pagkaganda] ng iyong pag-ibig, kapatid ko, kasintahan ko! Higit na mainam ang iyong pagsinta kaysa alak! At ang [halimuyak] ng iyong mga [ungguwento] kaysa [lahat ng espesiya]! [11]Ang iyong mga labi, O kasintahan ko, ay [tumutulo ang sariwang pulot], pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; at ang [halimuyak] ng iyong mga suot ay gaya ng [halimuyak] ng Lebanon. [12]Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; [Isang balong nasasarhan], isang bukal na natatakpan. [13]Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada, na may piling-piling mga bunga; hena na may nardo, [14]may nardo at safro, kalamo at kanela, sampu ng lahat na puno ng kamanyang; mira at mga aloe, sampu ng lahat ng pabangong pinakamainam—[15]isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy, at dumadaloy na batis mula sa Lebanon.

A. "[Pagkaganda] ng iyong pag-ibig, kapatid ko, kasintahan ko! / Higit na mainam ang iyong [pag-ibig] kaysa alak, / At ang [halimuyak] ng iyong mga [ungguwento] / Kaysa anumang [espesiya]!"—b. 10:

A. A. 4:10—[Pagkaganda] ng iyong pag-ibig, kapatid ko, kasintahan ko! Higit na mainam ang iyong pagsinta kaysa alak! At ang [halimuyak] ng iyong mga [ungguwento] kaysa [lahat ng espesiya]!

1. Sinasabi ng naghahanap na ang pag-ibig ng Panginoon ay *mas mainam* kaysa alak, subalit sinasabi ng Panginoon na ang pag-ibig ng naghahanap ay *higit na mainam* kaysa alak; bagama't pinahahalagahan natin ang pag-ibig ng Panginoon, hindi natin maarok kung gaano kahalaga ang Kanyang pag-ibig sa atin; ipinakikita nito na maging sa pag-ibig *Niya* sa atin, Siya ang may pagkauna—cf. 1:2; Roma 8:37; 2 Cor. 5:14.

   cf. A. A. 1:2—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pagibig.

   Roma 8:37—Ngunit sa lahat ng bagay na ito ay higit pa tayong nakapananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa atin.

   2 Cor. 5:14—Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay.
2. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon, ang naghahanap ay tinitigmakan ng Espiritu, hinuhulma ng Espiritu sa pagpapasailalim sa Espiritu, upang kapwa magpalabas ng *halimuyak ni Kristo* at maging isang halimuyak ni Kristo—A. A. 4:10b, 11b; Juan 12:3; 2 Cor. 2:15.

   A. A. 4:10b—Napakatamis ng iyong pag-ibig, kapatid ko, kasintahan ko! Higit na mainam ang iyong pagsinta kaysa alak! At ang [halimuyak] ng iyong mga [ungguwento] kaysa [lahat ng espesiya]!

   A. A. 4:11b—Ang iyong mga labi, O kasintahan ko, ay nagbibigay ng katas, pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; at ang [halimuyak] ng iyong mga suot ay gaya ng [halimuyak] ng Lebanon.

   Juan 12:3—Pagkatapos ay kumuha si Maria ng isang libra ng ungguwentong purong nardo, na totoong mamahalin, at pinahiran ang mga paa ni Hesus, at pinunasan ang Kanyang mga paa ng kanyang buhok; at ang bahay ay napuno ng halimuyak ng ungguwento.

   2 Cor. 2:15—Sapagkat kami ay isang halimuyak ni Kristo sa Diyos sa mga inililigtas at sa mga napapahamak.

B. "[Mula sa] iyong mga labi, o kasintahan ko, ay [tumutulo ang sariwang pulot]; / Pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila"—A. A. 4:11a:

   A. A. 4:11a—Ang iyong mga labi, O kasintahan ko, ay [tumutulo ang sariwang pulot], pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong dila; at ang [halimuyak] ng iyong mga suot ay gaya ng [halimuyak] ng Lebanon.

   1. Ang gatas at pulot, na pagsasama kapwa ng buhay-hayop at buhay-halaman, ay dalawang aspekto ng buhay ni Kristo—ang nagtutubos na aspekto at nagpapasibol na aspekto—Deut. 8:8; 32:13-14; Juan 1:29; 12:24; Mat. 26:26-28.

      Deut. 8:8—lupain ng trigo, sebada, puno ng ubas, mga puno ng igos, mga granada, mga puno ng olibo at ng pulot.

      Deut. 32:13-14—Kanyang pinasakay siya sa matataas na dako ng lupa, at siya'y kumain ng bunga ng bukirin, at kanyang pinainom ng pulot na mula sa bato, at ng langis na mula sa batong kiskisan. 14Ng mantika mula sa baka, at gatas mula sa tupa, na may taba ng mga kordero, at ng mga tupang lalaki sa Basan, at mga kambing, ng pinakamabuti sa mga trigo; at sa katas ng ubas ay uminom ka ng alak.

      Juan 1:29—Kinabukasan, nakita niya si Hesus na lumalapit sa kanya at nagsabi, Masdan, ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!

      Juan 12:24—Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

Mat. 26:26-28—At habang sila ay kumakain, kumuha ng tinapay si Hesus at pinagpala *ito*, at pinagpira-piraso Niya *ito* at ibinigay *ito* sa mga disipulo at sinabi, Kunin ninyo, kainin ninyo; ito ang Aking katawan. [27]At kumuha Siya ng isang saro at nagpasalamat, at ibinigay Niya *ito* sa kanila, na nagsasabi, Uminom kayo mula rito, *kayong* lahat, [28]Sapagkat ito ang Aking dugo ng tipan, na ibinubuhos para sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

2. Lalo na kapag tayo ay mahina sa espiritu at lumalapit sa Panginoon upang maranasan at iaplay Siya, nadarama natin na Siya ang gatas at ang pulot, ang kasaganaan at ang katamisan ng buhay ni Kristo—2 Cor. 12:9-10.
   2 Cor. 12:9-10—At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin. [10]Kaya ako ay nalulugod sa mga kahinaan, sa mga pangungutya, sa mga pangangailangan, sa mga pag-uusig at mga paghihinagpis, alang-alang kay Kristo; sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.
3. Pinanunumbalik ng pulot ang mga nasugatan, at pinakakain ng gatas ang mga bago; nakapag-imbak ang naghahanap ng napakaraming kayamanan sa loob niya anupat tila nasa ilalim ng kanyang dila ang pagkain, at maaari siyang mamahagi sa mga nangangailangan sa anumang panahon—Isa. 50:4; Efe. 4:29; Awit 45:1-2.
   Isa. 50:4—Binigyan ako ng Panginoong [Jehovah] ng dila ng mga naturuan, upang aking malaman kung paanong aalalayan ng mga salita ang nanlulupaypay. Siya'y nagigising tuwing umaga, ginigising niya ang aking pandinig upang makinig na gaya ng mga naturuan.
   Efe. 4:29—Anumang masamang salita ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi yaong mabuti lamang para sa pagtatayo, ayon sa pangangailangan, upang ito ay makapagbigay ng biyaya sa mga nakikinig.
   Awit 45:1-2—Ang aking puso ay nag-uumapaw sa mabuting paksa, ipinatutungkol ko ang aking mga salita sa hari; ang aking dila ay gaya ng panulat ng bihasang manunulat. [2]Ikaw ang pinakamaganda sa mga anak ng mga tao; ang biyaya ay ibinubuhos sa mga labi mo, kaya't pinagpala ka ng Diyos magpakailanman.
4. Ang katamisang ito ay hindi naibubunga nang magdamag kundi nanggagaling sa mahabang panahon ng pagtitipon, panloob na gawain, at maingat na pag-iimbak—cf. Exo. 29:30; Awit 92:13-14.
   cf. Exo. 29:30—Pitong araw na isusuot ang mga ito ng anak na magiging [saserdote] kapalit niya, kapag siya'y pumapasok sa [Tolda ng Pagpupulong] upang maglingkod sa dakong banal.
   Awit 92:13-14—Sila'y nakatanim sa bahay ng Panginoon, sila'y lumalago sa mga [looban] ng aming Diyos. [14]Sila'y namumunga pa rin sa katandaan; sila'y laging punô ng dagta at kasariwaan.

V. "Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; / [Isang balong na nasasarhan], isang bukal na natatakpan… / Isang bukal ng mga halamanan, / Balon ng mga tubig na buháy, / At dumadaloy na batis mula sa Lebanon"—A. A. 4:12, 15:

A. A. 4:12—Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; [Isang balong nasasarhan], isang bukal na natatakpan.
A. A. 4:15—Isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy, at dumadaloy na batis mula sa Lebanon.

A. Sa puntong ito ng kanyang espiritwal na pagsulong, ang mapagmahal na naghahanap ng Panginoon ay naging isang halamanan para sa pribadong kasiyahan ni Kristo; hindi siya isang bukás na halamanan kundi isang nabakurang halamanan, isang natakpang halamanan; ang lahat ng mayroon siya ay sukdulang para sa kaluguran ng kanyang Minamahal at hindi para sa kaninuman:

1. Kung ang mga mananampalataya ay magsasara pa nang kaunti at magtatakip pa nang mas mahigpit, ang kanilang gawain ay magiging higit na nananagumpay; pagkalooban nawa tayo ng Panginoon ng biyaya at magsagawa ng mas malalim na gawain sa loob natin sa pamamagitan ng krus nang sa gayon ay makapag-ugat tayo nang malalim at makapamuhay ng isang nakakubling buhay "sa lihim" upang tuparin ang mga kahingian ng Diyos at bigyang-kasiyahan ang Kanyang puso—Mat. 6:6; 13:20-21.

   Mat. 6:6—Subalit ikaw, kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong pribadong silid, at isara mo ang iyong pinto at manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim; at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ang gaganti sa iyo.

   Mat. 13:20-21—At ang naihasik sa mga batuhan, ito ang nakikinig ng salita at kaagad na tinatanggap ito nang may kagalakan; [21]Gayunma'y wala siyang ugat sa kanyang sarili kundi sandali lamang ang itinatagal, at pagdating ng paghihirap o pag-uusig dahil sa salita, siya ay kaagad na natitisod.

2. Ang buhay-Kristiyano para sa buhay-ekklesia ay isang buhay sa mga kalaliman, isang buhay na maaaring "[mag-ugat] pailalim at [mamunga] paitaas"—Isa. 37:31.

   Isa. 37:31—At ang nakaligtas na nalabi sa sambahayan ni Juda ay muling mag-uugat pailalim, at magbubunga paitaas.

B. "Naglagay [si Jehovah na] Diyos ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya roon ang taong Kanyang nilalang" (Gen. 2:8); ayon sa Biblia, isang halamanan ang pinakaunang kaisipan ng Diyos; ang *Eden* ay nangangahulugang "kaluguran," nagpapakita na ninanais ng Diyos na bigyang-lugod at bigyang-kasiyahan ang tao at pasayahin siya.

   Gen. 2:8—Naglagay [si Jehovah na] Diyos ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya roon ang taong Kanyang nilalang.

C. Ang buhay-ekklesia ay ang halamanan ng Diyos, ang bukirin ng Diyos, upang tayo ay lumago sa paglago ng Diyos at matransporma sa pamamagitan ng kayamanan ng Diyos upang maging gusali ng Diyos—b. 8; Col. 1:10; 2:19; 1 Cor. 3:9; Apoc. 22:1-2; cf. Exo. 25:31-32.

   Gen. 2:8—Naglagay [si Jehovah na] Diyos ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya roon ang taong Kanyang nilalang.

   Col. 1:10—Upang lumakad kayo nang karapat-dapat sa Panginoon upang bigyang-lugod Siya sa lahat ng bagay, namumunga sa bawat mabuting gawa at lumalago sa pamamagitan ng lubos na pagkakilala sa Diyos.

   Col. 2:19—At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

   1 Cor. 3:9—Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

   Apoc. 22:1-2—At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

cf. Exo. 25:31-32—Gagawa ka ng isang ilawan na lantay na ginto. Ang paa at tangkay ng ilawan ay yari sa pinitpit na ginto; ang mga sanga, ang mga kopa niyon, at ang mga bulaklak niyon ay isang piraso. 32At magkakaroon ng anim na sangang lumalabas sa mga tagiliran niyon na kasama nito, tatlong sanga ng ilawan sa isang tagiliran niyon, at tatlong sanga ng ilawan ay sa kabilang tagiliran niyon.

D. Inilagay ng Diyos ang tao sa halamanan "upang…bungkalin [ito] at ingatan [ito]"—Gen. 2:15:

Gen. 2:15—Kinuha [ni Jehovah na] Diyos ang lalaki at inilagay sa halamanan ng Eden upang ito ay kanyang bungkalin at ingatan.

1. Ang pagbubungkal ng tao sa lupa ay upang lumago ang buhay, lalo na ang puno ng buhay, para sa katuparan ng unang aspekto ng layunin ng Diyos—ang ihayag ng tao ang Diyos sa Kanyang larawan; ang bungkalin ang lupa ay ang tuosin ang ating puso upang gawin itong mabuting lupa kung saan makalalago si Kristo—1:26a; Mat. 13:3-23.

   Gen. 1:26a—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   Matt. 13:3-23— At nagsalita Siya sa kanila ng maraming bagay sa mga talinghaga, na nagsasabi, Narito, ang manghahasik ay lumabas upang maghasik. 4At sa kanyang paghahasik, ang ilang *binhi* ay nahulog sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain ang mga ito. 5At ang iba ay nahulog sa batuhan, kung saan walang gaanong lupa, at kaagad sumibol ang mga ito sapagkat hindi malalim ang lupa. 6Subalit nang sumikat ang araw, nainitan ang mga ito; at dahil walang ugat, natuyot ang mga ito. 7At ang iba ay nahulog sa tinikan, at ang mga tinik ay lumaki at sinakal ang mga ito. 8Ngunit ang iba ay nahulog sa mabuting lupa at namunga, ang isa ay sandaang ulit, at ang isa ay animnapung ulit, at ang isa ay tatlumpung ulit. 9Ang may pandinig ay makinig. 10At lumapit ang mga disipulo at sinabi sa Kanya, Bakit Ka nagsasalita sa kanila sa talinghaga? 11At sumagot Siya at sinabi sa kanila, Sapagkat sa inyo ay ipinagkaloob na malaman ang mga hiwaga ng kaharian ng kalangitan, subalit ito ay hindi ipinagkaloob sa kanila. 12Sapagkat ang sinumang mayroon ay bibigyan, at siya ay mananagana; subalit ang sinumang wala, maging ang nasa kanya ay kukunin sa kanya. 13Dahil dito ay nagsasalita Ako sa kanila sa mga talinghaga, sapagkat sa pagtingin ay hindi sila nakakikita, at sa pakikinig ay hindi sila nakaririnig, ni nakauunawa. 14At natutupad sa kanila ang propesiya ni Isaias, na nagsasabi, "Sa pakikinig kayo ay makaririnig at hinding-hindi makauunawa, at sa pagtingin kayo ay makakikita at hinding-hindi makababatid. 15Sapagkat kumapal ang puso ng bayang ito, at nahirapan silang makarinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga, at kanilang ipinikit ang kanilang mga mata, baka sila ay makakita sa pamamagitan ng kanilang mga mata at makarinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga at makaunawa sa pamamagitan ng kanilang puso, at sila ay bumaling, at sila ay Aking pagagalingin." 16Subalit pinagpala ang inyong mga mata sapagkat ang mga ito ay nakakikita, at ang inyong mga tainga sapagkat ang mga ito ay nakaririnig. 17Sapagkat katotohanang sinasabi Ko sa inyo na maraming propeta at mga taong matuwid ang nagnais na makita ang mga bagay na inyong nakikita, at hindi nila nakita ang *mga iyon*, at marinig ang mga bagay na inyong naririnig, at hindi nila narinig ang *mga iyon*. 18Kaya't pakinggan ninyo ang talinghaga ng taong naghasik.

19 Kapag ang sinuman ay nakikinig ng salita ng kaharian at hindi niya nauunawaan,
dumarating ang masamang isa at inaagaw ang naihasik na sa kanyang puso. Ito ang
naihasik sa tabi ng daan. 20 At ang naihasik sa mga batuhan, ito ang nakikinig ng
salita at kaagad na tinatanggap ito nang may kagalakan; 21 Gayunma'y wala siyang
ugat sa kanyang sarili kundi sandali lamang ang itinatagal, at pagdating ng
paghihirap o pag-uusig dahil sa salita, siya ay kaagad na natitisod. 22 At ang naihasik
sa tinikan, ito ang nakikinig ng salita, at ang kabalisahan ng kapanahunan at ang
daya ng kayamanan ay lubos na sumasakal sa salita, at ito ay nagiging walang
bunga. 23 Subalit ang naihasik sa mabuting lupa, ito ang nakikinig ng salita at
nakauunawa, na siyang tunay na namumunga at dumarami, ang isa ay sandaang
ulit, at ang isa naman ay animnapung ulit, at ang isa pa ay tatlumpung ulit.

2. Ang pag-iingat ng tao sa lupa ay upang protektahan ang halamanan mula sa kaaway ng Diyos para sa katuparan ng ikalawang aspekto ng layunin ng Diyos—ang tuosin ng tao si Satanas sa pamamagitan ng awtoridad ng Diyos; ang pag-iingat sa lupa ay ang hindi pagbibigay ng anumang puwang para kay Satanas bilang puno ng kaalaman, ang puno ng kamatayan—Gen. 1:26b; 2 Cor. 5:4; 11:3; 1 Cor. 15:26; cf. Lev. 5:2.

   Gen. 1:26b—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   2 Cor. 5:4—Sapagkat gayundin, kaming nasa tabernakulong ito ay humihibik, na nabibigatan, sa dahilang hindi namin ninanais maging hubad, kundi mabihisan, upang ang may kamatayan ay malulon ng buhay.

   2 Cor. 11:3—Ngunit natatakot ako na baka sa anumang paraan, kung paanong ang ahas ay nandaya kay Eva sa pamamagitan ng kanyang katusuhan, ang inyong mga kaisipan ay mapasamâ mula sa kapayakan at kadalisayang tungo kay Kristo.

   1 Cor. 15:26—Ang kamatayan, ang huling kaaway, ay nililipol.

   cf. Lev. 5:2—O kung ang sinuman ay nakahipo ng alinmang bagay na marumi, o maging ito ay bangkay ng mabangis na hayop na marumi, o bangkay ng umuusad na marumi, at di niya iyon nalaman, siya'y magiging marumi at nagkakasala.

E. Tinatamasa natin si Kristo para sa pagtatamasa at kasiyahan ni Kristo; ang Panginoon ay lahat-lahat sa atin upang matamasa Niya ang lahat ng mula sa atin—A. A. 1:12-14; 4:12-14; 5:1.

   A. A. 1:12-14—Samantalang ang hari ay nasa kanyang hapag, ang aking nardo ay nagsasabog ng kanyang kabanguhan. 13 Ang aking mahal ay gaya ng supot ng mira para sa akin, na humihilig sa pagitan ng aking dibdib. 14 Ang aking sinta para sa akin ay kumpol na bulaklak ng hena sa mga ubasan ng En-gedi.

   A. A. 4:12-14—Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; [Isang balong nasasarhan], isang bukal na natatakpan. 13 Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada, na may piling-piling mga bunga; hena na may nardo, 14 may nardo at safro, kalamo at kanela, sampu ng lahat na puno ng kamanyang; mira at mga aloe, sampu ng lahat ng pabangong pinakamainam.

   A. A. 5:1—Ako'y dumating sa aking halamanan, kapatid ko, kasintahan ko, aking tinipon ang aking mira pati ang aking pabango, kinain ko ang aking pulot-pukyutan pati ang aking pulot; ininom ko ang aking alak pati ang aking gatas. Magsikain kayo, O mga kaibigan; at magsiinom: magsiinom kayo nang sagana, mga mangingibig!

F. Sa halamanang ito ay may isang bukal at isang balon ng buháy na tubig; ang Diyos Ama ang bukal, ang Diyos Anak ang balon, at ang Diyos Espiritu ang dumadaloy na batis nang sa gayon ay matamasa natin ang dumadaloy na Tres-unong Diyos upang tayo ay maging Bagong Herusalem—4:15; Juan 4:14b.

A. A. 4:15—Isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy, at dumadaloy na batis mula sa Lebanon.

Juan 4:14b—Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

G. "Gumising ka, O hanging [mula sa hilaga], / At pumarito ka, O hanging [mula sa timog]! / Humihip ka sa aking halamanan, / Upang ang bango niya'y humalimuyak"—A. A. 4:16a:

A. A. 4:16a—Gumising ka, O hangin [na mula sa hilaga] , at pumarito ka, O hangin [mula sa timog]! Humihip ka sa aking halamanan, upang ang bango niya'y humalimuyak. Pumasok ang aking sinta sa halamanan niya, at kumain siya ng mga piling-piling bunga.

1. Ang hanging mula sa hilaga (malamig, matindi, mapait, at mahirap) at ang hanging mula sa timog (mainit-init, banayad, nakapananariwa, at kaaya-aya) ay dalawang magkaibang kapaligiran na ginagamit ng Panginoon upang sanayin ang mga mananampalataya na tamasahin Siya bilang kanilang lihim ng kasapatan—Fil. 4:11-13, 5-7; 1:20.

   Fil. 4:11-13—Hindi sa ako ay nagsasalita dahil sa kasalatan, sapagkat aking natutuhan ang masiyahan sa anumang kalagayang aking kinaroroonan. 12Alam ko rin kung paano mapababa, at alam ko kung paano managana; sa bawat bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim kapwa sa kabusugan at sa kagutuman, kapwa sa kasaganaan at sa kasalatan. 13Magagawa ko ang lahat ng bagay sa loob Niya na nagpapalakas sa akin.

   Fil. 4:5-7—Makilala nawa ng lahat ng tao ang inyong kahinahunan. Ang Panginoon ay malapit. 6Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, kundi sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pasasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos; 7At ang kapayapaan ng Diyos, na nakahihigit sa pangunawa ng bawat *tao*, ang magbabantay sa inyong mga puso at inyong mga pag-iisip sa loob ni Kristo Hesus.

   Fil. 1:20—Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan.

2. Natatanto ng naghahanap sa Panginoon na ang lahat ng suliranin ay nagmumula sa loob at hindi sa labas; nalalaman niyang hangga't napupuspos siya ng Espiritu bilang presensiya ng Tres-unong Diyos, maaari siyang mamuhay at maghayag kay Kristo nang maligaya sa anumang kapaligiran.

© 2026 Living Stream Ministry

Mensahe Apat

Ang Ikaapat na Yugto ng Awit ng mga Awit—
Tinawag nang Mas Masidhi upang Mamuhay sa loob ng Tabing
sa pamamagitan ng Krus pagkatapos ng Pagkabuhay na muli

Babasahin sa Kasulatan: A. A. 6:4a, 13

A. A. 6:4a—Ikaw ay kasingganda ng Tirzah, aking mahal, kahali-halina na gaya ng Herusalem, kakilakilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat.
A. A. 6:13—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan. Bakit ninyo pagmamasdan ang Shulamita, na gaya sa sayaw sa harap ng dalawang hukbo?

I. Sa pamamagitan ng kanyang pamumuhay sa pag-akyat sa langit ni Kristo bilang bagong nilikha sa pagkabuhay na muli, ang mangingibig ni Kristo ay gumugulang sa kayamanan ng buhay ni Kristo upang hindi lamang siya maging isang halamanan kay Kristo (A. A. 4:12—5:1; 6:2) bagkus ay santuwaryo rin ng Diyos, na isinasagisag ng Tirzah, at pananggalang nito, na isinasagisag ng Herusalem (b. 4a):

A. A. 4:12-16—Halamanang nababakuran ang kapatid ko, ang kasintahan ko; [Isang balong nasasarhan], isang bukal na natatakpan. [13]Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada, na may piling-piling mga bunga; hena na may nardo, [14]may nardo at safro, kalamo at kanela, sampu ng lahat na puno ng kamanyang; mira at mga aloe, sampu ng lahat ng pabangong pinakamainam— [15]isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy, at dumadaloy na batis mula sa Lebanon. [16]Gumising ka, O hangin [na mula sa hilaga], at pumarito ka, O hangin [mula sa timog]! Humihip ka sa aking halamanan, upang ang [mga espesiya] niya'y humalimuyak. Pumasok ang aking sinta sa halamanan niya, at kumain siya ng mga piling-piling bunga.
A. A. 5:1—Ako'y dumating sa aking halamanan, kapatid ko, kasintahan ko, aking tinipon ang aking mira pati ang aking [espesiya], kinain ko ang aking pulot-pukyutan pati ang aking pulot; ininom ko ang aking alak pati ang aking gatas. Magsikain kayo, O mga kaibigan; at magsiinom: magsiinom kayo nang sagana, mga mangingibig!
A. A. 6:2—Ang sinisinta ko'y bumaba sa kanyang halamanan, sa mga pitak ng mga [espesiya], upang ipastol ang kanyang kawan sa mga halamanan, at upang mamitas ng mga liryo.
A. A. 6:4a—Ikaw ay kasingganda ng Tirzah, aking mahal, kahali-halina na gaya ng Herusalem, kakilakilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat.

A. Pinupuri ng hari ang kagandahan ng kanyang mapagmahal na naghahanap sa pamamagitan ng pagpapahayag, "Ikaw ay kasingganda ng Tirzah, aking mahal, / Kahali-halina na gaya ng Herusalem"—b. 4a.

   A. A. 6:4a—Ikaw ay kasingganda ng Tirzah, aking mahal, kahali-halina na gaya ng Herusalem, kakilakilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat.

B. Ang Tirzah, isang kabisera ng lunsod ng mga hari ng Israel at ang lugar ng palasyo ng mga hari (1 Hari 14:17; 15:21; 16:23), ay binabanggit dito sa isang positibong kahulugan upang isagisag ang santuwaryo ng Diyos, ang pinaninirahang lugar ng Diyos bilang Hari; ang banal na lunsod na Herusalem ay ang kabisera ng Judah at ang pananggalang ng pinaninirahang lugar ng Diyos, ang templo, sa lupa.

1 Hari 14:17—Pagkatapos ay tumindig ang asawa ni Jeroboam at umalis at dumating sa Tirzah. Pagdating niya sa pintuan ng bahay, ang bata ay namatay.

1 Hari 15:21—Nang mabalitaan iyon ni Baasha, kanyang itinigil ang pagtatayo ng Ramah at siya'y nanirahan sa Tirzah.

1 Hari 16:23—Nang ikatatlumpu't isang taon ni Asa na hari ng Judah, nagsimula si Omri na maghari sa Israel, at naghari ng labindalawang taon; anim na taong naghari siya sa Tirzah.

C. Sa Lumang Tipan, ang pagtatayo ng Diyos ay isinasagisag ng Tirzah at Herusalem; sa Bagong Tipan, ang pagtatayong ito ay ang organikong Katawan ni Kristo; sa kahuli-hulihan, ang pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo, na siya ring asawang babae ni Kristo (Efe. 5:25-32; cf. Gen. 2:22), ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem, ang banal na lunsod bilang kaganapan ng dakong Banal ng mga Banal, ang mutuwal na tirahan ng Diyos at ng Kanyang tinubos sa kawalang-hanggan (Apoc. 21:2-3, 16, 22).

Efe. 5:25-32—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya [26]Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis *siya* sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan. [28]Gayundin naman, nararapat ibigin ng mga asawang lalaki ang kanilang sariling asawang babae tulad ng sarili nilang katawan; ang umiibig sa kanyang sariling asawang babae ay umiibig sa kanyang sarili. [29]Sapagkat walang sinumang napoot kailanman sa kanyang sariling laman, kundi pinakakain at kinakandili ito, gaya rin ni Kristo sa ekklesia, [30]Sapagkat tayo ay mga sangkap ng Kanyang Katawan. [31]Dahil dito ay iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina at pipisan sa kanyang asawang babae, at ang dalawa ay magiging isang laman. [32]Ang hiwagang ito ay dakila, subalit ako ay nagsasalita tungkol kay Kristo at sa ekklesia.

cf. Gen. 2:22—At ang tadyang na kinuha [ni Jehovah na] Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

Apoc. 21:2-3—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa. [3]At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila *at magiging* Diyos nila.

Apoc. 21:16—At ang lunsod ay nakatayong parisukat, at ang haba nito ay kasinlaki ng luwang nito. At sinukat niya ng tambo ang lunsod *sa haba na* labindalawang libong estadia; ang haba at ang luwang at ang taas nito ay magkakasukat.

Apoc 21:22—At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito.

II. Ang maging isang halamanan kay Kristo ay ang maging mayabong sa elemento ng buhay ni Kristo kalakip ang di-malirip na kayamanan nito; ang maging santuwaryo ng Diyos ay ang maitayo (may kaugnayan sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo) sa paglago sa buhay ni Kristo kalakip ang di-malirip na kayamanan nito tungo sa paggulang—Efe. 3:8; 4:12-16:

Efe. 3:8—Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito pang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo.

Efe. 4:12-16—Para sa pagpapasakdal ng mga banal tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, [13]Hanggang sa marating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang *pagiging* ganap na lumagong tao, ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo, [14]Upang tayo ay huwag nang maging maliliit na bata na sinisiklot ng mga alon at tinatangay ng bawat hangin ng pagtuturo sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng katusuhan na may pananaw na mapasaisang sistema ng kamalian, [15]Kundi sa pagtangan sa katotohanan sa loob ng pag-ibig, tayo ay lumago sa lahat ng bagay tungo sa Kanya, na Siyang Ulo, si Kristo, [16]Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at *sa pamamagitan* ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

A. Bagama't ang santuwaryo ng Diyos ay nasa kalangitan, nahahati ito sa dalawang seksiyon sa pamamagitan ng tabing, na sumasagisag sa ating laman—Heb. 10:19-20.

   Heb. 10:19-20—Kaya nga, mga kapatid, yamang mayroon tayong katapangang pumasok sa *dakong Banal* ng mga Banal sa pamamagitan ng dugo ni Hesus, [20]At ang pagpasok na ito ay Kanyang pinasimulan para sa atin bilang isang bago at buháy na daan sa pamamagitan ng tabing, yaon ay, ang Kanyang laman.

B. Kaugnay kay Kristo, ang tabing sa santuwaryo ng Diyos ay nahati sa panahon ng pagkapako sa krus ni Kristo (Mat. 27:51), subalit kaugnay sa mga mananampalataya, nananatili pa rin ito para sa layunin ng pagtutuos ng Diyos sa kanila.

   Mat. 27:51—At narito, ang tabing ng templo ay nahati sa dalawa buhat sa itaas hanggang sa ibaba, at ang lupa ay nayanig at ang mga bato ay nabiyak.

C. Si apostol Pablo ay gumulang sa buhay ni Kristo, namumuhay sa pag-akyat sa langit ni Kristo, gayunman ay hinayaan pa rin siya ng Diyos na magkaroon ng tinik sa kanyang laman sa pamamagitan ng sugo ni Satanas upang pigilan siyang labis na magmataas—2 Cor. 12:7.

   2 Cor. 12:7—At dahil sa lumalampas na kataasan ng mga pahayag, upang hindi ako labis na magmataas, binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang sugo ni Satanas, upang ako ay saktan niya, upang hindi ako labis na magmataas.

D. Sa Kanyang ekonomiya, isinisilang na muli muna tayo ng Diyos sa ating espiritu sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muling buhay (Juan 3:6; Roma 8:10; 1 Ped. 1:3); pagkatapos ay tinatransporma Niya tayo sa ating kaluluwa sa pamamagitan ng isang panloob, metabolikong proseso, dinadala si Kristo at ang Kanyang kayamanan tungo sa ating katauhan bilang ating bagong elemento at sinasanhi ang ating luma, natural na elemento na unti-unting maalis (2 Cor. 3:18; Roma 8:2); sa huli, ang ating katawan ay binabagong-anyo upang maiwangis sa katawan ng kaluwalhatian ni Kristo sa Kanyang pagbabalik (Fil. 3:21; Roma 8:23).

   2 Cor. 12:7—At dahil sa lumalampas na kataasan ng mga pahayag, upang hindi ako labis na magmataas, binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang sugo ni Satanas, upang ako ay saktan niya, upang hindi ako labis na magmataas.

   Juan 3:6—Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

   Roma 8:10—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

1 Ped. 1:3—Pagpalain ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na ayon sa Kanyang malaking awa ay nagsilang na muli sa atin tungo sa isang buháy na pag-asa sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Hesu-Kristo mula sa mga patay.
2 Cor. 3:18—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.
Roma 8:2—Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.
Fil. 3:21—Na siyang magbabagong-anyo sa katawan ng ating pagkamababa upang maiwangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian, ayon sa Kanyang paggawa na sa pamamagitan nito ay maipasasakop pa Niya ang lahat ng bagay sa Kanyang sarili.
Roma 8:23—At hindi lamang *gayon*, bagkus tayo rin mismo, na taglay ang mga unang bunga ng Espiritu, maging tayo mismo sa ating sarili ay humihibik, sabik na naghihintay ng pagka-anak, ang katubusan ng ating katawan.

III. Mayroon pa ring pangangailangan sa huling pagtawag ng Panginoon sa atin upang mamuhay sa loob ng tabing sa pamamagitan ng isang mas matinding pagdaranas ng krus sa pagtutuos sa ating laman pagkatapos ng ating pagdaranas ng Kanyang pagkabuhay na muli bilang bagong nilikha ng Diyos:

A. Pagkatapos habulin ng mangingibig ni Kristo si Kristo para sa kasiyahan at naabot ito sa unang yugto ng Awit ng mga Awit, tinawag muna siya ng Panginoon upang mailigtas mula sa kanyang sarili sa pamamagitan ng pagdaranas sa Kanyang krus noong siya ay naihiwalay dahil sa pagsisiyasat sa sarili; pagkatapos ay tinawag siya nang higit pa ng Panginoon upang mamuhay sa Kanyang pag-akyat sa langit bilang bagong nilikha ng Diyos sa pagkabuhay na muli; ngayon sa kahuli-hulihan, tinatawag siya ng Panginoon upang mamuhay sa loob ng tabing sa dakong Banal ng mga Banal, sa Diyos Mismo, upang tamasahin ang napasukdol na Diyos na naisakatawan kay Kristo—cf. Heb. 10:22:
cf. Heb. 10:22—Tayo ay lumapit sa *dakong Banal ng mga Banal* nang may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang ating mga puso ay nawisikan mula sa isang masamang budhi at ang ating mga katawan ay nahugasan ng dalisay na tubig.

1. Ayon sa ekonomiya ng Diyos, gaano man tayo gumulang at maging espiritwal, hangga't tayo ay nabubuhay sa lupa, yaon ay, hangga't ang ating katawan ay hindi pa nababagong-anyo (Roma 8:23; Fil. 3:21), taglay pa rin natin ang laman, na siyang tabing.
   Roma 8:23—At hindi lamang *gayon*, bagkus tayo rin mismo, na taglay ang mga unang bunga ng Espiritu, maging tayo mismo sa ating sarili ay humihibik, sabik na naghihintay ng pagka-anak, ang katubusan ng ating katawan.
   Fil. 3:21—Na siyang magbabagong-anyo sa katawan ng ating pagkamababa upang maiwangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian, ayon sa Kanyang paggawa na sa pamamagitan nito ay maipasasakop pa Niya ang lahat ng bagay sa Kanyang sarili.
2. Kailangan nating matutuhan na dumaan sa tabing sa pamamagitan ng pagdaranas ng pagtutuos ng krus araw-araw upang makapamuhay tayo sa loob ng tabing, sa dakong Banal ng mga Banal—1 Cor. 15:31; Luc. 9:23.
   1 Cor. 15:31—Ipinahahayag ko sa pamamagitan ng pagmamapuri ukol sa inyo, mga kapatid, na taglay ko kay Kristo Hesus na ating Panginoon, araw-araw ay namamatay ako.

Luc. 9:23—At sinabi Niya sa *kanilang* lahat, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus araw-araw at sumunod sa Akin.

3. Kapag pumapasok tayo tungo sa Pinakabanal, pumapasok tayo tungo sa Diyos at nagiging ang santuwaryo; sa pakahulugang ito ay nagiging Diyos tayo sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos; bilang tunay na Shulamita, tayo ay nagiging duplikasyon at pagpaparami ni Kristo, na siyang "ang totoong Diyos at buhay na walang hanggan"—1 Juan 5:20.

   1 Juan 5:20—At alam natin na dumating ang Anak ng Diyos at tayo ay binigyan ng pang-unawa upang ating makilala Siya na totoo; at tayo ay nasa Kanya na totoo, nasa Kanyang Anak na si Hesu-Kristo. Ito ang totoong Diyos at buhay na walang hanggan.

4. May tatlong kahanga-hangang aytem sa loob ng Kaban sa dakong Banal ng mga Banal para sa ating pagdaranas at pagtatamasa:
   a. Ang natatagong manna sa loob ng gintong palayok ay tumutukoy sa Diyos Ama bilang dibinong pinagmumulan ng lahat ng panustos—Exo. 16:32-34; Apoc. 2:17a.

      Exo. 16:32-34—Sinabi ni Moises, Ito ang bagay na iniutos [ni Jehovah], Magtabi kayo ng isang omer ng manna na inyong itatago sa buong panahon ng inyong mga salinlahi, upang kanilang makita ang tinapay na Aking ipinakain sa inyo sa ilang nang kayo'y Aking ilabas sa lupain ng Ehipto. 33Sinabi ni Moises kay Aaron, Kumuha ka ng isang palayok at lagyan mo ng isang omer na punô ng manna, at ilagay mo sa harap [ni Jehovah] upang maingatan sa buong panahon ng inyong mga salinlahi. 34Kung paanong iniutos [ni Jehovah] kay Moises ay gayon inilagay ni Aaron sa harap ng [Patotoo] upang ingatan.

      Apoc. 2:17a—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap *nito*.

   b. Ang umuusbong na tungkod ay sumasagisag kay Kristo bilang pagkabuhay na muli; sa gitna ng tatlo sa Dibinong Trinidad, ang ikalawa ay ang pagkabuhay na muli—Bil. 17:1-11; Juan 11:25.

      Bil. 17:1-11—Nagsalita [si Jehovah] kay Moises, na sinasabi, 2Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at kumuha ka sa kanila ng mga tungkod, isa sa bawat sambahayan ng mga ninuno; sa lahat nilang mga pinuno ayon sa mga sambahayan ng kanilang mga ninuno, labindalawang tungkod: isulat mo ang pangalan ng bawat isa sa kanyang tungkod. 3Isusulat mo ang pangalan ni Aaron sa tungkod ni Levi, sapagkat magkakaroon ng isa lamang tungkod para sa bawat pinuno sa mga sambahayan ng kanilang mga ninuno. 4Ilagay mo ang mga ito sa [Tolda ng Pagpupulong] sa harap ng Patotoo, kung saan Ako nakikipagtagpo sa inyo. 5[Mag-uusbong] ang tungkod ng lalaking Aking pipiliin, at patitigilin Ko ang mga pagrereklamo ng mga anak ni Israel, na kanilang inerereklamo laban sa inyo. 6Si Moises ay nagsalita sa mga anak ni Israel, at ang lahat ng kanilang mga pinuno ay nagbigay sa kanya ng tungkod, isa sa bawat pinuno ayon sa mga sambayanan ng kanilang mga ninuno, labindalawang

tungkod, at ang tungkod ni Aaron ay nasa kalagitnaan ng kanilang mga tungkod. 7Inilagay ni Moises ang mga tungkod sa harap [ni Jehovah] sa Tolda ng Patotoo. 8Kinabukasan, nang si Moises ay pumasok sa Tolda ng Patotoo; ang tungkod ni Aaron sa sambahayan ni Levi ay [umusbong]; [sumibol pa ito at namulaklak at namunga] ng mga hinog na almendras. 9Mula sa harap [ni Jehovah] ay inilabas ni Moises ang lahat ng tungkod sa harap ng lahat ng mga anak ni Israel at kanilang pinagmasdan. Kinuha ng bawat lalaki ang kanyang tungkod. 10At sinabi [ni Jehovah] kay Moises, Ibalik mo ang tungkod ni Aaron sa harap ng Patotoo, upang ingatan bilang tanda laban sa mga mapaghimagsik; at nang iyong wakasan ang kanilang mga pagrereklamo laban sa Akin, upang hindi sila mamatay. 11Gayon ang ginawa ni Moises; kung paanong iniutos [ni Jehovah] sa kanya ay gayon niya ginawa.

Juan 11:25—Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay.

c. Ang mga tapyas na pinagsulatan ng kautusan ay tumutukoy sa kautusan ng Espiritu ng buhay bilang panloob na kautusan sa ating espiritu (Roma 8:2, 10), isinasagisag ng mga tapyas na pinagsulatan ng tipan (Exo. 25:16; 31:18; Deut. 10:1-5; Jer. 31:33).

Roma 8:2—Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

Roma 8:10—Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.

Exo. 25:16—Iyong ilalagay sa loob ng Kaban ang Patotoo na Aking ibibigay sa iyo.

Exo. 31:18—Pagkatapos na makapagsalita [ni Jehovah] sa kanya sa ibabaw ng bundok ng Sinai, kanyang ibinigay kay Moises ang dalawang tapyas ng [Patotoo], ang mga tapyas na bato na sinulatan ng daliri ng Diyos.

Deut. 10:1-5—Nang panahong iyon ay sinabi [ni Jehovah] sa akin, Tumapyas ka ng dalawang tapyas ng bato, na gaya nang una. Umakyat ka sa Akin sa bundok at gumawa ka ng isang kaban na yari sa kahoy. 2Isusulat Ko sa mga tapyas ang mga salita na nasa unang mga tapyas na iyong binasag, at iyong isisilid ang mga iyan sa Kaban. 3Kaya't gumawa ako ng isang kabang yari sa kahoy na akasya, at humugis ng dalawang tapyas na bato na gaya nang una, at umakyat sa bundok na dala ang dalawang tapyas. 4At Kanyang isinulat sa mga tapyas ang ayon sa unang nasulat, ang Sampung Utos na sinabi [ni Jehovah] sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy nang araw ng pagtitipon; at ang mga iyon ay ibinigay sa akin [ni Jehovah]. 5Ako'y pumihit at bumaba mula sa bundok, at aking isinilid ang mga tapyas sa Kaban na aking ginawa, at ang mga iyon ay naroroon, na gaya ng iniutos sa akin [ni Jehovah].

Jer. 31:33—Ngunit ito ang tipan na Aking gagawin sa sambahayan ng Israel pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi [ni Jehovah]: Ilalagay Ko ang Aking kautusan sa kanilang kalooban, at Aking isusulat iyon sa kanilang mga puso; at Ako'y magiging kanilang Diyos at sila'y magiging Aking bayan.

d. Kailangan nating makita na ang Ama ay nasa loob natin (Efe. 4:6), ang Anak ay nasa loob natin (Col. 1:27; 2 Cor. 13:5), at ang Espiritu ay nasa loob natin (Roma 8:9).

Efe. 4:6—Isang Diyos at Ama ng lahat, na Siyang nasa ibabaw ng lahat at lumalagos sa lahat at nasa lahat.

Col. 1:27—Sa kanila ay niloob ng Diyos na ipaalam kung ano ang kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Hentil, na ito ay si Kristong nasa loob ninyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.

2 Cor. 13:5—Subukin ninyo ang inyong sarili kung kayo ay nasa pananampalataya; patunayan ninyo ang inyong sarili. O hindi ba ninyo natatanto sa inyong sarili na si Hesu-Kristo ay nasa inyo, malibang kayo ay hindi aprobado?

Roma 8:9—Ngunit kayo ay wala sa laman, kundi nasa espiritu, kung tunay na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo. Ngunit kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Kristo, siya ay hindi sa Kanya.

e. Samakatwid, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu ay naninirahan sa dakong Banal ng mga Banal; kapag pumapasok tayo sa ating espiritu bilang ang praktikal na dakong Banal ng mga Banal, pumapasok tayo tungo sa Diyos at tinatagpo ang Ama bilang pinagmumulan ng panustos, ang Anak bilang pagkabuhay na muli, at ang Espiritu bilang kautusan ng buhay.

B. Dito, ang lahat ng naghahanap kay Kristo na namumuhay sa dakong Banal ng mga Banal, sa napasukdol na Tres-unong Diyos, ay nagtatamasa sa naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos sa pinakaganap na sukat; ito ang pinakamataas na yugto sa karanasan ng mangingibig ni Kristo na ipinakikita sa Awit ng mga Awit.

IV. Sa kahuli-hulihan, iwinawangis tayo upang maging ang kahanga-hangang Shulamita, na siyang, bilang duplikasyon ni Solomon, ang pinakadakila at huling sagisag ng Bagong Herusalem bilang kapareha ni Kristo—6:13; Apoc. 21:2, 9-10; 22:17a:

A. A. 6:13—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan. Bakit ninyo pagmamasdan ang Shulamita, na gaya sa sayaw sa harap ng dalawang hukbo?

Apoc. 21:2—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

Apoc. 21:9-10—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero. [10]At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

Apoc. 22:17a—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

A. Kung paanong si Haring Solomon ay naging isang probinsiyano upang ligawan ang isang probinsiyana upang gawin siyang kanyang reyna, kanyang duplikasyon, ang Diyos sa loob ni Kristo ay naging isang tao upang ligawan ang tao upang gawing Diyos ang tao sa buhay, kalikasan, kahayagan, at pangsyon ngunit hindi sa pagka-Diyos upang maging kasintahang babae ni Kristo—Mat. 9:15; Apoc. 19:7; cf. Awit 45:1-3, 9, 13-14.

Mat. 9:15—At sinabi sa kanila ni Hesus, Maaari bang magdalamhati ang mga abay sa kasalan habang kasama nila ang kasintahang lalaki? Subalit darating ang mga araw na ang kasintahang lalaki ay kukunin sa kanila, at saka sila mag-aayuno.

Apoc. 19:7—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

cf. Awit 45:1-3—Ang aking puso ay nag-uumapaw sa mabuting paksa, ipinatutungkol ko ang aking mga salita sa Hari; ang aking dila ay gaya ng panulat ng bihasang manunulat. [2]Ikaw ang pinakamaganda sa mga anak ng mga tao; ang biyaya ay ibinubuhos sa mga labi Mo, kaya't pinagpala Ka ng Diyos magpakailanman. [3]Ibigkis Mo ang Iyong tabak sa Iyong hita, O makapangyarihan, sa Iyong kaluwalhatian at kamahalan!

Awit 45:9—Ang mga anak na babae ng mga hari ay kabilang sa Iyong mararangal na babae; sa Iyong kanang kamay ay nakatayo ang reyna na may ginto ng Ofir.

Awit 45:13-14—Ang anak na babae ng hari ay puspos ng kaluwalhatian sa loob niya, mga gintong hinabi ang kasuotang nasa kanya. [14]Siya'y inihahatid sa Hari na may kasuotang makulay, ang mga birhen, kanyang mga kasama na sumusunod sa kanya, ay dadalhin sa Kanya.

B. Inihahayag ng Biblia na ang Diyos ay naging tao upang ligawan tayo at ngayon ay ninanais Niyang ligawan natin Siya sa pamamagitan ng ating pagiging dibino para sa Kanyang kahayagan sa pamamagitan ng ating personal, magiliw, pribado, at espiritwal na kaugnayan sa Kanya—Ecl. 1:2; A. A. 1:1-8; cf. 2 Cor. 2:10; Exo. 33:11; Roma 8:4, 6; 1 Cor. 2:15.

Ecl. 1:2—Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng Mangangaral; walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan! Lahat ay walang kabuluhan.

A. A. 1:1-8—Ang awit ng mga awit na kay Solomon. [2]Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig, [3]ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; langis na ibinuhos ang pangalan mo; kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa iyo. [4]Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo. Dinala ako ng hari sa mga silid niya. Kami ay matutuwa at sa iyo'y magsasaya. Aming itataas ng higit kaysa alak ang pagibig mo, matuwid ang pag-ibig nila sa iyo. [5]Ako'y maitim, ngunit kahali-halina, O kayong mga anak na babae ng Herusalem, gaya ng mga tolda sa Kedar, gaya ng mga tabing ni Solomon. [6]Huwag ninyo akong masdan dahil sa ako'y maitim, sapag-kat sinunog ako ng araw. Ang mga anak ng aking ina ay galit sa akin, ginawa nila akong tagapangalaga ng mga ubasan; ngunit ang sarili kong ubasan ay hindi ko nabantayan. [7]Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, saan ka nagpapastol ng iyong kawan, saan mo pinahihiga sa katanghalian; sapagkat bakit ako'y magiging gaya ng nalalambungan, sa tabi ng mga kawan ng iyong mga kasamahan? [8]Kung hindi mo nalalaman, O ikaw na pinakamaganda sa mga babae, sumunod ka sa mga landas ng kawan, at ipastol mo ang mga anak ng kambing sa tabi ng mga tolda ng mga pastol.

cf. 2 Cor. 2:10—Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, *pinatatawad* ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, *ito ay* alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo;

Exo. 33:11—Sa gayon nakikipag-usap [si Jehovah] kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipagusap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda.

Roma 8:4—Upang ang matuwid na kahingian ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa espiritu.

Roma 8:6—Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

1 Cor. 2:15—Subalit nakikilala ng espiritwal na tao ang lahat ng bagay, ngunit siya mismo ay hindi nakikilala ng sinuman.

C. Ang *Shulamita* ay ang pambabaeng anyo ng *Solomon,* nagpapahiwatig na ngayon ang mga mandaraig ay naging tulad ni Kristo sa buhay, sa kalikasan, sa kahayagan, at sa pangsyon ngunit hindi sa pagka-Diyos para sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos.

D. Ang Shulamita ay inihahalintulad sa sayaw ng dalawang kampo, o dalawang hukbo (Heb. *mahanaim*), sa paningin ng Diyos; pagkatapos makita ni Jacob ang mga anghel ng Diyos, ang dalawang hukbo ng Diyos, pinangalanan niya ng Mahanaim ang lugar kung saan siya naroroon at hinati ang kanyang mga asawang babae, mga anak, at mga pag-aari tungo sa "dalawang kampo"—A. A. 6:13; Gen. 32:1-2:

A. A. 6:13—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan. Bakit ninyo pagmamasdan ang Shulamita, na gaya sa sayaw sa harap ng dalawang hukbo?

Gen. 32:1-2—Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglakad, at sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos. 2Nang makita sila ni Jacob ay sinabi niya sa kanila, Ito'y kampo ng Diyos! Kaya't tinawag niya ang pangalan ng lugar na iyon na Mahanaim.

1. Nang si Jacob ay nasa daan na upang harapin si Esau, sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos, at tinawag niyang Mahanaim ang lugar na iyon—bb. 1-2.

   Gen. 32:1-2—Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglakad, at sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos. 2Nang makita sila ni Jacob ay sinabi niya sa kanila, Ito'y kampo ng Diyos! Kaya't tinawag niya ang pangalan ng lugar na iyon na Mahanaim.

2. Pagkatapos niyang makita ang mga anghel bilang dalawang hukbo ng Diyos, hinati ni Jacob ang kanyang mga asawang babae, mga anak, at mga pag-aari tungo sa dalawang grupo, o "dalawang hukbo," nagpapahiwatig na higit pa tayong nakapananagumpay at nagpapasan tayo ng matibay na patotoo—b. 7.

   Gen. 32:7—Kaya't natakot nang husto at nabahala si Jacob; at kanyang hinati sa dalawang [kampo] ang mga taong kasama niya, ang mga kawan, ang mga bakahan, at ang mga kamelyo.

3. Ipinapahiwatig din nito na hindi nais ng Diyos ang "mga higante" kundi ang mga marurupok lamang, ang mga mas mahihina, ang mga babae at mga bata—2 Cor. 11:29; Roma 9:16.

   2 Cor. 11:29—Sino ang mahina, at ako ba ay hindi mahina? Sino ang natitisod, at ako ba mismo ay hindi nag-aalab?

   Roma 9:16—Kaya nga hindi ito sa kanya na may ibig, ni sa kanya na tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.

4. Hindi nais ng Diyos yaong mga malalakas sa kanilang sarili; yaong mga ibinibilang na karapat-dapat na maging mga mandaraig ay ang mga mas mahihina na lubos na dumedepende sa Panginoon sa prinsipyo ng Katawan—1 Cor. 1:26-28; 2 Cor. 11:29; 12:9-10; 13:3-5; Apoc. 3:8; 1 Ped. 5:5; Deut. 32:30; Ecl. 4:9-12; Roma 9:16; 16:20.

   1 Cor. 1:26-28—Sapagkat isaalang-alang ninyo ang inyong pagkatawag, mga kapatid, na hindi marami ang marurunong ayon sa laman, hindi marami ang makapangyarihan, hindi marami ang isinilang na marangal. 27Kundi pinili ng Diyos ang mga mangmang na bagay ng sanlibutan upang maipahiya Niya *yaong* marurunong, at pinili ng Diyos ang mahihinang bagay ng sanlibutan upang

maipahiya Niya ang mga bagay na malalakas, [28]At ang mababababang bagay ng sanlibutan at ang mga hamak na bagay ay pinili ng Diyos, mga bagay na walang halaga, upang mapawalang-saysay Niya ang mga bagay na mahalaga.

2 Cor. 11:29—Sino ang mahina, at ako ba ay hindi mahina? Sino ang natitisod, at ako ba mismo ay hindi nag-aalab?

2 Cor. 12:9-10—At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin. [10]Kaya ako ay nalulugod sa mga kahinaan, sa mga pangungutya, sa mga pangangailangan, sa mga pag-uusig at mga paghihinagpis, alang-alang kay Kristo; sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.

2 Cor. 13:3-5—Yamang naghahanap kayo ng katibayan ukol kay Kristo na nagsasalita sa loob ko, na hindi mahina tungo sa inyo kundi makapangyarihan sa loob ninyo. [4]Sapagkat totoong ipinako Siya mula sa kahinaan, ngunit Siya ay nabubuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sapagkat totoong kami ay mahihina sa loob Niya, ngunit kami ay mabubuhay na kasama Niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na patungo sa inyo. [5]Subukin ninyo ang inyong sarili kung kayo ay nasa pananampalataya; patunayan ninyo ang inyong sarili. O hindi ba ninyo natatanto sa inyong sarili na si Hesu-Kristo ay nasa inyo, malibang kayo ay hindi aprobado?

Apoc. 3:8—Alam Ko ang iyong mga gawa; narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara, sapagkat ikaw ay may kaunting kapangyarihan at tinupad mo ang Aking salita at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan.

1 Ped. 5:5—Sa parehong paraan, kayong mga nakababatang lalaki ay magpasakop sa mga nakatatanda; at kayong lahat ay magbigkis ng pagpapakumbaba sa pakikitungo sa isa't isa, sapagkat sinasalangsang ng Diyos ang mga palalo subalit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.

Deut. 32:30—Paano hahabulin ng isa ang isanlibo, at patatakbuhin ng dalawa ang sampung libo, malibang ipinagbili sila ng kanilang Bato, at ibinigay na sila [ni Jehovah]?

Ecl. 4:9-12—Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa; sapagkat sila'y may mabuting gantimpala sa kanilang pagpapagod. [10]Sapagkat kung sila'y bumagsak, ibabangon ng isa ang kanyang kasama; ngunit kahabag-habag siya na nag-iisa kapag siya'y bumagsak; at walang iba na magbabangon sa kanya. [11]Muli, kung ang dalawa ay mahigang magkasama, may init nga sila; ngunit paanong maiinitan ang nag-iisa? [12]At bagaman ang isang tao ay maaaring magtagumpay laban sa iba, ang dalawa ay magtatagumpay laban sa isa. Ang panaling may tatlong pisi ay hindi agad napapatid.

Roma 9:16—Kaya nga hindi ito sa kanya na may ibig, ni sa kanya na tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.

Roma 16:20—Ngayon ang Diyos ng kapayapaan ang dudurog kay Satanas sa ilalim ng inyong mga paa sa lalong madaling panahon. Ang biyaya ng ating Panginoong Hesus ay sumainyo.

5. Ang espiritwal na kahulugan ng dalawang hukbo ay ang matibay na patotoo na higit pa tayong nakapananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa atin ayon sa prinsipyo ng Katawan ni Kristo—8:37; 12:5; Deut. 32:30; Ecl. 4:9-12.

   Roma 8:37—Ngunit sa lahat ng bagay na ito ay higit pa tayong nakapananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa atin.

   Roma 12:5—Gayundin tayo na marami ay iisang Katawan sa loob ni Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa't isa.

   Deut. 32:30—Paano hahabulin ng isa ang isanlibo, at patatakbuhin ng dalawa ang sampung libo, malibang ipinagbili sila ng kanilang Bato, at ibinigay na sila [ni Jehovah]?

   Ecl. 4:9-12—Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa; sapagkat sila'y may mabuting gantimpala sa kanilang pagpapagod. 10Sapagkat kung sila'y bumagsak, ibabangon ng isa ang kanyang kasama; ngunit kahabag-habag siya na nag-iisa kapag siya'y bumagsak; at walang iba na magbabangon sa kanya. 11Muli, kung ang dalawa ay mahigang magkasama, may init nga sila; ngunit paanong maiinitan ang nag-iisa? 12At bagaman ang isang tao ay maaaring magtagumpay laban sa iba, ang dalawa ay magtatagumpay laban sa isa. Ang panaling may tatlong pisi ay hindi agad napapatid.
6. Kailangan ng Diyos ng isang bayan na kaisa Niya, isang bayan na nagpapasailalim sa Kanya, isinasagisag ng tinirintas na buhok (A. A. 1:11), at masunurin sa Kanya na may kaloobang laang umayon, isinasagisag ng leeg na may mga kuwintas ng mga hiyas (b. 10).

   A. A. 1:11—Igagawa ka namin ng mga gintong kuwintas, na may mga pilak na pahiyas.

   A. A. 1:10—Pinagaganda ng mga pahiyas ang iyong mga pisngi, ang iyong leeg ng mga kuwintas na [hiyas].
7. Kapag isinasaalang-alang natin kung paano makararating sa pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag, hindi tayo dapat magtiwala sa ating sarili kundi dumepende sa Panginoon bilang pag-ibig, kapangyarihan, at awa upang gawin tayong mga sisidlan ng awa, karangalan, at kaluwalhatian—Roma 9:16, 21-23; A. A. 8:5-6.

   Roma 9:16—Kaya nga hindi ito sa kanya na may ibig, ni sa kanya na tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.

   Roma 9:21-23—O wala bang awtoridad sa luwad ang magpapalayok na gumawa mula sa parehong limpak ng isang sisidlan sa ikararangal at isa pa sa di-ikararangal? 22At paano kung ang Diyos, sa pagnanais na ipakita ang Kanyang poot at ipakilala ang Kanyang kapangyarihan, ay nagbatá ng maraming pagtitiis sa mga sisidlan ng kapootan na nararapat sa pagkawasak, 23Upang maipakilala Niya ang kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng awa, na Kanyang inihanda nang una pa tungo sa kaluwalhatian.

   A. A. 8:5-6—Sino itong umaahon mula sa ilang, na nakahilig sa kanyang minamahal? Sa ilalim ng punong mansanas ay ginising kita. Doon ay naghirap sa panganganak ang iyong ina, siya na nagsilang sa iyo ay naghirap doon sa panganganak. 6Ilagay mo akong [tatak] sa iyong puso, [tatak] sa iyong bisig; sapagkat ang pag-ibig ay kasinlakas tulad ng kamatayan, ang panibugho ay kasimbagsik na tulad ng [Sheol]. Ang mga liyab niyon ay parang mga liyab ng apoy, isang apoy [ni Jehovah] na lumalagablab.

© 2026 Living Stream Ministry

Mensahe Lima

Ang Ikalimang Yugto ng Awit ng mga Awit—
Pakikibahagi sa Gawain ng Panginoon

Babasahin sa Kasulatan: A. A. 7:1-5, 11-12

A. A. 7:1-5—Napakaganda ng iyong mga paa sa mga sandalyas / O mala-reynang babae! / Ang mga bilugan mong hita ay gaya ng mga hiyas, / na gawa ng bihasang kamay. 2Ang iyong pusod ay gaya ng bilog na mangkok, / Na hindi nawawalan ng alak na may halo./ Ang iyong tiyan ay bunton ng trigo, / na napapaligiran ng mga liryo. 3Ang iyong dalawang suso ay gaya ng dalawang batang usa, / Na mga kambal ng inahing usa. 4Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco. 5Pinuputungan ka ng iyong ulo gaya ng Carmel, / At ang umaalon mong buhok ay gaya ng kulay-ube; / Ang hari ay nabibihag sa mga tirintas niyon.
A. A. 7:11-12—Halika, sinta ko, / pumunta tayo sa mga bukid, / manirahan tayo sa mga nayon; 12Magtungo tayo nang maaga sa mga ubasan, / at tingnan natin kung may bukó na ang puno ng ubas, / kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / at kung ang mga granada ay namumulaklak. / Doo'y ibibigay ko sa Iyo ang aking pag-ibig.

I. **Si Solomon ay ang panginoon ng maraming ubasan (A. A. 7:12), na nangangailangan ng maraming pagpapagal; sa puntong ito, ang Shulamita ay kinakailangang makibahagi sa gawain ng Panginoon upang maging kamanggagawa ng Diyos; anong pribilehiyo at kaluwalhatian na ang mga tao ay maaaring gumawang kasama ng Diyos upang maging mga kamanggagawa ng Diyos (1 Cor. 3:9; 2 Cor. 6:1a)!**

   A. A 7:12—Magtungo tayo nang maaga sa mga ubasan, / at tingnan natin kung may bukó na ang puno ng ubas, / kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / at kung ang mga granada ay namumulaklak. / Doo'y ibibigay ko sa Iyo ang aking pag-ibig.
   1 Cor. 3:9—Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.
   2 Cor. 6:1a—At yamang gumagawang kasama *Niya*, ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan.

II. **Upang makabahagi sa gawain ng Panginoon, kailangan nating maging kuwalipikado, na nakadepende sa ating pagiging nasangkapan ng lahat ng katangian ng dibinong buhay na naihahayag sa mga pantaong kagalingan; inilalarawang muli ng Espiritu ang mga kagalingan ng mangingibig, na mga tanda ng kanyang paggulang sa dibinong buhay at nagpapaging-kuwalipikado sa kanya na gumawang kasama ng Panginoon—A. A. 7:1-5; cf. 2 Cor. 1:12; 2:14-17; 11:10a; 1 Tes. 2:1-12:**

   A. A. 7:1-5—Napakaganda ng iyong mga paa sa mga sandalyas / O mala-reynang babae! / Ang mga bilugan mong hita ay gaya ng mga hiyas, / na gawa ng bihasang kamay. 2Ang iyong pusod ay gaya ng bilog na mangkok, / Na hindi nawawalan ng alak na may halo. / Ang iyong tiyan ay bunton ng trigo, / na napapaligiran ng mga liryo. 3Ang iyong dalawang suso ay gaya ng dalawang batang usa, / Na mga kambal ng inahing usa. 4Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco. 5Pinuputungan ka ng iyong ulo gaya ng Carmel, / At ang umaalon mong buhok ay gaya ng kulay-ube; / Ang hari ay nabibihag sa mga tirintas niyon.

cf. 2 Cor. 1:12—Sapagkat ang aming pagmamapuri ay ito, ang patotoo ng aming budhi, na sa pagiging tapat sa isa at sinseridad ng Diyos, hindi sa makalamang karunungan kundi sa biyaya ng Diyos, ay gumawi kami sa sanlibutan, at lalong sagana pa sa inyo.
2 Cor. 2:14-17—Ngunit salamat sa Diyos, na laging nangunguna sa amin sa tagumpay sa Kristo at naghahayag ng samyo ng pagkakilala sa Kanya sa pamamagitan namin sa bawat dako. 15Sapagkat kami ay isang halimuyak ni Kristo sa Diyos sa mga inililigtas at sa mga napapahamak: 16Sa ilan ay samyong mula sa kamatayan tungo sa kamatayan, at sa iba ay samyong mula sa buhay tungo sa buhay. At sino ang sapat para sa mga bagay na ito? 17Sapagkat hindi kami gaya ng karamihan, na hinahaluan ang salita ng Diyos para sa kapakinabangan; kundi mula sa sinseridad, kundi mula sa Diyos, sa harapan ng Diyos ay nagsasalita kami sa loob ni Kristo.
2 Cor. 11:10a—Ang pagkamakatotohanan ni Kristo ay nasa akin, upang ang pagmamapuring ito ay hindi mapigilan sa akin sa mga rehiyon ng Acaia.
1 Tes. 2:1-12—Sapagkat alam ninyo mismo, mga kapatid, ang aming pagpasok patungo sa inyo, na ito ay hindi nawalan ng kabuluhan. 2Bagaman nagdusa kami noong una at tinrato nang walang pakundangan, gaya ng alam ninyo, sa Filipos, ay naging matapang kami sa loob ng ating Diyos na isalita sa inyo ang ebanghelyo ng Diyos sa gitna ng matinding pakikipagbaka. 3Sapagkat ang aming paghihikayat ay hindi mula sa pandaraya ni mula sa karumihan ni sa katusuhan; 4Kundi kung paanong inaprobahan kami ng Diyos na pagkatiwalaan ng ebanghelyo ay nagsasalita kami sa paraang hindi nagbibigay-lugod sa mga tao kundi sa Diyos, na sumusubok sa aming mga puso. 5Sapagkat kailanman ay hindi kami nasumpungang may mga mapamuring pananalita, gaya ng alam ninyo, ni ng pagkukunwaring para sa kasakiman; saksi ang Diyos. 6Ni naghangad man kami ng kaluwalhatian mula sa mga tao, hindi sa inyo ni sa iba man, bagaman maaari kaming tumindig sa aming awtoridad bilang mga apostol ni Kristo. 7Kundi kami ay naging magiliw sa gitna ninyo, gaya ng isang nagpapasusong ina na nagkakandili ng kanyang sariling mga anak. 8Sa pananabik sa inyo, lubos kaming nalugod na ibahagi sa inyo hindi lamang ang ebanghelyo ng Diyos bagkus maging ang aming sariling kaluluwa, sapagkat kayo ay napamahal na sa amin. 9Sapagkat naaalaala ninyo, mga kapatid, ang aming pagpapagal at paghihirap: Habang nagtatrabaho kami sa gabi at araw upang hindi kami maging pabigat sa kaninuman sa inyo, ipinahayag namin sa inyo ang ebanghelyo ng Diyos. 10Kayo ay mga saksi, gayundin ang Diyos, kung paanong sa isang banal at matuwid at walang kapintasang paraan ay iginawi namin ang aming sarili sa harap ninyo na mga sumasampalataya, 11Gaya ng inyong nalalaman kung paano *kami nakitungo* sa bawat isa sa inyo, gaya ng isang ama sa kanyang sariling mga anak, na hinihikayat kayo at inaaliw *kayo* at nagpapatotoo, 12Upang lumakad kayo sa paraang karapat-dapat sa Diyos, na tumatawag sa inyo tungo sa Kanyang sariling kaharian at kaluwalhatian.

A. Ang namumukod-tanging gawain ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa Kanyang piniling bayan, ginagawa ang Kanyang sarili na kaisa nila para sa Katawan ni Kristo—Gal. 4:19; Efe. 3:17a; 4:16:

Gal. 4:19—Mga anak ko, na muli kong ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si Kristo ay maihubog sa inyo.
Eph. 3:17a—Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.
Eph. 4:16—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at *sa pamamagitan* ng

paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

1. Hindi natin mapaglilingkuran ang Diyos nang higit sa kung ano tayo bilang isang tao—sinasabi ni Pablo, "Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako…"—siya ay isang taong napunuan at nabuoan ni Kristo bilang biyaya, na siyang ang Diyos para sa ating katamasahan—1 Cor. 15:10a.
   1 Cor. 15:10a—Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako; at ang Kanyang biyayang ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan, kundi, sa kabaligtaran, ako ay higit na nagpagal kaysa sa kanilang lahat, ngunit hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.
2. Bilang resulta nito, nagpapatuloy si Pablo sa pagsasabi, "At ang Kanyang biyayang ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan, kundi, sa kabaligtaran, ako ay higit na nagpagal kaysa sa kanilang lahat, ngunit hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin"—b. 10b.
   1 Cor. 15:10b—Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako; at ang Kanyang biyayang ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan, kundi, sa kabaligtaran, ako ay higit na nagpagal kaysa sa kanilang lahat, ngunit hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.
3. Ang *hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos* ay katumbas ng *hindi na ako…kundi si Kristo* sa Galacia 2:20; kaya ang biyaya na gumawa kay Pablo ay hindi isang usapin o isang bagay kundi isang buháy na persona, ang nabuhay na muling Kristo, ang pagsasakatawan ng Diyos Ama na naging ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay, na nanirahan sa apostol bilang kanyang lahat-lahat.
   Gal. 2:20—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang *buhay* na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang *pananampalataya* ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.
4. Ang ministeryo ni Pablo ay ang ipamahagi ang kayamanan ni Kristo bilang biyaya ng Diyos tungo sa Kanyang piniling bayan para sa kanilang katamasahan, na nagreresulta sa pagtatayo ng ekklesia—Efe. 3:2.
   Efe. 3:2—Kung tunay na inyong narinig ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo.

B. Sa Awit ng mga Awit, ang mapagmahal na naghahanap sa Panginoon ay tinutukoy bilang "anak na babae ng prinsipe" (7:1); ipinahihiwatig nito na dapat marating ng isang mangingibig ni Kristo ang paggulang sa Kanyang maharlikang buhay upang maghari sa buhay sa pamamagitan ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran (Roma 5:17).
   A. A. 7:1—Napakaganda ng iyong mga paa sa mga sandalyas / O mala-reynang babae! / Ang mga bilugan mong hita ay gaya ng mga hiyas, / na gawa ng bihasang kamay.
   Roma 5:17—Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

C. Inilalarawang muli ng Espiritu ang kanyang kagandahan sa pangangaral ng ebanghelyo (mga yapak sa mga sandalyas)—A. A. 7:1; Roma 10:15:
   A. A. 7:1—Napakaganda ng iyong mga paa sa mga sandalyas / O mala-reynang babae! / Ang mga bilugan mong hita ay gaya ng mga hiyas, / na gawa ng bihasang kamay.

Roma 10:15—At paano nila *Siya* ipoproklama malibang sila ay isinugo? Gaya ng nasusulat, "Pagkaganda-ganda ng mga paa niyaong mga nagpapahayag ng balita ng mabubuting bagay!"

1. Poprotektahan tayo at iingatan tayo ng pangangaral ng ebanghelyo mula sa pagiging narungisan ng lupa; isang bahagi ng kutamaya ng Diyos na taglay ng ekklesia ang "nasasapnan ang inyong mga paa ng matibay na pundasyon ng ebanghelyo ng kapayapaan"—Efe. 6:13, 15.

   Efe. 6:13—Kaya't kunin ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatagal sa masamang araw, at pagkatapos magawa ang lahat, ay tumayo.

   Efe. 6:15—At nasasapnan ang inyong mga paa ng matibay na pundasyon ng ebanghelyo ng kapayapaan.
2. Si Kristo ay gumawa ng kapayapaan para sa atin, kapwa sa Diyos at tao, sa krus, at ang kapayapaang ito ay naging ating ebanghelyo (2:13-17); ang ebanghelyong ito ng kapayapaan ay naitatag bilang matibay na pundasyon, bilang kahandaang maisasapin sa ating mga paa.

   Efe. 2:13-17—Subalit ngayon sa loob ni Kristo Hesus, kayo na noong una ay malayo ay naging malapit sa pamamagitan ng dugo ni Kristo. [14]Sapagkat Siya Mismo ang ating kapayapaan, Siya na nagpaging-isa sa dalawa at gumiba sa nasa gitnang naghihiwalay na pader, ang pagkakaalit, [15]Pinawawalang-bisa sa Kanyang laman ang kautusan ng mga utos sa mga ordinansa, upang malikha Niya ang dalawa sa Kanyang sarili tungo sa isang bagong tao, *sa ganito ay* gumagawa ng kapayapaan, [16]At maipagkasundo ang dalawa sa isang Katawan sa Diyos sa pamamagitan ng krus, yamang pinatay na ang pagkakaalit sa pamamagitan nito. [17]At sa pagparito, ipinahayag Niya ang kapayapaan bilang ebanghelyo sa inyo na malayo, at kapayapaan sa mga yaong malapit.
3. Yamang nasapnan nang gayon, magkakaroon tayo ng matatag na pagkakatindig upang makatayo tayo upang lumaban sa espiritwal na digmaan; ang kapayapaan para sa gayong matibay na pundasyon ay si Kristo—6:14.

   Eph. 6:14—Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran.

D. Sinasabi ng Panginoon hinggil sa Kanyang mapagmahal na naghahanap: "Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing"; ang garing sa tipolohiya ay sumasagisag sa pagkabuhay na muling buhay; kaya, ang kanyang leeg, na sumasagisag sa kanyang pagpapasya, ay punô ng pagkabuhay na muling buhay—A. A. 7:4.

   A. A. 7:4—Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / Sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco.

E. Kasunod ay nagsasalita ang Panginoon hinggil sa kanyang mga mata: "Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Heshbon / Sa tabi ng pintuang-bayan ng Bath-rabbim"—b. 4:

   A. A. 7:4—Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / Sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco.

   1. Sa Awit ng mga Awit 1:15 ang kanyang mga mata ay inihalintulad sa mga mata ng mga kalapati, subalit sa 7:4 ang kanyang mga mata ay inihahalintulad sa mga tipunan ng tubig; ang mga mata ng mga kalapati ay espiritwal, subalit ang mga mata

na tulad ng mga tipunan ng tubig ay lubusang bukás sa liwanag at pinalaki at pinalawak upang saklawin ang buong sansinukob.

A. A. 1:15—O napakaganda mo, aking sinta, / Totoong, ikaw ay maganda; /mga kalapati ang iyong mga mata.

A. A. 7:4—Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / Sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco.

2. Ang mga tipunan ng tubig na ito ay nasa pintuang-bayan, na para sa pagpasok at paglabas, na sumasagisag sa komunikasyon ng salamuha, na nakadepende sa ating napalawak na paningin; ang mga ito ay mga tipunan ng tubig na nagsisilbing salamin, na nagpapahiwatig na ang kanyang paningin ay punô ng liwanag.
3. Dapat tayong maging lubhang napalaki sa ating pagkakita na hindi lamang natin nakikita at pinangangalagaan ang gawain kung nasaan tayo, bagkus ay pinangangalagaan din natin ang interes ng Panginoon sa buong lupa at sa buong sansinukob.

F. Lubos siyang pinahahalagahan ng Panginoon sapagkat mayroon siyang "ilong…gaya ng tore ng Lebanon"—b. 4:

A. A. 7:4—Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / Sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco.

1. Ang isang ilong na gaya ng tore ng Lebanon ay nangangahulugang ang mapagmahal na naghahanap sa Panginoon ay may espiritwal na pandama na mataas at matalas ang pagkakilala; ipinakikita ng Filipos 1:9 na hindi natin dapat ibigin ang iba sa kahangalan kundi ibigin sila nang may kahinahunan na may pag-ibig na nananagana sa lubos na kaalaman at matalas na pag-iisip.

   Fil. 1:9—At ipinapanalangin ko ito, na ang inyong pag-ibig ay sumagana nang higit at higit pa sa lubos na kaalaman at buong pagkakilala.
2. Ang kakayahang makaamoy ay masusumpungan lamang sa mga gumulang; ang pandamang ito ay hindi nagmumula sa mga binigkas na salita o sa mga bagay na nakikita; isa itong panloob na kakayahan mula sa intuwisyon sa ating espiritu na nagbibigay-kakayahan sa isang tao na kilalanin ang mababango at mababahong amoy.
3. Ang espiritwal na intuwisyong ito ay nagbibigay-kakayahan sa isang tao na makilala ang mga bagay na mula sa Diyos; hindi ito sa pamamagitan ng katuwiran o lohika kundi sa pamamagitan ng isang kusa at tumpak na panloob na damdamin, na nagbibigay-kakayahan sa isang tao na makilala ang mga espiritwal na bagay.
4. Kasabay nito, ang pang-amoy na pandamang ito ay nagbibigay-kakayahan din sa isang tao na makilala ang mababahong amoy; maraming pagtuturo ang hindi maituturing na mali, at maraming tao ang walang anumang bagay na maaaring punahin ng iba, gayunman ay nadarama natin na may hindi tama.
5. Maaari mong sabihin sa lingkod ng Panginoon na maayos ang lahat ng bagay, ngunit agad niyang nadarama na may bagay na mali, may bagay na hindi tunay, at may bagay na hindi tumutugma sa Panginoon; ito ang pananggalang sa gawain ng Panginoon.
6. Ang ilong na gaya ng tore ng Lebanon ay nagsasalita hinggil sa taas at talas nito; masyadong maraming Kristiyano ngayon ang may sira ang hugis, o pango, na ilong,

na sumasagisag sa kakulangan ng Kristo bilang kakayahang makadama sa ating paglilingkod sa Diyos at ginagawa tayong di-kuwalipikado sa pagkasaserdote—A. A. 7:4; Lev. 21:18 (tingnan din ang ASV 1901).

A. A. 7:4—Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. / Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, / Sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. / Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon / na nakatanaw sa Damasco.

Lev. 21:18—Sapagkat sinumang mayroong kapintasan ay huwag lalapit, ang taong bulag, pilay, nasira ang mukha, sobrang mahaba ang *paa* o *kamay*.

7. Ang pagiging di-kuwalipikado sa pagkasaserdote dahil sa isang kapintasan ay nangangahulugan na sinumang kulang ng Kristo ay walang kakayahang maghain ng Kristo bilang pagkain sa Diyos—bb. 17-21.

   Lev. 21:17-21—Sabihin mo kay Aaron, Sinuman sa iyong mga anak sa buong panahon ng kanilang salinlahi na may kapintasan ay hindi maaaring lumapit upang maghandog ng tinapay sa kanyang Diyos. [18]Sapagkat sinumang mayroong kapintasan ay huwag lalapit, ang taong bulag, pilay, nasira ang mukha, sobrang mahaba ang *paa* o *kamay*; [19]ang taong nabalian ng paa o nabalian ng kamay; [20]kuba, unano, ang taong may kapansanan sa kanyang mata, sakit ng pangangati, galisin, o nadurog ang itlog. [21]Walang tao mula sa binhi ni Aaron na [saserdote] na mayroong kapintasan ang lalapit upang mag-alay ng mga handog [kay Jehovah] na pinaraan sa apoy yamang siya'y may kapintasan; siya'y huwag lalapit upang mag-alay ng tinapay sa kanyang Diyos.

G. Inilalarawang muli ng Espiritu ang kanyang kagandahan sa kanyang mga iniisip at mga intensiyon (ulo), na malakas para sa Diyos (Carmel—cf. 1 Hari 18:19-39), at sa kanyang pagpapasailalim at pagsunod para sa pag-aalay niya ng kanyang sarili (mga buhok ng kanyang ulo—cf. Bil. 6:5a), na para sa kaluwalhatian ng Diyos (kulay-ube) at bihagin (talian) ang kanyang Minamahal, na siyang Hari (A. A. 7:5).

cf. 1 Hari 18:19-39—Ngayon nga'y magsugo ka, at tipunin mo sa akin ang buong Israel sa bundok Carmel, ang apatnaraan at limampung propeta ni Baal, at ang apatnaraang propeta ni Ashera na kumakain sa hapag ni Jezebel." [20]Kaya't nagsugo si Ahab sa lahat ng mga anak ni Israel, at tinipon ang mga propeta sa bundok Carmel. [21]Si Elias ay lumapit sa buong bayan, at nagsabi, "Hanggang kailan kayo magpapatalun-talon sa dalawang magkaibang kuru-kuro? Kung [si Jehovah] ay Diyos, sumunod kayo sa kanya, ngunit kung si Baal, sa kanya kayo sumunod." At ang bayan ay hindi sumagot sa kanya kahit isang salita. [22]Nang magkagayo'y sinabi ni Elias sa bayan, "Ako at ako lamang ang naiwang propeta [ni Jehovah]; ngunit ang mga propeta ni Baal ay apatnaraan at limampung lalaki. [23]Bigyan ninyo kami ng dalawang baka; pumili sila para sa kanila ng isang baka, katayin, ilagay sa ibabaw ng kahoy, at huwag lagyan ng apoy sa ilalim. Ihahanda ko naman ang isang baka at ilalagay ko sa kahoy, at hindi ko ito lalagyan ng apoy. [24]Tawagin ninyo ang pangalan ng inyong diyos, at tatawagin ko ang pangalan [ni Jehovah]. Ang Diyos na sumagot sa pamamagitan ng apoy, ay siyang Diyos." At ang buong bayan ay sumagot, "Mabuti ang pagkasabi." [25]Pagkatapos ay sinabi ni Elias sa mga propeta ni Baal, "Pumili kayo ng isang baka para sa inyo, at una ninyong ihanda sapagkat kayo'y marami. Tawagin ninyo ang pangalan ng inyong diyos, ngunit huwag ninyong lagyan ng apoy." [26]Kanilang kinuha ang baka na ibinigay sa kanila, kanilang inihanda, at tumawag sa pangalan ni Baal mula umaga hanggang tanghaling tapat, na nagsasabi, "O Baal, dinggin mo kami." Ngunit walang tinig at walang sumasagot. At sila'y lumukso sa

palibot ng kanilang ginawang [altar].” [27]Nang tanghaling tapat na, nilibak sila ni Elias, na sinasabi, “Sumigaw kayo nang malakas, sapagkat siya’y isang diyos; baka siya’y nagmumuni-muni, o nananabi, o nasa paglalakbay, o baka siya’y natutulog at kailangang gisingin.” [28]At sila’y nagsisigaw nang malakas, at sila’y naghiwa sa kanilang sarili ng tabak at mga patalim ayon sa kanilang kaugalian hanggang sa bumulwak ang dugo sa kanila. [29]Nang makaraan ang tanghaling tapat, sila’y nagngangawa hanggang sa oras ng paghahandog ng alay sa hapon, ngunit wala kahit tinig, walang sumasagot, walang nakikinig. [30]Pagkatapos ay sinabi ni Elias sa buong bayan, “Lumapit kayo sa akin.” At ang buong bayan ay lumapit sa kanya. Kanyang inayos ang bumagsak na [altar ni Jehovah]. [31]Kumuha si Elias ng labindalawang bato, ayon sa bilang ng mga lipi ng mga anak ni Jacob, na sa kanya ay dumating ang salita [ni Jehovah] na sinasabi, “Israel ang magiging pangalan mo.” [32]Sa pamamagitan ng mga bato ay nagtayo siya ng [altar] sa pangalan [ni Jehovah]; at kanyang nilagyan ng hukay ang palibot ng [altar] na ang lalim ay masisidlan ng dalawang takal na binhi. [33]Kanyang iniayos ang kahoy, kinatay ang baka at ipinatong sa kahoy. At kanyang sinabi, “Punuin ninyo ang apat na tapayan ng tubig, at ibuhos ninyo sa handog na sinusunog at sa kahoy.” [34]Kanyang sinabi, “Gawin ninyo ng ikalawang ulit,” at kanilang ginawa ng ikalawang ulit. At kanyang sinabi, “Gawin ninyo ng ikatlong ulit;” at kanilang ginawa ng ikatlong ulit. [35]Ang tubig ay umagos sa palibot ng [altar] at napuno ng tubig ang hukay. [36]Sa oras ng paghahandog ng alay sa hapon, si Elias na propeta ay lumapit, at nagsabi, “O [Jehovah], Diyos ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel. Ipakilala mo sa araw na ito, na ikaw ay Diyos sa Israel, at ako ay iyong lingkod, at aking ginawa ang lahat ng bagay na ito sa iyong pag-uutos. Sagutin mo ako, O [Jehovah]. Sagutin mo ako, upang malaman ng bayang ito na [Jehovah] ay Diyos, at iyong pinanunumbalik ang kanilang mga puso.” [38]Nang magkagayo’y ang apoy [ni Jehovah] ay bumagsak at tinupok ang handog na sinusunog, ang kahoy, mga bato, alabok, at dinilaan ang tubig na nasa hukay. [39]Nang makita iyon ng buong bayan, sila’y nagpatirapa at kanilang sinabi, “[si Jehovah] ang siyang Diyos; [si Jehovah] ang siyang Diyos.”

cf. Bil. 6:5a—Sa lahat ng araw ng kanyang panata bilang Nazirita ay walang pang-ahit na daraan sa ibabaw ng kanyang ulo; hanggang sa matapos ang mga araw nang pagkabukod ng kanyang sarili [kay Jehovah], siya’y magiging banal; kanyang pababayaang humaba ang buhok ng kanyang ulo

A. A. 7:5—Pinuputungan ka ng iyong ulo gaya ng Carmel, / At ang umaalon mong buhok ay gaya ng kulay-ube; / Ang hari ay nabibihag sa mga tirintas niyon.

III. **“Halika, sinta ko, pumunta tayo sa mga bukid, / Manirahan tayo sa mga nayon; / Magtungo tayo nang maaga sa mga ubasan, / At tingnan natin kung may bukó na ang puno ng ubas, / Kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / At kung ang mga granada ay namumulaklak. / Doo’y ibibigay ko sa iyo ang aking pag-ibig”—bb. 11-12:**

A. A. 7:11-12—Halika, sinta ko, / pumunta tayo sa mga bukid, / manirahan tayo sa mga nayon; [12]Magtungo tayo nang maaga sa mga ubasan, / at tingnan natin kung may bukó na ang puno ng ubas, / kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / at kung ang mga granada ay namumulaklak. / Doo’y ibibigay ko sa Iyo ang aking pag-ibig.

A. “Manirahan tayo sa mga nayon”—ang *mga nayon* ay pangmaramihan; lubusan na niyang tinaglay ang nakikipamayang kalikasan ng Panginoon na hindi nananatili sa iisang lugar, kundi nagmumula sa isang nayon patungo sa isa pa; sinusundan niya ang Panginoon at hinahanap ang mga nawawalang tupa at ang mga nasugatan.

B. Ninanais ng mangingibig ni Kristo na isagawa kasama ng kanyang Minamahal ang gawain na para sa buong lupa (mga bukid) sa pamamagitan ng pakikipamayan mula sa

isang lugar tungo sa isa pa (paninirahan sa mga nayon); ipinahihiwatig nito na hindi siya sektaryan sa pagsasagawa ng gawain ng Panginoon; pinananatili niyang bukás ang gawain nang sa gayon ay makapunta ang iba upang makapamayan doon at makaalis siya upang makipamayan sa ibang lugar; ito ay ang panatilihin ang iisang gawain sa loob ng iisang Katawan.

C. Ang *maaga* ay nagpapakita ng kanyang kasipagan sa gawain ng Panginoon; ang gawain sa madaling araw ay lubhang kinakailangan; ang katamaran ay hindi katangian ng buhay ng Panginoon; tanging yaong mga tunay na espiritwal ang maaaring maging masipag; ang kaibahan sa pagitan ng kasipagan at katamaran ay nakasalalay sa paggamit ng oras—Efe. 5:16; Col. 4:5.

Efe. 5:16—Na tinutubos ang panahon, sapagkat ang mga araw ay masasama.

Col. 4:5—Lumakad kayo sa karunungan sa harap ng mga nasa labas, tinutubos ang panahon.

D. Ang makibahagi sa gawain ng Panginoon ay hindi lamang ang gumawa para sa Panginoon bagkus ay ang gumawang kasama ng Panginoon (1 Cor. 3:9a; 2 Cor. 6:1a); upang gumawang kasama ng Panginoon, kailangan natin ng paggulang sa buhay, kailangan nating maging kaisa ng Panginoon, at ang ating gawain ay dapat na para sa Kanyang Katawan.

1 Cor. 3:9a—Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

2 Cor. 6:1a—At yamang gumagawang kasama *Niya*, ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan.

E. Gumagawa ang Shulamita bilang kapareha ni Solomon, pinangangalagaan ang lahat ng ubasan (A. A. 8:11), ang mga ekklesia at ang mga mananampalataya sa buong lupa; ipinahihiwatig nito na ang ating gawain ay dapat na para sa Katawan, hindi sa isang lunsod lamang.

A. A. 8:11—Si Solomon ay may ubasan sa Baal-hamon; / Kanyang pinaupahan ang ubasan sa mga tagapamahala; / Bawat isa'y dapat magdala ng isang libong pirasong pilak para sa bunga.

F. Dapat tayong magkaroon ng gawain na para sa buong lupa; ito ang ginawa ni Pablo sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga ekklesia-lokal at pagkatapos ay paggawa upang dalhin sila tungo sa buhay-paghahalo ng buong Katawan ni Kristo para sa kanilang lubos na pagsasarealidad ng Katawan ni Kristo—Roma 16:1-27; 1 Cor. 12:24-25a.

Roma. 16:1-27—Itinatagubilin ko sa inyo si Phoebe na ating kapatid, na diyakonesa ng ekklesia na nasa Cencrea, [2]Na tanggapin ninyo siya sa Panginoon sa paraang karapat-dapat sa mga banal at tulungan ninyo siya sa anumang bagay na kakailanganin niya sa inyo; sapagkat siya mismo ay naging tagapagtaguyod ng marami, gayundin ng aking sarili. [3]Batiin ninyo sina Prisca at Aquila, aking mga kamanggagawa sa loob ni Kristo Hesus, [4]Na nagpain ng kanilang mga leeg para sa aking buhay, na sa kanila ay hindi lamang ako ang nagpapasalamat, bagkus ang lahat din ng ekklesia ng mga Hentil; [5]At *batiin* ninyo ang ekklesia, na nasa kanilang bahay. Batiin ninyo si Epeneto na aking minamahal, na unang bunga ng Asia para kay Kristo. [6]Batiin ninyo si Maria, isa na lubhang nagpagal para sa inyo. [7]Batiin ninyo sina Andronico at Junia, mga kamag-anak ko at mga kapwa ko bilanggo, na mga kilala sa mga apostol, na mga na kay Kristo rin na nauna sa akin. [8]Batiin ninyo si Ampliato, aking minamahal sa Panginoon. [9]Batiin ninyo si Urbano, ating kamanggagawa sa loob ni Kristo, at si Estaquis, na minamahal ko.

[10]Batiin ninyo si Apeles, na aprobado kay Kristo. Batiin ninyo yaong mga sa *sambahayan ni* Aristobulo. [11]Batiin ninyo si Herodion, aking kamag-anak. Batiin ninyo yaong mga sa *sambahayan ni* Narciso na nasa Panginoon. [12]Batiin ninyo sina Trifenia at Trifosa, na mga nagpapagal sa Panginoon. Batiin ninyo si Persida, ang minamahal na *kapatid*, isa na lubhang nagpagal sa Panginoon. [13]Batiin ninyo si Rufo, na pinili sa Panginoon, at ang kanyang ina at akin. [14]Batiin ninyo sina Asincrito, Flegonte, Hermes, Patrobas, Hermas, at ang mga kapatid na kasama nila. [15]Batiin ninyo sina Filologo at Julia, Nereo at ang kanyang kapatid na babae, at si Olimpas, at ang lahat ng banal na kasama nila. [16]Magbatian kayo ng banal na halik. Binabati kayo ng lahat ng ekklesia ni Kristo. [17]Ngayon ay hinihikayat ko kayo, mga kapatid, na bantayan ninyong mabuti ang mga gumagawa ng mga pagkakabaha-bahagi at mga katitisurang laban sa pagtuturong inyong natutuhan, at layuan ninyo sila. [18]Sapagkat ang mga gayong tao ay hindi naglilingkod sa ating Panginoong Kristo, kundi sa kanilang sariling tiyan, at sa pamamagitan ng mahuhusay na salita at mapamuring pananalita ay dinadaya nila ang mga puso ng mga walang malay. [19]Sapagkat *ang ulat* ng inyong pagsunod ay nakaabot sa lahat; kaya't nagagalak ako sa inyo, ngunit nais ko kayong maging marunong sa mga bagay na mabuti at walang alam sa mga bagay na masama. [20]Ngayon ang Diyos ng kapayapaan ang dudurog kay Satanas sa ilalim ng inyong mga paa sa lalong madaling panahon. Ang biyaya ng ating Panginoong Hesus ay sumainyo. [21]Binabati kayo ni Timoteo, aking kamanggagawa, gayundin nina Lucio at Jason at Sosipatro, aking mga kamag-anak. [22]Ako, si Tercio, na sumusulat ng liham na ito ay bumabati sa inyo sa Panginoon. [23]Binabati kayo ni Gayo, na tinutuluyan ko at ng buong ekklesia. Binabati kayo ni Erasto, ang ingat-yaman ng lunsod, at ng kapatid na si Cuarto. [24]*Tingnan ang talâ 24*[1]. [25]Ngayon sa Kanya na makapagpapatibay sa inyo ayon sa aking ebanghelyo, yaon ay, ang pagpoproklama hinggil kay Hesu-Kristo, ayon sa pahayag ng hiwaga, na pinanatili sa katahimikan sa mga panahon ng mga kapanahunan [26]Ngunit nahayag na ngayon, at sa pamamagitan ng mga kasulatan ng mga propeta, ayon sa utos ng walang hanggang Diyos, ay ipinakilala sa lahat ng Hentil para sa pagsunod sa pananampalataya; [27]Sa iisang marunong na Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo, suma-Kanya ang kaluwalhatian magpakailan pa man. Amen.

1 Cor. 12:24-25a—Ngunit ang ating magagandang *sangkap* ay walang kailangan. Subalit pinaghalo ng Diyos ang katawan, binibigyan ng higit na saganang karangalan ang *sangkap* na may kakulangan, [25]Upang hindi magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa katawan, kundi *na* ang mga sangkap ay magkaroon ng magkakatulad na malasakit sa isa't isa.

G. Siya at ang Kanyang Minamahal ay masipag na gumagawa sa mga ekklesia (mga ubasan) upang ang ibang mga mananampalataya ay magbukó, mamulaklak, at mamukadkad; sa gitna ng gawain Panginoon ay sinasabi ng mangingibig ng Panginoon, "Doo'y ibibigay ko sa Iyo ang aking pag-ibig"—cf. A. A. 7:12.

cf. A. A. 7:12—Magtungo tayo nang maaga sa mga ubasan, / at tingnan natin kung may bukó na ang puno ng ubas, / kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / at kung ang mga granada ay namumulaklak. / Doo'y ibibigay ko sa Iyo ang aking pag-ibig.

H. Kung gagawa tayong kasama ng ating Minamahal, dapat nating ipahayag ang ating pag-ibig sa Kanya sa lugar ng Kanyang gawain; gaanong kahanga-hanga ito!—Marc. 12:30.

Marc. 12:30—At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pag-iisip mo at mula sa buong lakas mo.

IV. **Ang mga unang gawa ay ang mga gawa na nagmumula sa at naghahayag ng unang pag-ibig (Apoc. 2:4-5); kapag napupunuan tayo ng unang pag-ibig sa Panginoon (b. 4), ibinibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay (Col. 1:18b), ang lahat ng ating ginagawa ay nagmumula sa at naghahayag ng ating pag-ibig para sa Kanya (Juan 21:15-17; Efe. 4:16; 2 Cor. 5:14-15, 20):**

Apoc. 2:4-5—Ngunit mayroon Akong *isang bagay* na laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig. 5Kaya alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo ang mga unang gawa; subalit kung hindi, paririyan Ako sa iyo at aalisin Ko ang iyong patungan ng ilawan sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

Col. 1:18b—At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

Juan 21:15-17—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero.Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. 16Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, *anak* ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. 17Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

Efe. 4:16—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at *sa pamamagitan ng* paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

2 Cor. 5:14-15—Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; 15At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.

2 Cor. 5:20—Kaya't kami ay mga embahador para kay Kristo, na waring namamanhik *sa inyo* ang Diyos sa pamamagitan namin; kami ay nagsusumamo *sa inyo* sa ngalan ni Kristo, Makipagkasundo kayo sa Diyos.

A. Sa simula ng gawain ng isang mananampalataya, kailangan niyang mailigtas mula sa kawalang kabuluhan ng kanyang dati at panlabas na gawain—ginawa lamang niya ang ipinagkatiwala ng tao sa kanya ngunit hindi ang itinalaga ng Diyos para sa kanya—A. A. 1:6b-8.

A. A. 1:6b-8—Huwag ninyo akong masdan dahil sa ako'y maitim, / Sapagkat sinunog ako ng araw. / Ang mga anak ng aking ina ay galit sa akin, / Ginawa nila akong tagapangalaga ng mga ubasan;. / Ngunit ang sarili kong ubasan ay hindi ko nabantayan. 7Sabihin mo sa akin, ikaw na minamahal ng aking kaluluwa, / saan ka nagpapastol ng iyong kawan, / Saan mo pinahihiga sa katanghalian; / sapagkat bakit ako'y magiging gaya ng nalalambungan, / Sa tabi ng mga kawan ng iyong mga kasamahan? 8Kung hindi mo nalalaman, / O ikaw na pinakamaganda sa mga babae, / Sumunod ka sa mga landas ng kawan, / At ipastol mo ang mga anak ng kambing / Sa tabi ng mga tolda ng mga pastol.

B. Kapag ang isang mananampalataya ay nailigtas mula sa sarili, ang kanyang puso ay napalalaya mula sa kanyang mapagsariling gawain tungo sa gawain ng Panginoon, at ang kalagayan ng bawat isang banal at maging ng pinakahindi pa gumugulang na mananampalataya ay nagiging kanyang interes at pinagtutuonan ng kanyang pagmamalasakit.

C. Ngayon ang mapagmahal na naghahanap sa Panginoon ay may kakayahang iugnay ang gawain ng Panginoon sa Panginoon Mismo, at nagagawa niyang maging isang kahagayan ng kanyang pag-ibig sa Kanya ang kanyang gawain.

D. Lahat ng kanyang pagpapagal ay isang "pagpapagal ng pag-ibig" (1 Tes. 1:3) na nagmumula sa pag-ibig ng Diyos, na naibuhos na sa kanyang puso (1 Juan 4:19; Roma 5:5).

1 Tes. 1:3—Inaalaala nang walang patid ang inyong gawa ng pananampalataya at pagpapagal ng pag-ibig at pagtitiis ng pag-asa sa ating Panginoong Hesu-Kristo, sa harapan ng ating Diyos at Ama.

1 Juan 4:19—Tayo ay umiibig sapagkat una Niya tayong inibig.

Roma 5:5—At hindi *tayo* inilalagay sa kahihiyan ng pag-asa, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na ibinigay sa atin.

V. "Mga kapatid kong minamahal, maging matatag kayo, di-natitinag, laging sumasagana sa gawain ng Panginoon, nalalamang ang inyong pagpapagal ay hindi walang kabuluhan sa Panginoon"—1 Cor. 15:58:

1 Cor. 15:58—Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, maging matatag kayo, di-natitinag, laging sumasagana sa gawain ng Panginoon, nalalamang ang inyong pagpapagal ay hindi walang kabuluhan sa Panginoon.

A. Tanging ang mga gawa na ginanyak ng ating unang pag-ibig sa Panginoon ang ginto, pilak, at mahahalagang bato—3:12.

1 Cor. 3:12—Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

B. Ang ating pagpapagal sa gawain ng Panginoon ay hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay at natural na kakayahan kundi sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muling buhay kalakip ang Kanyang pagkabuhay na muling kapangyarihan.

C. Ang gayong pagpapagal ay nagreresulta sa pagtupad ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos sa pamamagitan ng pangangaral hinggil kay Kristo sa mga makasalanan, paghahain ng buhay sa mga banal, at pagtatayo ng ekklesia gamit ang mga karanasan sa naprosesong Tres-unong Diyos bilang ginto, pilak, at mahahalagang bato—b. 12.

1 Cor. 3:12—Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

© 2026 Living Stream Ministry

Mensahe Anim

Ang Ikaanim na Yugto ng Awit ng mga Awit—
Umaasang Maraptyur

Babasahin sa Kasulatan: A. A. 8:1-7, 13-14

A. A. 8:1-7—O ikaw sana'y naging tulad sa aking kapatid, na pinasuso sa dibdib ng aking ina! Kapag nakasalubong kita sa labas, hahagkan kita; at walang hahamak sa akin. 2Aking aakayin ka at dadalhin kita sa bahay ng aking ina, at sa silid niya na naglihi sa akin. Aking paiinumin ka ng hinaluang alak, ng katas ng aking granada. 3Ang kanyang kaliwang kamay sana ay nasa ilalim ng aking ulo, at ang kanyang kanang kamay ay nakayakap sa akin! 4Pinagbibilinan ko kayo, O mga anak na babae ng Herusalem, na huwag ninyong pukawin o gisingin man ang pagmamahal, hanggang sa kanyang maibigan. 5Sino itong umaahon mula sa ilang, na nakahilig sa kanyang minamahal? Sa ilalim ng punong mansanas ay ginising kita. Doon ay naghirap sa panganganak ang iyong ina, siya na nagsilang sa iyo ay naghirap doon sa panganganak. 6Ilagay mo akong [tatak] sa iyong puso, [tatak] sa iyong bisig; sapagkat ang pag-ibig ay kasinlakas tulad ng kamatayan, ang panibugho ay kasimbagsik na tulad ng [Sheol]. Ang mga liyab niyon ay parang mga liyab ng apoy, isang apoy [ni Jehovah] na lumalagablab. 7Hindi kayang patayin ng maraming tubig ang pag-ibig, ni malulunod man ito ng mga baha. Kung ihandog ng isang lalaki dahil sa pag-ibig ang lahat ng kayamanan sa kanyang bahay, iyon ay kukutyaing lubusan.

A. A. 8:13-14—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin. 14Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang [gasela] o batang usa sa mga bundok ng mga [espesiya].

I. Sa pamamagitan ng kanyang paglago at transpormasyon sa buhay, ang mangingibig ni Kristo ay nagiging may-gulang sa buhay hanggang sa puntong siya ay naging katulad na ni Kristo sa bawat aspekto maliban sa taglay pa rin niya ang laman; umaasa siyang maligtas mula sa kanyang paghibik dahil sa kanyang laman, nagpapahiwatig na umaasa siyang maraptyur sa pamamagitan ng pagtutubos sa kanyang katawan—A. A. 8:1-4; Roma 8:23; 2 Cor. 5:1-8; Efe. 4:30b; Fil. 3:21.

A. A. 8:1-4—O ikaw sana'y naging tulad sa aking kapatid, na pinasuso sa dibdib ng aking ina! Kapag nakasalubong kita sa labas, hahagkan kita; at walang hahamak sa akin. 2Aking aakayin ka at dadalhin kita sa bahay ng aking ina, at sa silid niya na naglihi sa akin. Aking paiinumin ka ng hinaluang alak, ng katas ng aking granada. 3Ang kanyang kaliwang kamay sana ay nasa ilalim ng aking ulo, at ang kanyang kanang kamay ay nakayakap sa akin! 4Pinagbibilinan ko kayo, O mga anak na babae ng Herusalem, na huwag ninyong pukawin o gisingin man ang pagmamahal, hanggang sa kanyang maibigan.

Roma 8:23—At hindi lamang *gayon*, bagkus tayo rin mismo, na taglay ang mga unang bunga ng Espiritu, maging tayo mismo sa ating sarili ay humihibik, sabik na naghihintay ng pagka-anak, ang katubusan ng ating katawan.

2 Cor. 5:1-8—Sapagkat nalalaman namin na kung ang aming panlupang tirahang tabernakulo ay masira, kami ay may isang gusaling mula sa Diyos, isang tirahang hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan, sa kalangitan. 2Sapagkat dito ay humihibik din

kami, nananabik na mabihisan ng aming tirahang mula sa langit, [3]Kung tunay nga, na mabihisan, ay hindi kami masusumpungang hubad. [4]Sapagkat gayundin, kaming nasa tabernakulong ito ay humihibik, na nabibigatan, sa dahilang hindi namin ninanais maging hubad, kundi mabihisan, upang ang may kamatayan ay malulon ng buhay. [5]Ngayon Siya na gumawa sa amin para sa mismong bagay na ito ay ang Diyos, na nagbigay sa amin ng Espiritu bilang prenda. [6]Kaya nga laging malakas ang aming loob at nalalaman na habang kami ay nakatahan sa katawan, kami ay malayo sa Panginoon [7](Sapagkat lumalakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin)—[8]Kaya malakas ang aming loob at lubos pa ngang nalulugod na maging malayo sa katawan at makatahang kasama ng Panginoon.

Efe. 4:30b—At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya kayo ay tinatakan hanggang sa araw ng pagtutubos.

Fil. 3:21—Na siyang magbabagong-anyo sa katawan ng ating pagkamababa upang maiwangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian, ayon sa Kanyang paggawa na sa pamamagitan nito ay maipasasakop pa Niya ang lahat ng bagay sa Kanyang sarili.

II. "Sino itong umaahon mula sa ilang, / Na nakahilig sa kanyang minamahal?"—A. A. 8:5a:

A. A. 8:5a—Sino itong umaahon mula sa ilang, na nakahilig sa kanyang minamahal? Sa ilalim ng punong mansanas ay ginising kita. Doon ay naghirap sa panganganak ang iyong ina, siya na nagsilang sa iyo ay naghirap doon sa panganganak.

A. Ang mangingibig ni Kristo na minsang umahon mula sa espiritwal na ilang (ang makasanlibutang kapaligiran) sa pamamagitan ng kanyang sarili (3:6) ay umaahon ngayon mula sa makalaman na ilang (ang makalupang kinasasaklawan) sa pamamagitan ng paghilig sa kanyang Minamahal, nagtitiwala sa Kanya nang walang ibang inaasahan:

A. A. 3:6—Ano itong umaahon mula sa ilang, na gaya ng haliging usok, na napapabanguhan ng mira at ng kamanyang, ng lahat ng mabangong pulbos ng mangangalakal?

1. Ang *nakahilig sa kanyang minamahal* ay nagpapahiwatig ng kanyang pagkadama na siya ay walang kapangyarihan at walang kakayahang lumakad nang hiwalay sa Panginoon; ginagawa niyang isang pasanin ang kanyang sarili upang buhatin ng kanyang Minamahal—2 Cor. 12:9-10; 13:3-4.

   2 Cor. 12:9-10—At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin. [10]Kaya ako ay nalulugod sa mga kahinaan, sa mga pangungutya, sa mga pangangailangan, sa mga pag-uusig at mga paghihinagpis, alang-alang kay Kristo; sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.

   2 Cor. 13:3-4—Yamang naghahanap kayo ng katibayan ukol kay Kristo na nagsasalita sa loob ko, na hindi mahina tungo sa inyo kundi makapangyarihan sa loob ninyo. [4]Sapagkat totoong ipinako Siya mula sa kahinaan, ngunit Siya ay nabubuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sapagkat totoong kami ay mahihina sa loob Niya, ngunit kami ay mabubuhay na kasama Niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na patungo sa inyo.

2. Ang *nakahilig sa kanyang minamahal* ay nagpapahiwatig na, tulad ni Jacob, ang kasukasuan ng kanyang balakang ay nahipo na, at ang kanyang natural na lakas ay natuos na ng Panginoon—Gen. 32:24-25.
   Gen. 32:24-25—Naiwang nag-iisa si Jacob, at nakipagbuno sa kanya ang isang lalaki hanggang sa magbukang liwayway. 25Nang makita ng lalaki na hindi Siya manalo laban kay Jacob, hinawakan Niya ang kasukasuan ng [balakang] ni Jacob, at ang kasukasuan [ng balakang] ni Jacob ay nalinsad samantalang nakikipagbuno sa kanya.
3. Ang *nakahilig sa kanyang minamahal* ay nagpapahiwatig na tila nasusumpungan niya ang kanyang sarili na nagigipit nang higit sa kanyang sukat, at tila tatagal ito hanggang sa matapos ang paglalakbay sa ilang—2 Cor. 1:8-9.
   2 Cor. 1:8-9—Sapagkat hindi namin ibig na hindi ninyo malaman, mga kapatid, ang aming paghihirap na dumating sa amin sa Asia, na kami ay lubhang nabigatan, higit sa aming lakas, kaya't kami ay nawalan ng pag-asang mabuhay pa. 9Tunay na kami mismo ay nagkaroon ng pagtugon ng kamatayan sa aming sarili, upang hindi namin dapat na ibatay ang aming tiwala sa aming sarili kundi sa Diyos, na nagbabangon ng mga patay.
4. Ang isang buhay na nagtitiwala sa Panginoon ay kailangang-kailangan; dapat tayong magtiwala sa Kanya nang walang ibang inaasahan hanggang sa bumulalas ang Espiritu Santo, "Sino itong umaahon…na nakahilig sa kanyang minamahal?":
   a. "Magtiwala kayo sa Kanya sa lahat ng panahon, O bayan; / Ibuhos ninyo ang inyong puso sa Kanyang harapan; / Para sa atin, ang Diyos ay kanlungan"—Awit 62:8.
      Awit 62:8—Magtiwala kayo sa Kanya sa lahat ng panahon, O bayan; ibuhos ninyo ang inyong puso sa Kanyang harapan; para sa atin, ang Diyos ay kanlungan. (Selah).
   b. "Sa umaga'y iparinig sa akin ang Iyong [mapagmahal na kabaitan], / Sapagkat sa Iyo ako ay nananalig. / Ang daan na dapat kong lakaran sa akin ay ituro Mo, / Sapagkat itinataas ko ang aking kaluluwa sa Iyo"—143:8.
      Awit 143:8—Sa umaga'y iparinig sa akin ang Iyong [mapagmahal na kabaitan], sapagkat sa Iyo ako ay nananalig. Ang daan na dapat kong lakaran sa akin ay ituro Mo, sapagkat itinataas ko ang aking kaluluwa sa Iyo.
   c. "Ang mga nagtitiwala [kay Jehovah] ay gaya ng bundok ng Zion, / Na hindi makikilos kundi nananatili sa buong panahon"—125:1; hinggil sa Bundok Zion, tingnan ang talababa 1 sa Awit 48:2.
      Awit 125:1—Ang mga nagtitiwala [kay Jehovah] ay gaya ng Bundok Zion, na hindi makikilos kundi nananatili sa buong panahon.
      Awit 48:2 talababa 1—Ang Zion ay ang lunsod ng Haring David (2 Sam. 5:7), ang sentro ng lunsod ng Herusalem, kung saan ang templo bilang ang [pinaninirahang] lugar ng Diyos sa lupa ay naitayo (9:11; 74:2; 76:2b; 135:21; Isa. 8:18). Sumasagisag sa grupo ng mga mandaraig ang Zion sa loob ng Herusalem, ang napasakdal at gumulang na mga Diyos-tao, sa loob ng ekklesia bilang ang makalangit na Herusalem (Heb. 12:22; Apoc. 14:1-

5). Bilang ang pinakatampok at kagandahan ng banal na lunsod ng Herusalem (b. 2; 50:2), sumasagisag ang Zion sa mga mandaraig bilang ang mataas na rurok, ang sentro, ang pagpapataas, ang pagpapalakas, ang pagpapayaman, ang kagandahan, at ang realidad ng ekklesia (bb. 2, 11-12; 20:2; 53:6a; 87:2). Ang mga mandaraig bilang ang Zion ay ang realidad ng Katawan ni Kristo at magaganap ang pagtatayo ng Katawan sa mga ekklesia-lokal upang maihatid ang naganap na banal sa lunsod, ang Bagong Herusalem, ang dakong [Banal ng mga Banal] bilang [pinaninirahang] lugar ng Diyos, sa kawalang-hanggan (Apoc. 21:1-3, 16, 22). Sa bagong langit at bagong lupa ang buong Bagong Herusalem ay magiging ang Zion, kasama ang lahat ng mananampalataya bilang mga mandaraig (Apoc. 21:7 at talâ 1).

B. Habang siya ay naghihintay sa Kanyang pagdating, siya ay lumalabas kasama Niya upang salubungin Siya (cf. Mat. 25:1); sa pamamagitan ng paghilig sa ating Minamahal, palagi natin Siyang tinatamasa bilang ating lakas sa "paglabas" upang iwan ang sanlibutan (Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6).

cf. Mat. 25:1—Sa panahong iyon ay maihahalintulad ang kaharian ng kalangitan sa sampung birhen, na nagdala ng kanilang mga ilawan at lumabas upang salubungin ang kasintahang lalaki.

Gen. 5:22-24—Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem ng tatlong daang taon, at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae. 23At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at animnapu't limang taon. 24Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

Heb. 11:5-6—Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos. 6Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

III. "Ilagay mo akong [tatak] sa iyong puso, / [Tatak] sa iyong bisig; / Sapagkat ang pag-ibig ay kasinlakas tulad ng kamatayan, / Ang paninibugho ay kasimbagsik na tulad ng [Sheol]. / Ang mga liyab niyon ay parang mga liyab ng apoy, / Isang apoy [ni Jehovah] na lumalagablab"—A. A. 8:6:

A. A. 8:6—Ilagay mo akong [tatak] sa iyong puso, [tatak] sa iyong bisig; sapagkat ang pag-ibig ay kasinlakas tulad ng kamatayan, ang panibugho ay kasimbagsik na tulad ng [Sheol]. Ang mga liyab niyon ay parang mga liyab ng apoy, isang apoy [ni Jehovah] na lumalagablab.

A. Hinihiling niya sa kanyang Minamahal na ingatan siya ng Kanyang pag-ibig (puso) at ng Kanyang lakas (bisig), sapagkat ang Kanyang pag-ibig ay kasinlakas ng di-natitinag na kamatayan at ang Kanyang paninibugho ay kasimbagsik ng di-nalulupig na Sheol, na tulad ng mapanibughuing si Jehovah, na isang tumutupok na apoy (Deut. 4:24) na sumusunog sa lahat ng negatibong bagay.

Deut. 4:24—Sapagkat [si Jehovah na iyong] Diyos ay isang apoy na tumutupok at isang Diyos na mapanibughuin.

B. “Nang maalaala niya ang orihinal niyang kalagayan, hindi niya maiwasang mapunô ng kapakumbabaan. Hindi niya maiwasang isaalang-alang ang kanyang kahungkagan, ang kawalang-kabuluhan ng kanyang karanasan, ang pagiging di-maaasahan ng kanyang isipan, at ang kawalang-saysay ng kanyang paghahabol. Ang tangi niyang pag-asa ay ang Panginoon. Natatanto niya na kung makapagtitiis siya hanggang sa huli ay hindi nakadepende sa kanyang sariling pagtitiis, kundi sa pagpepreserba ng Panginoon. Walang espiritwal na kasakdalan ang makapagpapanatili sa isang tao hanggang sa pagbabalik ng Panginoon. Ang lahat ng bagay ay nakadepende sa Diyos at sa Kanyang nagpepreserbang kapangyarihan. Nang matanto niya ito, hindi niya maiwasang bumulalas, ‘Ilagay Mo akong [tatak] sa Iyong puso, / [Tatak] sa Iyong bisig.’ Ang puso ay ang lugar ng pag-ibig, samantalang ang bisig ay ang lugar ng lakas. ‘Ilagay Mo ako nang permanente gaya ng isang tatak sa Iyong puso, at gaya ng isang tatak na di-mabubura sa Iyong bisig. Kung paanong pinasan ng mga saserdorte ang mga Israelita sa kanilang mga dibdib at kanilang mga balikat, palagi Mo akong alalahanin sa Iyong puso at alalayan Mo ako ng Iyong bisig. Alam ko na ako ay mahina at hungkag, at nababatid ko ang aking kawalang-kapangyarihan. Panginoon, ako ay isang taong walang kakayahan. Kung sisikapin kong ipreserba ang aking sarili hanggang sa Iyong pagdating, magdudulot lamang ito ng kahihiyan sa Iyong pangalan at kalugihan sa aking sarili. Ang lahat ng aking pag-asa ay nasa Iyong pag-ibig at kapangyarihan. Inibig kita noon. Subalit alam ko ang pagiging di-maaasahan ng pag-ibig na iyon. Ngayon ay tumitingin lamang ako sa pag-ibig Mo sa akin. Minsan na kitang tinanganan, at tila isa itong napakalakas na pagkapit. Ngunit natatanto ko ngayon na kahit ang aking pinakamalakas na pagkapit ay kahinaan lamang. Ang aking pagtitiwala ay hindi sa aking tumatangang kapangyarihan, kundi sa Iyong tumatangang kapangyarihan. Hindi na ako mangangahas pang magsalita hinggil sa aking pag-ibig sa Iyo. Hindi na ako mangangahas pang magsalita hinggil sa aking pagkapit sa Iyo. Mula sa puntong ito, ang lahat ng bagay ay nakadepende sa Iyong lakas at sa Iyong pag-ibig’”—Watchman Nee, *The Collected Works of Watchman Nee,* vol. 23, “The Song of Songs,” p. 119.

C. Ang Kanyang pag-ibig ay hindi mapapatay ng mga pagsubok ni malulunod ng mga pag-uusig ni mapapalitan ng anumang kayamanan—A. A. 8:7; Roma 8:35-39; 1 Cor. 13:1-3.

A. A. 8:7—Hindi kayang patayin ng maraming tubig ang pag-ibig, ni malulunod man ito ng mga baha. Kung ihandog ng isang lalaki dahil sa pag-ibig ang lahat ng kayamanan sa kanyang bahay, iyon ay kukutyaing lubusan.

Roma 8:35-39—Sino ang maghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Kristo? Kapighatian ba o hapis o pag-uusig o kagutuman o kahubaran o panganib o tabak? 36Gaya ng nasusulat, “Alang-alang sa Iyo ay inilalagay kami sa kamatayan sa buong araw; itinuring kaming parang mga tupang papatayin.” 37Ngunit sa lahat ng bagay na ito ay higit pa tayong nakapananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa atin. 38Sapagkat ako ay naniniwalang hindi kamatayan ni buhay ni mga anghel ni mga pamunuan ni mga bagay sa kasalukuyan ni mga bagay na darating ni mga kapangyarihan 39Ni kataasan ni kalaliman ni alinmang ibang nilalang ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, na nasa loob ni Kristo Hesus na ating Panginoon.

1 Cor. 13:1-3—Kung ako ay nagsasalita sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel subalit walang pag-ibig, ako ay nagiging tumutunog na tanso o umaalingawngaw na pompiyang. 2At kung mayroon akong kaloob na propesiya at nalalaman ang lahat ng hiwaga at ang lahat ng kaalaman, at kung mayroon akong buong pananampalataya upang maglipat ng mga bundok, ngunit wala akong pag-ibig, ako ay walang kabuluhan. 3At kung ipinamamahagi ko ang lahat ng aking ari-arian upang pakainin ang iba, at kung ibinibigay ko ang aking katawan upang makapagmapuri, ngunit wala akong pag-ibig, ako ay walang pakikinabangan.

IV. Ang huling dalawang bersikulo ng Awit ng mga Awit ay napakahalaga para sa ating pagiging handa upang maging kasintahang babae ni Kristo nang sa gayon ay mapabilis natin ang Kanyang pagdating at mapabalik Siya—"Ikaw na [naninirahan] sa mga halamanan, / Ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. / Iparinig mo [ito] sa akin. / Ikaw ay magmadali, sinta ko, / At ikaw ay maging parang [gasela] o batang usa / Sa mga bundok ng mga [espesiya]"—8:13-14:

A. A. 8:13-14—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin. 14Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang [gasela] o batang usa sa mga bundok ng mga [espesiya].

A. Tinutukoy niya Siya bilang Isa na naninirahan sa mga halamanan, ang mga natranspormang mananampalataya; sinasabi niya na ang kanyang mga kasama ay nakikinig sa Kanyang tinig; pagkatapos ay nagmamakaawa siya sa Panginoon, "Iparinig Mo ito sa akin."

B. Ang ating pang-araw-araw na panalangin ay dapat na, "Panginoon, iparinig Mo sa akin ang Iyong tinig ngayon—ang tinig ng aking Minamahal"; sinasabi ng Panginoon sa naghahanap, "Iparinig mo sa Akin ang iyong tinig" (cf. 2:14); nais nating marinig ang tinig ng Panginoon, at nais Niyang marinig ang ating tinig para sa mutuwal, matalik na salamuha.

   cf. A. A. 2:14—O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

C. Ang ating mga buhay ay nakadepende sa mga salita ng Panginoon, at ang ating gawain ay nakadepende sa mga utos ng Panginoon; sa gawain na ginagawa natin bilang mga mangingibig ni Kristo para sa Kanya bilang ating Minamahal, kailangan nating panatilihin ang ating salamuha sa Kanya, laging nakikinig sa Kanya.

D. Ang sentrong punto ng ating mga panalangin ay dapat na ang ating pananabik para sa pagsasalita ng Panginoon—Apoc. 2:7; Isa. 50:4-5; Exo. 21:6.

   Apoc. 2:7—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

   Isa. 50:4-5—Binigyan ako ng Panginoong [Jehovah] ng dila ng mga naturuan, upang aking malaman kung paanong aalalayan ng mga salita ang nanlulupaypay. Siya'y nagigising tuwing umaga, ginigising Niya ang aking pandinig upang makinig na gaya ng mga naturuan. 5Binuksan ng Panginoong [Jehovah] ang aking pandinig, at ako'y hindi naging mapaghimagsik, o tumalikod man.

   Exo. 21:6—Ay dadalhin siya ng kanyang amo sa Diyos, dadalhin siya sa pinto o sa haligi ng pinto, at bubutasan ng kanyang amo ang kanyang tainga ng isang pambutas; at siya'y maglilingkod sa kanya habambuhay.

E. Kung wala ang mga salita ng Panginoon, hindi tayo magkakaroon ng anumang pahayag, liwanag, o kaalaman; ang buhay ng mga mananampalataya ay lubusang nakasalalay sa pagsasalita ng Panginoon.

F. Samakatwid, napakahalaga na taglay natin ang saloobin ng isang tagapakinig, tulad ni Samuel, na nagsabi, "Magsalita Ka, sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod" (1 Sam. 3:10), at tulad ni Maria na "nakaupo…sa paanan ng Panginoon at nakikinig sa Kanyang salita" (Luc. 10:39); ang pagtawag ng Panginoon sa mga huling araw na ito ay: "Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia" (Apoc. 2:7a).

1 Sam. 3:10—At [si Jehovah] ay dumating at tumayo, at tumawag na gaya nang una, Samuel! Samuel! Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, Magsalita Ka, sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod.

Luc. 10:39—At siya ay may kapatid na babaeng nagngangalang Maria, na nakaupo rin sa paanan ng Panginoon at nakikinig sa Kanyang salita.

Apoc. 2:7a—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

G. Ang Awit ng mga Awit 8:13-14, hinggil sa ating pagkarinig at pakikinig sa tinig ng Panginoon upang Siya ay makabalik, ay intrinsikong may kaugnayan sa Efeso 5:25-27; binubuod ng mga bersikulong ito sa Efeso ang buong ekonomiya ng Diyos:

A. A. 8:13-14—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin. 14Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang [gasela] o batang usa sa mga bundok ng mga [espesiya].

Efe. 5:25-27—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya 26Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, 27Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

1. Sinasabi ng bersikulo 25 na inibig ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya; namatay Siya upang tubusin tayo, upang bilhin tayo, sapagkat nais Niya tayong maging Kanyang kasintahang babae—inihahayag ng bersikulong ito si Kristo bilang ating Manunubos kasama ang Kanyang pambatas na pagtutubos.

   Efe. 5:25—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya.

2. Nagpapatuloy ang bersikulo 26 sa pagsasabi na ibinigay Niya ang Kanyang sarili para sa ekklesia "upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita"—inihahayag ng bersikulong ito si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay kasama ang Kanyang organikong pagliligtas para sa paghahanda ng kasintahang babae:

   Efe. 5:26—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

   a. Sa kasalukuyan, si Kristo ang Espiritung nagbibigay-buhay (1 Cor. 15:45b), at bilang Espiritung nagbibigay-buhay, Siya ay naisasakatawan sa Kanyang salita (Juan 6:63; Efe. 6:17-18; 2 Tim. 3:16).

1 Cor. 15:45b—Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay *naging* Espiritung nagbibigay-buhay.

Juan 6:63—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

Efe. 6:17-18—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na *ang Espiritu* ay ang salita ng Diyos, [18]Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

2 Tim. 3:16—Ang lahat ng Kasulatan ay inihinga ng Diyos at kapaki-pakinabang para sa pagtuturo, sa pagpapakita ng kamalian, sa pagwawasto, sa pagtatagubilin sa katuwiran.

b. Ang *salita* sa Efeso 5:26 ay hindi *logos* kundi *rhema,* na siyang kagyat, kasalukuyan, buháy, personal na salita ng Panginoon sa atin upang metabolikong alisin ang luma sa pamamagitan ng paglilinis at palitan ito ng bago, nagsasanhi ng isang panloob na transpormasyon.

Efe. 5:26—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis *siya* sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

c. Kailangan nating personal na marinig ang tinig ng ating Minamahal, ang Kanyang kagyat, kasalukuyang pagsasalita sa atin araw-araw; ang pagsasalita ng Panginoon ay naglilinis at naghuhugas sa atin sa pamamagitan ng dumadaloy na buhay ng Diyos sa panloob at pangmetabolikong paraan upang pabanalin at transpormahin tayo; tayo ngayon ay nasa gayong proseso ng paghuhugas, upang ang ekklesia ay maging banal at walang kapintasan.

3. Sinasabi ng Efeso 5:27, "Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan"—inihahayag ng bersikulong ito si Kristo bilang Kasintahang lalaki para sa paghaharap ng kasintahang babae:

Efe. 5:27—Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

a. Sa nakalipas, si Kristo ang ating Manunubos; sa kasalukuyan, Siya ang Espiritung nagbibigay-buhay; at sa hinaharap, Siya bilang Kasintahang lalaki ay ihaharap ang ekklesia sa Kanyang sarili bilang Kanyang kapareha, ang tunay na Shulamita, para sa Kanyang kasiyahan—A. A. 6:13.

A. A. 6:13—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan. Bakit ninyo pagmamasdan ang Shulamita, na gaya sa sayaw sa harap ng dalawang hukbo?

b. Ang mga kulubot ay sumasagisag sa ating kalumaan, ang mga dungis ay sumasagisag sa ating natural na buhay, at ang "anumang mga gayong bagay" ay sumasagisag sa lahat ng bagay ng lumang nilikha sa loob natin; ang mga bagay na ito ay *inaalis* sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa Kanyang salita upang tayo ay maging Kanyang natranspormang bagong nilikha, ang Kanyang Shulamita.

c. Ang Kanyang personal, partikular, at tuwirang pagsasalita sa atin araw kada araw ay naghahanda sa atin upang maging Kanyang maluwalhating kasintahang babae nang sa gayon ay makabalik Siya upang pakasalan tayo—"Ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. / Iparinig mo [ito] sa akin"—8:13.

A. A. 8:13—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin.

V. Bilang pangwakas na salita ng patulang aklat ng Awit ng mga Awit, nananalangin ang mangingibig ni Kristo na ang kanyang Minamahal ay magmadaling bumalik sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli (gasela at batang usa) upang itatag ang Kanyang matamis at magandang kaharian (mga bundok ng mga espesiya), na pupuno sa buong lupa—8:14; Apoc. 11:15; Dan. 2:35:

A. A. 8:14—Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang [gasela] o batang usa sa mga bundok ng mga [espesiya].

Apoc. 11:15—At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging *kaharian* ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

Dan. 2:35—Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurugdurog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

A. Sinasabi ng Panginoon, "Oo, Ako ay darating kaagad"; ang tugon ni apostol Juan ay ang pagbasa-dalangin ng salitang ito pabalik sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsasabi sa Kanya, "Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!" (Apoc. 22:20); ito ang huling panalangin sa Biblia; nagtatapos ang buong Biblia sa pagnanais para sa pagdating ng Panginoon na ipinahayag bilang isang panalangin.

Apoc. 22:20—Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!

B. Ang gayong panalangin ay naglalarawan ng pakikipag-isa at pakikipagniig sa pagitan ni Kristo bilang Kasintahang lalaki at ng Kanyang mga mangingibig bilang kasintahang babae sa kanilang pangkasintahang pag-ibig, sa paraang inihahayag ng panalangin ni Juan, isang mangingibig ni Kristo, bilang pangwakas na salita ng Banal na Kasulatan, ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos hinggil kay Kristo at sa ekklesia sa Kanyang dibinong pag-ibig.

C. Ang pamumuhay natin ng isang buhay ng pag-ibig, ayon sa Awit ng mga Awit bilang isang tula ng pag-ibig, ay ginagawa tayong *poiema*, ang tula, ng Diyos, na nagreresulta sa biyaya bilang ating sukdulang pagtatamasa sa Diyos (Efe. 2:10); tanging ang biyaya ng Panginoong Hesus ang makapagbibigay-kakayahan sa atin na maranasan, matamasa, at maihayag ang nagpapaloob ng lahat na Kristo at makibahagi sa Tres-unong Diyos upang tayo ay maging Kanyang walang hanggang sama-samang kahayagan bilang Kanyang sukdulang Shulamita, ang asawa ng Kordero, para sa katuparan ng Kanyang walang hanggang layunin, upang Siya at tayo ay mutuwal na magtamasa ng lubos na kasiyahan at kumpletong kapahingahan sa kawalang-hanggan (Apoc. 22:21; 19:7; 21:9).

Efe. 2:10—Sapagkat tayo ang Kanyang obra-maestra, nilikha sa loob ni Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos noong una pa upang ating lakaran.

Apoc. 22:21—Ang biyaya ng Panginoong Hesus ay mapasalahat ng mga banal. Amen.

Apoc. 19:7—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

Apoc. 21:9—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

D. "Pagdating Niya, ang pananampalataya ay magiging mga katunayan, at hahalinhan ng papuri ang panalangin. Ang pag-ibig ay mapasusukdol sa isang kasakdalang walang anino, at paglilingkuran natin Siya sa kinasasaklawang walang kasalanan. Kay gandang araw niyon! Panginoong Hesus, dumating Ka kaagad!"—Watchman Nee, *The Collected Works of Watchman Nee,* vol. 23, "The Song of Songs," p. 126.

© 2026 Living Stream Ministry